International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)

E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

# Paggalugad Sa Karanasan Ng Education Earners Sa Pagkuha Ng Board Examination: A Multiple Case Study

**Ma. Claudeth U. Lamatan[1], Jhon Rafael U. Lamatan[2]**

[1]Student, KCAST

[2]Sports Scientist/Coach, Provincial Sports and Youth Development Office

**ABSTRAK**

Ang layunin ng *multiple case* na pag-aaral na ito ay upang galugarin ang mga karanasan, tuklasin ang mga mekanismo sa pagharap sa mga hamon ay malalaman ang mga pananaw sa mga naging karanasan ng *education earners* ukol sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Gamit ang *purposive sampling* at pamantayan sa pagpili ng mga kalahok, natukoy ang kalahok na tatlong (3) *education earners. Earner* na *BSOA; BSBA;* at *BPA* ng *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology* at lahat sila ay lumahok sa isang malalim na panayam. Ang resulta ay nagsiwalat ng mga karanasan ng mga kalahok: napag-alaman na ang kalahok ay nahihirapan dahil sa mga di-pamilyar na mga salita, nakaranas ng hamon sa pinansyal, kawalan ng tiwala sa sarili, itinuring nilang mahalaga ang mga sumusunod na mekanismo sa pagharap ng mga hamon: pananalig sa panginoon, suporta mula sa pamilya, dedikasyon at determinasyon, patuloy sa pag-aaral ng Filipino na *subject*. Sa pagsisiwalat sa kanilang buong karanasan, narating nila ang sumusunod na pananaw: pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan, kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa pagtagumpay sa karera, maiging paghahanda sa *board examination* ay isakatuparan.

**Mga Susing Salita:** Education Earners, Board Examination, Multiple Case Approach, Kwalitatubong Pag Aaral **Kabanata L**

## INTRODUKSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagpapakilala sa suliranin o paksa ng pananaliksik. Kasama rito ang rasyonale, layunin ng pag-aaral, mga katanungan sa pananaliksik at teoritikal na pokus. Nakapaloob din ang kahalagahan ng pag-aaral, katuturan ng mga katawagang ginagamit sa pananaliksik, saklaw at limitasyon ng pag-aaral at rebyu ng mga kaugnay na literatura.

### Rasyonale

Ang pananaliksik na ito ay naglalarawan ng karanasan ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board examination*. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay magbigay ng pangkalahatang pag-unawa sa mga karanasan ng mga *education earners* sa larangan ng edukasyon habang sila ay naghahanda at sumusubok sa *board examination*. Sa pamamagitan ng *multiple case study*, ang mananaliksik ay maaaring makakuha ng mga impormasyon at kaalaman tungkol sa mga hamon, mga estratehiya sa pag-aaral, mga emosyonal na aspekto, at iba pang mga salik na maaaring makaapekto sa paghahanda at pagkuha ng *board examination*. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng malalim na pag-unawa sa proseso ng pagkuha ng

*board examination* para sa mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon. Ang mga natuklasan mula sa pag-aaral na ito ay maaaring magamit upang magbigay ng mga rekomendasyon na nais magtagumpay sa kanilang *board examination*.

Sa bansang *Australia*, sinasabing maraming mga bagong nakapagtapos at *undergraduate* sa kanilang unibersidad na nagmula sa bansang *Malaysia* upang mag-aral sa pangalawang propesyon at makapagturo sa bansang *Australia* (*Foreign teacher*). Dahil sa kanilang pakikipagsapalaran nakararanas sila ng iba't ibang mga suliranin sa pag-aaral ng wikang Ingles. Gayundin, sila ay may parehong problema sa pagbigkas, pagsasalita, at pagsulat. Kulang din sila ng tiwala sa pakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa. Sa pagkuha ng mga sabjek na Ingles ay maaaring madagdagan ng halaga sa kanilang kwalipikasyon at maaaring magbigay ng karagdagang

*earners* sa pagkuha ng *board examination*. Samakatuwid, may mga kaugnay na pag-aaral na ito mula sa internasyonal na pag-aaral gaya ng pag-aaral nina Maley et al. (2019), na pinamagatang *Developing expertise through*

*experience: Ideas for continuing professional development;* kabilang din ang pag-aaral nina Feldacker et al. (2017), na pinamagatang *Experiences and perceptions of online continuing professional development among clinicians in sub-Saharan Africa;* at nina Davies et., (2002), na pinamagatang *An evaluation of the impact of continuing professional development on personal and professional lives.* Subalit, ni isa sa mga ito ay hindi nakatuon sa mga karanasan ng education earners sa pagkakataon sa kanila na magkaroon ng mas mataas na posisyon. Sa konteksto nito kung may motibasyon ay mas maging epektibo sila sa kapwa nila at magtagumpay sa pagkatuto ng wika at pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa wika (Seven, 2020).

Sa Pilipinas, partikular sa *Cebu*, sinasabing karamihan sa mga guro ay nagkaroon ng problema sa pag-aaral ng Filipino na asignatura, at nagdudulot ng istres at *pressure* sa kanila. Ito ay maituturing na mahirap na sa kanila at isang malaking pagsubok sa kaalaman at kakayahan ng mga guro. Sa puntong ito ay naglalayong masukat ang kanilang abilidad na maipamahagi ang kanilang natutuhan sa larangan ng edukasyon. Sa pamamagitan ng sapat na kaalaman, kasanayan, at pagsisikap, maaari silang magtagumpay sa kanilang pag-aaral at maging epektibong guro sa asignaturang Filipino. Sa konteksto nito ang edukasyon ay malaking ambag sa buhay ng tao upang maging matagumpay sa hinaharap (Virola 2019).

Ang pag-aaral na ito ay makabuluhan dahil ito ang magiging batayan sa pag-unawa sa karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*. Ang mga nabanggit na dahilan ay naging inspirasyon para sa mananaliksik na isigawa ang ganitong uri ng pag-aaral. Layunin nito masuri ang mga hakbang na kanilang ginawa, mga hamon na kanilang hinaharap, at mga istratehiya na kanilang ginagamit upang makamit ang tagumpay.

Kaugnay nito, ang pag-aaral ay nagpapakita at nagbibigay-tinig sa iba't ibang pananaw at karanasan sa buhay ng *education* pagkuha ng *board examination* at higit sa lahat hindi pa ito naisagawa sa Lokal na Kolehiyo ng Kapalong. Ang pag-aaral marapat nang maisagawa sapagkat ito ay isa sa mga isyung kinahaharap ng *education earners* at naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong para masolusyunan at makabuo ng epektibong pamamaraan ukol sa mga hamon na kinakaharap sa pagkuha ng *board examination.*

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay naglalayong maibahagi ang mga kaalaman sa pag-aaral na ito at maipamahagi ang kanyang mga natuklasan hindi lamang sa kapwa *education earners* gayundin sa mga sumusunod na mananaliksik. Ilalathala ang pananaliksik na ito sa pamamagitan ng isang malikhaing interaksyon na may kaugnay sa pag-aaral na ito at isasagawa ang iba't ibang pampublikong talakayan upang maibahagi ang mga natuklasan sa mas malawak na madla o sa publiko. Ang layunin ng

pampublikong pagbahagi ng mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay upang mag-udyok ng impormadong pagsusuri, mga inspirasyon ng mga proyektong pangkalahatan at mapadali ang praktikal na aplikasyon sa mga natuklasan batay sa pananaliksik lalo na sa mga larangan ng pampublikong serbisyo at kaalaman.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination* at upang matukoy ang mga salik na nakakatulong sa kanilang tagumpay. Ang layunin nito ay upang malaman ang tungkol sa kanilang mga karanasan, kanilang mga paraan ng pagharap, at kanilang mga pananaw sa mga nabanggit sitwasyon. Bilang karagdagan, ang layunin ng pag-aaral na ito upang siyasatin ang mga karanasan na naging kadahilanan upang malagpasan ang mga hamon nito.

Sa karagdagan, ang pananaliksik ay gumagamit ng isang paraan na kilala bilang *multiple case study* bilang paraan ng pangangalap ng kinakailangang impormasyon mula sa mga kalahok na pinagtutuunan ng pansin ng imbestigasyon. Bilang karagdagan, ang layunin ng pananaliksik ay upang makagawa at mangolekta mahalagang datos gamit ang induktibo at obserbasyon ayon sa nakikita ng pananaliksik.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay naglalarawan sa iba't ibang karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination* kung paano nila nalampasan ang mga karanasang ito upang magpatuloy sa pag-aaral: partikular na hinahangad na masagot ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang mga karanasan na hinaharap ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino?
2. Paano nalampasan ng *education earners* ang mga hamon sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino?
3. Ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa *earners* at sa pangkalahatan?

**Teoretikal na Pokus**

Sa seksiyon ito, mas malinaw na ipinapakilala ang mga pangunahing teorya na matatagpuan sa maraming disiplina na nagbibigay ng suporta sa paggalugad sa karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*.

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa *self-efficacy* ni Bandura (1977), na tumutukoy sa paniniwala ng isang tao sa kanyang sariling kakayahan na matagumpayang gawin ang isang partikular na gawain o *task*. Ang *self-efficacy* ay may malaking epekto sa pagkilos at pagpupursigi ng isang tao na harapin ang mga hamon at magtagumpay.

Sa konteksto ng *education earners* na kumuha ng *board examination*, ang *self-efficacy* ay mahalaga dahil ito ang nagtatakda ng kanilang paniniwala sa kanilang sarili upang makamit ang tagumpay sa pagsusulit. Kung mataas *self-efficacy* ng *education earners*, mas malaki ang posibiliad na na makakapasa sila sa *board examination* at magiging magaling sa propesyong kanilang napili. Ang teoryang ito rin ay makabuluhan sa paggalugad ng karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination* dahil ito ay nagpapakita lamang sa kanilang pagtitiyaga, determinasyon, at pagpupursige sa paghahanda para sa pagsusulit. Kapag mataas ang *self-efficacy* ng isang indibidwal, mas malaki ang kanyang motibasyon na mag-aral nang mabuti, maghanap ng mga tamang istratehiya, at harapin ang mga pagsubok na kanilang makasasalamuha sa pagsusulit.

Sinuportahan naman pag-aaral na ito ng teoryang *social cognitive* ni Bandura (1960), isang teoryang sumusuporta sa teoryang *self-efficacy*. Ang teoryang ito ay naglalayong maunawaan ang pagkatuto at pag-uugali ng mga tao sa pamamagitan ng interaksyon ng mga salik sa kapaligiran, at gayundin ang aktibong pagpapasya at pagpapalit ng kanilang mga kaisipan at pag-uugali batay sa kanilang mga karanasan.

Sa konteksto ng pagkuha ng *board examination* ng *education earners*, ang teoryang *social cognitive* ni Bandura ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng pansin sa mga karanasan sa pagkatuto at pag-uugali ng mga tao. Sa pamamagitan ng teoryang ito, maunawaan kung paano nakaapekto ang mga karanasan ng *education earners* sa kanilang paghahanda at pagkuha ng *board examination*. Ang mga karanasan ng *education earners*, tulad ng pag-aaral, pagsasanay, at mga praktikal na karanasan sa pagtuturo, ay maaaring magdulot ng mga epekto sa kanilang paghahanda at pagkuha ng *board examination*. Ang mga positibong karanasan sa pagsusulit sa mga *mockboard examination* o ang pagkakaroon ng magandang pidbak mula sa mga guro ay maaaring magbibigay ng kumpiyansa at motibasyon sa *education earners.* Sa kabilang banda, ang mga negatibong karanasan sa mga pagsusulit gaya ng pagkakaroon ng mga pagkukulang sa kanilang pag-aaral ay maaaring magdudulot ng kawalan ng kumpiyansa at pagkabahala.

Kaugnay rito, sinuportahan naman ito ng teoryang *achievement motivation* ni McClelland (1960), ito ay nagpapahalaga sa kahalagahan ng personal na motibasyon sa pag-abot ng mga layunin at tagumpay. Ayon sa teoryang ito, ang mga tao ay may iba't-ibang antas ng *achievement motivation*, kung saan ang mga taong mataas ang *achievement motivation* ay mas malamang na magpupursigi at magtatagumpay sa mga hamon.

Sa konteksto ng pag-aaral, ang *achievement motivation* ay mahalaga sa paggalugad ng karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination* dahil ang mga ito ay naglalayong makamit ang isang mataas na marka o lisensya na magpapatunay sa kanilang kahusayan at kakayahan sa larangan ng edukasyon. Ang *education earners* na may mataas na *achievement motivation* ay magpapakita ng mga katangiang tulad ng determinasyon, pagtitiyaga, at pagsisikap upang maaabot ang kanilang mga layunin. Sila ay mas handa sa pag-aaral at paghahanda sa *board examination*, at mas malaki ang posibilidad na magtagumpay sa pagkuha nito.

## Mga Kaugnayan sa Pag-aaral at Literatura

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng impormasyon sa proseso ng dokumentasyon sa pag-aaral at pangongolekta ng mga impormasyon. Upang lubos na maunawaan ang pag-aaral na ito, binibigyang diin ng mananaliksik ang karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*.

### Karanasan ng mga *Education Earners* sa Pag-aaral ng Filipino *Subject*

Sa isang pag-aaral, napag-alaman na ang *out-of-field teaching* ay karaniwang nagaganap at may negatibong epekto sa kahusayan ng pagtuturo ng mga guro. Kapag kinakailangan sa mga guro na magturo ng mga paksa na hindi nila espesyalisado, maaaring magdulot ito ng pakiramdam ng kawalan ng kakayahan at mababang pagpapahalaga sa sarili. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino, marami sa mga guro ang hindi sapat ang kahandaan at kaalaman sa asignaturang ito, lalo na kung ang kanilang pangunahing larangan ay nasa ibang disiplina. Ang kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa Filipino ay nagiging sanhi ng mababang kalidad ng pagtuturo, na nagreresulta sa mas mababang antas ng pagkatuto ng mga estudyante. Sa konteksto, ang *education earners* ay nag-ulat na ang pagtuturo ng Filipino sa mga gurong hindi dalubhasa rito ay nagiging hamon sa pagbuo ng mabisang banghay aralin at makabuluhang interaksyon sa klase. Mahalaga ang propesyonal na pag-unlad ng mga guro, kabilang ang pagbibigay ng

sapat na pagsasanay at suporta, upang mapataas ang antas ng kumpiyansa at kahusayan sa pagtuturo (Du Plessis, 2019).

Sa kabilang dako, lubos din na nakaaapekto sa mga mag-aaral ang paraan ng pagtuturo ng mga guro. Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili at ang kasanayan sa pagtuturo ng isang asignatura na hindi lubos naiintindihan at alam ay maaaring magdulot ng pakiramdam ng hindi maayos na daloy ng talakayan. Kung hindi kumpiyansa ang mga guro sa kanilang sariling pagkaunawa at kaalaman sa asignatura, maaaring mahirapan silang ituro ito nang maayos sa kanilang mga mag-aaral. Ang kawalan ng kumpiyansa ay maaaring magresulta sa mga pagkakamali sa pagtuturo at kakulangan sa epektibong pagpapaliwanag ng mga konsepto, na sa huli ay makakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Kenny et al., 2020).

Bukod pa rito, natuklasan din sa pag-aaral ang malaking epekto ng mga *gamification tool* sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa; literal, *inferential*, at kritikal na pagkatuto ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Kadalasang hindi epektibong nakakapukaw ng interes ng mga estudyante ang tradisyunal na mga pamamaraan ng pagtuturo, samantalang ang *gamification*, na may mga interaktibo at motibasyonal na elemento tulad ng puntos, antas, at gantimpala, ay nagiging mas kaakit-akit at dinamiko ang pag-aaral. Ito ay hindi lamang nakakapukaw ng interes ng mga estudyante kundi pati na rin nagpapabuti sa kanilang pag-unawa at pagkatuto ng materyal, na pinatutunayan ng mga kapansin-pansing pagbuti sa mga *pre-test* at *post-test* na marka (Colendra & Carada, 2023).

Sa konteksto ng pag-aaral, ang rekomendasyon na ito ay isinama ang iba't ibang *gamification tool* sa mga estratehiya sa pagtuturo na naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na mas nakasentro sa pamamaraan na nagsasaad na ang ganitong mga makabagong paraan ay maaaring lumikha ng isang inklusibo at epektibong kapaligiran sa pag-aaral na tumutugon sa iba't ibang estilo at bilis ng pagkatuto, sa huli ay sumasalamin ito sa positibong karanasan ng *education earners* sa pag-aaral ng Filipino *subject*.

Kaugnay sa pag-aaral na ito, natuklasan ang kahalagahan ng paglikha ng mga lokal na *module* bilang mga karagdagang mapagkukunan para sa pagtuturo ng Filipino. Tinalakay nito ang kaugnayan ng mga karanasan at nakamit ng mga mag-aaral sa mga ginagamit na panturo ng mga guro, na nagmumungkahi na ang mga lokal na materyales ay maaaring magpayaman sa pagtuturo at pagkatuto. Ang ganitong mga materyales ay nagpapabuti ng pag-unawa at pagpapahalaga sa asignaturang Filipino, ginagawa itong mas makabuluhan at may kabuluhan para sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas handa ang mga mag-aaral na harapin ang mga hamon sa akademya at makamit ang mas mataas na antas ng kasanayan sa kanilang pag-aaral (Mayos et al., 2023).

**Hamon ng *Education Earners* sa Pagkuha ng *Board Examination***

Ang pag-aaral na "*Reality Check: Financial Challenges and Coping Mechanisms of the Grade 11 Students*" tumatalakay sa mga hamong pinansyal na kinakaharap ng mga estudyanteng Pilipino at ang epekto nito sa kanilang pag-aaral, partikular sa asignaturang Filipino. Natuklasan na ang mga estudyante ay nakakaranas ng kakulangan sa araw-araw na baon, na madalas ay mas mababa sa limampung piso, at kadalasan ay nagagastos sa transportasyon, na nag-iiwan ng kaunti para sa pagkain at iba pang pangangailangan. Ang mga hamong ito ay nakakaapekto hindi lamang sa kanilang akademikong pagganap kundi pati sa kanilang emosyonal na kalagayan. Inirerekomenda ng pag-aaral na mas palalimin ng mga guro at paaralan ang kanilang pag-unawa sa pinansyal na sitwasyon ng mga estudyante upang makalikha ng mas suportadong kapaligiran sa pag-aaral nina Reid, M., (2020).

Sa ibang dako, ukol sa hamon sa aspetong pinansyal ng mga kalahok sa *board examination* ay nagpapakita ng kritikal na papel ng pagiging maingat at matalino sa pamamahala ng pinansyal na mapagkukunan.

Mahalaga ang wastong pagpaplano ng badyet at tamang pagpapahalaga sa edukasyon upang mapabuti ang paghahanda at tagumpay sa nasabing pagsusulit. Ang responsibilidad ng mga mag-aaral sa pagtamo ng tagumpay sa *board examination* ay hindi lamang nakasalalay sa kanilang kaalaman at kasanayan, kundi pati na rin sa kanilang kakayahan sa pangangasiwa ng kanilang pinansyal na aspeto. Sa ganitong paraan, mahalaga ang wastong pamamahala ng pinansyal upang matiyak ang magandang resulta sa *board examination* (Reyes & Garcia, 2020).

Higit pa rito, sa pagkuha ng *board examination*, maraming *education earners* ang nakararanas ng mga pagsubok, lalo na sa paksaing Filipino kung saan kawalan ng tiwala sa sarili ang isa sa mga pangunahing hamon. Ipinakita na ang mababang antas ng *self-confidence* ay maaaring magdulot ng hindi pagtatagumpay sa pagsusulit. Kaya, mahalaga ang tamang pagpasya at preparasyon upang malabanan ang mga negatibong epekto ng kawalan ng tiwala sa sarili sa pagkuha ng *board exam* (Dela Cruz, 2020).

Kaugnay rito, ipinakita ang kahalagahan ng dedikasyon at determinasyon sa pagtawid ng mga hamon sa pagkuha ng *board examination*, partikular sa paksaing Filipino. Natuklasan na ang *education earners* na may mataas na antas ng dedikasyon at determinasyon ay mas malamang na magtagumpay sa kanilang mga pagsusulit. Ang pagtitiyaga at pagsisikap ng mga mag-aaral sa kanilang mga aral ay mahalaga upang maipasa nila ng maayos ang *board examination* (Rivera, 2019).

Sa kabilang dako, ang isang komprehensibong pag-aaral sa iba't ibang mga hamon na kinakaharap ng mga nagtapos ng edukasyon sa Pilipinas, partikular na sa pagsusulit sa *board examination* na may pokus sa mga asignaturang Filipino. Natukoy ng pag-aaral ang ilang mahahalagang salik na nagdudulot ng kahirapan sa pagsusulit, kabilang na ang kumplikadong wika, ang lawak ng kurikulum, at ang epektibong mga pamamaraan ng pagtuturo. Binigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapabuti sa mga estratehiya sa pagtuturo at mas mahusay na mga programa ng paghahanda upang matulungan ang mga nagtatapos na malampasan ang mga hamon na ito. Inilahad din ng pananaliksik ang kahalagahan ng patuloy na propesyonal na pag-unlad para sa mga guro upang tiyakin na sila ay handa at angkin ang pinakabagong mga teknik sa pagtuturo (De Los Reyes, 2019).

Sa isang pananaliksik ang antas ng kasanayan sa Filipino at ang epekto nito sa pag-unawa at pagganap ng mga estudyante sa mga pagsusulit ay isang mahalagang aspeto upang matukoy ang mga pagsubok na kanilang dinaranas. partikular na ang mga bilingguwal o multilingguwal na estudyante ay nakakaranas ng mga kognitibong hamon kapag lumilipat mula sa isang wika patungo sa iba. Ang kakulangan sa mataas na antas ng kahusayan sa Filipino ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang maunawaan ang mga tanong sa pagsusulit at magpahayag ng kanilang sagot nang maayos, na nagreresulta sa mababang pagganap sa akademikong pagsusulit (Aizawa, Ikuya et al. 2020).

Bukod pa rito, sa pag-aaral nina Bernhofer at Tonin (2022) ay nagsusuri kung paano nakakaapekto ang wika ng instruksyon sa pagganap ng mga estudyante sa akademya. Tinitingnan ng mga mananaliksik ang epekto sa paggamit ng iba’t ibang wika bilang medium ng instruksyon sa mga resulta ng pag-aaral ng mga estudyante. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng mga pananaw kung paano nakakaapekto ang pagpili ng wika sa pagganap ng mga estudyante at kahandaan nila para sa mga pagsususlit, na nagbibigay- liwanag sa mas malawak na mga implikasyon para sa mga gawi at patakaran sa edukasyon.

### Mga paraan ng Pagtugon ng mga Mag-aaral sa Edukasyon sa Pagkuha ng *Board Exam*

Sa isang pag-aaral na tumutok sa kahandaan ng mga mag-aaral sa edukasyon para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)* sa Pilipinas, lumitaw ang kahalagahan ng *review program*. Natuklasan na ang *review program* ay lubos na nakatulong sa pagpapataas ng kaalaman at kasanayan ng mga

estudyante, na nagresulta sa mas mahusay na paghahanda para sa *LET*. Ang positibong epekto ng *review program* ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang pagpapabuti nito, upang lalo pang mapakinabangan ng mga mag-aaral na kukuha ng *board exam* (Chua et al., 2019).

Kaugnay nito, ang papel ng guro bilang pundasyon ng mga pangarap at tagahubog ng hinaharap ay mahalaga at komplikado, na nangangailangan ng walang katapusang pagkatuto at pagharap sa iba't ibang hamon. Nagpapakita ang pag-aaral na ang pananampalataya na hinubog ng pamilya, kaibigan, at lipunan ay may malaking impluwensya sa mga nag-aasam na maging guro, lalo na sa kanilang paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers* (LET). Ang mga ritwal at kagamitan na kaugnay ng kultura, maging ito man ay katutubo o hiram, ay nagbibigay ng suporta sa kanilang paniniwala at nag-aambag sa pagbuo ng kanilang identidad bilang mga Pilipinong guro na kilala sa pagiging relihiyoso, na nagpapalakas ng loob nila sa pagtahak sa landas ng propesyong ito (Canones & Pujeda, 2021).

Sa pananaliksik, ang pagkabalisa ay inilarawan bilang isang reaksyong pisyolohikal at gawi na may kaugnayan sa matinding pag-aalala, na maaaring makaapekto sa pagganap ng isang indibidwal. Ang pagpapaliban, o *procrastination*, ay nagdudulot ng pag-aaral sa huling minuto, na nagpapataas ng pagkabalisa at nagbabawas sa kahandaan para sa pagsusulit at nagdudulot din ng *stress* na maaaring makaapekto sa pagganap sa pagsusulit. Upang matugunan ito, mahalaga ang paggamit ng mga epektibong estratehiya sa pag-aaral tulad ng maayos na iskedyul ng pag-aaral, pagtatakda ng mga layunin, at pamamahala ng oras. Ang pagpapahinga at pagmumuni-muni ay maaari ring makatulong sa pagbawas ng pagkabalisa. Sa pamamagitan ng pagkilala sa mga sanhi ng pagkabalisa at paggamit ng mga angkop na diskarte, maaaring mapabuti ng mga mag-aaral ang kanilang kahandaan at pagganap sa *board exam* (Yoder-Wise, 2021).

Bukod pa rito, pinatunayan ng isang pag-aaral ang nagpapakita na ang tagumpay ng mga mag-aaral sa *Licensure Examinations for Teachers (LET)* sa Pilipinas ay malaki ang kaugnayan sa mga salik na pangpamilya. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng katayuang pang-ekonomiya ng pamilya at ang antas ng edukasyon ng mga magulang sa pag-abot ng tagumpay sa nasabing pagsusulit. Sa konteksto ng kulturang Pilipino, kung saan ang edukasyon ay itinuturing na susi sa pag-angat sa lipunan, ang natuklasang ito ay nagbibigay-diin sa gawi ng mga pamilyang Pilipino na maglaan ng mapagkukunan at suporta para sa mga layuning pang-edukasyon ng kanilang mga anak. Ito ay isang kolektibong misyon na hindi lamang para sa indibidwal kundi para sa buong pamilya (Caranguian, 2022).

### Motibasyon ng *Education Earners* sa Pagkuha ng *Licensure Examination*

Nagbigay-linaw na ang dedikasyon at determinasyon ng mga estudyante ay mahalaga sa tagumpay sa *licensure examination*. Ang mga katangiang ito ay nagbibigay ng lakas at tiyaga na kinakailangan para sa epektibong paghahanda at pagpasa sa *board exam*, na siyang susi sa pagiging propesyonal na guro at sa personal at propesyonal na pag-unlad. Ang pagkakaroon ng matibay na determinasyon at walang sawang dedikasyon ay nagpapataas ng posibilidad ng pagpasa sa pagsusulit at nag-aambag sa *personal* na paglago at propesyonal na kahusayan (Amanonce & Maramag, 2022).

Sa ibang banda, sa pagkuha ng *board examination*, maraming *education earners* ang nakakayanan ang mga hamon sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Ang matatag na pananalig sa Diyos ay nagbibigay ng lakas at determinasyon sa mga education earners upang harapin at malampasan ang mga pagsubok sa pagsusulit, partikular sa paksaing Filipino. Lumalim ang kanilang pananampalataya sa gitna ng mga pagsubok, na nagtutulak sa kanila na magtiwala sa sarili at sa plano ng Diyos para sa kanilang tagumpay (Cruz, 2021).

Sa katunayan, mahalaga ang suporta mula sa pamilya upang matulungan ang *education earners* na malampasan ang mga hamon, lalo na sa paksaing Filipino. Ang pamilya ay isang mahalagang salik sa pagpapalakas ng loob at pagtitiwala sa sarili ng mga mag-aaral, na siyang nagbibigay sa kanila ng lakas ng loob upang harapin ang mga pagsusulit lalo na ang pagkuha ng lisensya sa pagiging guro (Alonzo, 2019).

Bilang karagdagan, inilahad ang ugnayan sa pagitan ng antas ng edukasyon at pagganap sa pagsusulit sa *board examinations*, partikular na ang pagsusuri sa papel ng kasanayan sa wikang Filipino. Ginamit ng pag-aaral ang isang kombinasyon ng *quantitative* na datos mula sa mga resulta ng pagsusulit at *qualitative* na pananaw mula sa mga interbyu sa mga bagong pumasa sa pagsusulit. Natuklasan na may malaking kaugnayan ang mataas na antas ng kasanayan sa wikang Filipino sa mas magandang pagganap sa *board exams*. Nagmungkahi ang pag-aaral na dapat bigyang-diin ng mga tagapag-develop ng kurikulum at mga guro ang pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino sa buong programa ng edukasyon upang mapabuti ang pangkalahatang mga resulta. Bukod dito, inirekomenda ang mga *targeted review sessions at language enhancement workshops* bilang bahagi ng proseso ng paghahanda sa *board exam* (Meal, 2021).

Samantala, sa pagsusuri ni Marcos (2020), ipinakita ng pag-aaral na mas malamang na pumasa sa *board exams* ang mga mag-aaral na may mas matibay na kasanayan sa wikang Filipino kumpara sa mga may mas mababang antas ng kasanayan. Binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-angkop ng komprehensibong pagsasanay sa wika sa loob ng kurikulum ng edukasyon at inirerekomenda ang mga regular na pagsusuri ng kasanayan sa wika upang bantayan at suportahan ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang mga pagsisikap sa pagitan ng mga guro at mga espesyalista sa wika upang magtatamo ng epektibong mga estratehiya sa pagtuturo na naaangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng edukasyon.

### *Education Earners* Bilang Patuloy na Pag-aaral

Ang mga hamon sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay kinabibilangan ng limitadong oras para sa pahinga, kawalan ng lokal na oportunidad sa trabaho, paghihigpit sa oras, pagtaas ng *workload*, salungatan sa iskedyul ng mga aktibidad, kakulangan sa pinansyal na suporta, at sikolohikal na *stress*. May pananaw ang ilang guro na ang mga aktibidad para sa patuloy na pag-unlad ay nararapat lamang isagawa sa loob ng oras ng trabaho at itinuturing ng iba na hindi ito makabuluhan para sa pagtaas ng suweldo o promosyon. Dagdag pa, ang *intrinsic* na motibasyon, o ang pagkilos batay sa kasiyahan at hamon na dala ng gawain kaysa sa panlabas na insentibo, ay mahalaga sa pagpapalakas ng dedikasyon sa personal na pag-unlad (Tyagi & Misra 2021).

Ang pag-aaral ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagbabawas ng labis na pasanin sa mga guro, partikular na sa simula ng kanilang karera. Ipinapakita nito na sa pamamagitan ng suporta, tulad ng pagbabawas ng mga gawain, tulong sa mga pangangailangan sa pagpaparehistrobilang isang propesyonal, at mataas na kalidad na mga programa sa pagtuturo, maaaring malampasan ng mga guro ang mga hamon. Ang mga ito ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng hindi makatwirang mga kahilingan na nagiging sanhi ng isang mahina na balangkas, na nagpapahiwatig ng mga balakid na nakaaapekto sa kagalingan ng mga nagtuturo (Lazardies et al., 2020).

Maraming aspekto ang nakaaapekto sa paraan kung paano tumutugon ang mga guro sa mga pagbabago sa kalikasan ng kanilang propesyon, lalo na sa gitna ng reporma sa paaralan at pagbagsak ng ekonomiya. Habang ang iba ay lumilikha ng mga paraan upang harapin ang mga hamon mula sa labas, may mga guro namang nagtataglay ng isang *survival mindset* at nakatuon sa pagtuturo, pagtutulungan, at pag-aalaga sa

pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang kanilang propesyonalismo at katatagan ay mahalagang bahagi sa landas na kanilang tatahakin bilang isang magtuturo. Ang mga aspektong ito ay kaugnay ng dedikasyon ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral, sa pag-aaral at kagalingan, pati na rin sa moral, panlipunan, at relasyonal na aspekto sa kanilang propesyon. Malaki rin ang impluwensya ng kanilang motibasyon sa pamamagitan ng suporta mula sa tagapangulo sa institusyon, mga kasamahan, at ang tiwala at suporta mula sa komunidad (Flores, 2020).

Sa kabilang dako, isa sa mga layuning mapabuti ang kalidad at sumunod sa mahigpit na mga kinakailangan ang ganitong gawain, ang patuloy na pag-unlad propesyonal na kasanayan ay isang mahalagang bahagi ng paghahanda ng guro. Ito ay binubuo ng iba't ibang mga hakbang na layong tulungan ang mga guro na nakatapos ng kanilang pangunahing pagsasanay upang makatulong sa pag-aaral ng kanilang mga mag-aaral. Mahalaga rin na tugunan ang mga pangangailangan ng paaralan at ang mga propesyonal at personal na pangangailangan ng bawat guro upang mapaunlad ang kanilang interes sa patuloy na pag-unlad ng kanilang propesyonal na kasanayan. Upang magampanan ng mga guro ang kanilang mga responsibilidad bilang mga propesyonal, mahalaga ang kanilang kakayahan sa pagtuturo, personalidad, pakikipag-ugnayan sa lipunan, at sa kanilang lugar ng trabaho. Kasama rito ang pagpapakita ng malikhaing gawa, pagpapabuti ng sarili, at ang paglathala ng mga siyentipikong publikasyon (Syariifah, 2019).

Sa kabuoan, ang bawat guro ay dapat makilahok sa lahat ng mga gawain sa pag-aaral upang patuloy ang kanilang propesyonal na kasanayan at kaunlaran. Ang mga programang may kinalaman sa patuloy na pag-unlad ng kanilang propesyon, tulad ng mga *seminar*, *workshop*, *webinar*, at *training*, pagkuha ng *master's degree* at marami pang iba ay ilan sa mga paraan ng pagpapabuti sa kanilang kaalaman at kasanayan. Ito ay isang patuloy na proseso ng kooperasyon sa pag-aaral na patuloy na sumusuporta sa pag-unlad ng mga guro, bilang indibidwal at bilang isang grupo, sa pamamagitan ng isang integradong paraan ng trabaho upang mapalakas ang tagumpay ng mga mag-aaral at ang kalidad ng pagtuturo ng mga guro (Apriliyanti, 2020).

**Kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera**

Ang konseptong edukasyon ay isang malawakang usapin na nagbibigay ng malaking tulong sa lahat ng mga mag-aaral. Ang edukasyon ay isa sa pinakamahusay na paraan at proseso upang mapabuti ang kinabukasan ng bawat indibiduwal. Lalo na ngayon, ang mga *employers* ay mas naghahanap ng mga aplikante na nagkaroon ng pormal na pagsasanay at kwalipikasyon na bagay sa posisyong gusto makuha. Ang *education background* ay nagbibigay ng tiwala sa mga employers na mayroon kang mga kasanayan at kaalaman upang gawin ang trabaho nang maayos. Bukod dito, ang pagkakaroon ng *degree* o sertipikasyon ay nagpapataas ng iyong kahalagahan bilang isang potensyal na empleyado at maaaring magbigay sa iyo ng bentahe laban sa iba pang mga aplikante (Team Z., 2023).

Gayunpaman, nagbigay-diin sa mga pananaw ng mga estudyanteng graduate ukol sa ugnayan ng edukasyon at tagumpay sa kanilang mga propesyonal na karera. Mahalaga ang mataas na antas ng edukasyon hindi lamang para sa pagbuo ng kasanayan kundi pati na rin sa pagbuo ng mga oportunidad sa karera. Napag-alaman na ang mga nakapagtapos na may mas mataas na antas ng edukasyon ay may mas mataas na posibilidad na makamit ang kanilang mga layunin sa trabaho at magkaroon ng mas mataas na antas ng kasiyahan sa kanilang mga propesyon. Ang kanilang *findings* ay nagpapakita ng matibay na ugnayan sa pagitan ng *educational attainment* at *career success* (Khan, 2021).

Ang papel ng edukasyon sa pagpapalawak ng mga oportunidad sa trabaho at sa pag-abot ng tagumpay sa karera ay ang pagkakaroon ng mga *advanced* na *degree* na kadalasang nagreresulta sa mas maraming

pagkakataon sa promosyon at mas mataas na sahod. Ito ay nagpapahiwatig na ang edukasyon ay hindi lamang isang personal na tagumpay kundi isang mahalagang bahagi ng pangmatagalang tagumpay sa propesyonal na mundo. Nagbibigay-diin din sa pangangailangan ng patuloy na pag-aaral at pagsasanay sa pag-abot ng tagumpay sa karera (Galvez & Guerrero, 2022).

Samantala, ang pananaw ng mga empleyado tungkol sa koneksyon ng kanilang *educational background* at *professional success* ay malaki ang naitutulong ng pagkakaroon ng mataas na antas ng edukasyon sa pagbuo ng mga kinakailangang kasanayan at kaalaman para sa pag-unlad sa kanilang mga karera. Nagpapakita ito na ang edukasyon ay isang mahalagang pundasyon na nagreresulta sa mas maraming oportunidad at mas mahusay na posisyon sa trabaho. Ito rin ay nagbigay-liwanag sa epekto ng mga *advanced* na *degree* sa pagbuo ng *professional networks* na nagiging susi sa tagumpay (Hugo, 2023).

Sa pag-aaral, ang kahalagahan ng pagkamit sa edukasyon ay mahalagang hakbang para sa matagumpay na karera sa hinaharap. Ito ay nagpapakita ng epekto ng edukasyon sa karera ng mga empleyado, at kung paano nag-iba ang pagpapahalaga sa mga pangunahing motibasyon tulad ng edukasyon, personal na pag-unlad, kasanayan, kasiyahan, at awtonomiya batay sa kasarian at antas ng edukasyon. Kaya't mahalagang isaalang-alang ng mga *manager* ang mga ito sa pagpaplano ng pag-unlad ng karera. Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga programa at patakaran, maaaring mabigyan ng pantay na pagkakataon ang lahat ng empleyado para sa kanilang karera, anuman ang kanilang kasarian at antas ng edukasyon (Hitka et al., 2021).

**Paghahanda sa *Board Examination***

Ang paghahanda para sa *board exam*, partikular sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*, ay nagpapakita ng kahalagahan ng iba't ibang estratehiya, gawi, at personal na katangian na tumulong sa tagumpay ng mga *topnotchers*. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbago at iakma ang kanilang mga estratehiya sa pag-aaral ay mahalaga upang mapabuti ang kanilang pag-unlad. Ang mga pagbabagong ito ay kritikal sa pagkamit ng tagumpay, lalo na sa *LET*, kung saan ang epektibong paghahanda at tamang pamamaraan ay susi sa mataas na resulta (Albite 2019).

May mga iba’t ibang estratehiya at hamon na kinakaharap ng mga nagtapos ng kursong edukasyon sa paghahanda para sa *board exam*. Ang paggamit ng *structured review programs* at ang pagkakaroon ng madalas na pagsasanay sa pagsusulit ay lubos na nakatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa pagsagot. Mahalaga rin ang suporta mula sa pamilya at mga guro sa pagbuo ng isang epektibong study plan. Ang kakulangan sa oras at *stress* ay ilan sa mga pangunahing hadlang sa kanilang paghahanda. Ang *psychological readiness* ay may malaking epekto sa pagtatagumpay ng mga *examinees.* Ang pagbuo ng mas malalim na para sa mga estudyanteng naghahanda sa *board exam* ay isang kapaki-pakinabang (Sedares & Calvino, 2021).

Bukod dito, ang madalas na *review sessions* at ang pagbuo ng study groups ay nagpapataas ng posibilidad na makapasa sa *board exams*. Nakita din niya na ang paggamit ng mga *review materials* at simulators ay tumutulong sa pag-*enhance* ng *knowledge retention*. Gayunpaman, ang panganib ng *over-preparation* na maaaring magdulot ng *anxiety.* Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa balanseng pamamaraan sa pagpaplano ng pag-aaral at personal na kalagayan. Ang kanyang rekomendasyon ay ang pagbuo ng *holistic study plans* o komprehensibong mga plano sa pag-aaral na isinasaalang-alang ang parehong *academic at psychological factors* (Macario, 2022).

Dagdag pa, may mga salik na nakakaapekto sa paghahanda ng mga estudyanteng magtuturo para sa kanilang *licensure examinations*. Napag-alaman niya na ang *self-efficacy* at *time management skills* ay

mga pangunahing aspekto sa epektibong preparation. Ang pagkakaroon ng *guided mentorship programs at study plans* ay nag-aambag sa mas mataas na kahusayan sa pagsusulit. Gayunpaman, nahanap din ng pag-aaral na ang *pressure* mula sa mga pamilya at ang kompetisyon sa mga kaibigan ay maaaring maging dahil sa pag-aalala. Binibigyang-diin ng pag-aaral na ang masusing suporta sa *mental health at stress management* ay mahalaga sa paghahanda para sa *board exams* (Canon, 2023).

Ang ginampanan ng edukasyon ang mahalagang papel sa paghubog ng mga indibidwal at ng kanilang mga landas tungo tagumpay sa karera. Sa tradisyon, ang pormal na edukasyon ay nakikita bilang isang pangunahing salik sa tagumpay. Sa pamamagitan ng pagiging aktibo sa pangangalap ng karagdagang kaalaman at kasanayan, maaari nating mapalalim ang ating pag-unawa at mapalawak ang ating kakayahan. Ang edukasyon, anuman ang anyo o paraan, ay patuloy na nagbibigay sa atin ng mga oportunidad na mapabuti ang ating sarili at ang ating mga buhay. Sa pagpapalawak ng ating kaalaman at kakayahan, binibigyan natin ng daan ang mas maraming mga posibilidad at oportunidad na magbunga ng tagumpay sa hinaharap (Mahajan, 2023).

Bukod pa rito, sa pamamagitan ng edukasyon ng isang mag-aaral lalawak ang kanilang layunin sa pamamahala sa karera sa antas ng indibidwal na pag-unlad upang palakasin ang motibasyon sa trabaho ng mga empleyado sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakataon na maunawaan ang kanilang papel at ambag sa kompanya o trabaho pati na rin ang kanilang mga potensyal sa larangang pinili. Ito ay naglalayong masiguro ang tagumpay ng kompanya sa pamamagitan ng pagpaplano at paghahanda para sa mga pagbabago sa pamumuno at posisyon sa loob ng organisasyon. Sa pamamagitan ng maayos na pamamahala sa karera, maaaring mapanatili ang tagumpay at pagkakaisa ng kumpanya (Son & Kim, 2019).

Samakatuwid, ang mataas na antas ng edukasyon ay mahalagang salik sa pag-abot ng tagumpay sa karera. Sa pamamagitan ng pagsasanay at pagpapaunlad ng kasanayan at kaalaman, nagiging handa ang isang indibidwal na harapin ang mga hamon at pagkakataon sa kanilang larangan. Ang edukasyon ay hindi lamang nagbibigay ng teknikal na kaalaman kundi nagpapalawak din ng pag-unawa at nagbibigay ng kakayahan sa pagpapasya at pagsasaayos ng mga problema. Sa ganitong paraan, ang edukasyon ay nagiging tulay tungo sa matagumpay na karera sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kakayahan at kumpiyansa ng isang tao na mag-ambag at magtagumpay sa kanilang propesyon (Xie et al., 2020).

Sa kabuoan, ang naitalakay sa itaas na kinabibilangan ng karanasan ng mga *education earners* sa pag-aaral ng Filipino *subject*, mga paraan ng pagtugon ng mga mag-aarl sa edukasyon sa pagkuha ng *board exam*, *education earners* bilang patuloy na pag-aaral, at kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera ay ang mga kaugnay na pag-aaral at literaturang nagbibigay lawak sa pag-aaral na ito. Ang iba't ibang pag-aaral ay nagpapakita sa pagkuha ng *board examination* ng mga *education earners* bilang isang tuloy-tuloy na proseso upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa hinaharap. Gayunpaman, tinalakay sa mga nabanggit na pag-aaral ang mga paksang nagtatampok sa iba't ibang makabuluhang impluwensya at hamon, benepisyo, at pananaw ng mga *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination.*

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Sa pagsasagawa ng *multiple case* na pananaliksik na ito sa mga karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*, ito ay isang mahalagang pamamaraan upang maunawaan at masuri ang mga karanasan ng *education earners* sa pag-unlad ng kanilang propesyon. Hangarin ng pag-aaral na ito namagbigay ng malalim na pag-unawa sa mga proseso at karanasan ng *education earners* kanilang

paglalakbay sa pagkuha ng *board examination* tungo sa kanilang propesyonal na pag-unlad at layon din nito na matukoy ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga karanasan ng *education earners* sa kanilang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination*. Sa pamamagitan nito, ang *education earners* ay magkakaroon ng kamalayan tungkol sa mga pananaw, mga karanasan at ang mga mekanismo na ginawa nila sa pagharap sa mga hamon na siyang nagpapalawak ng kaalaman at kakayahan nila upang mapalakas ang pagpapahalaga nila sa kanilang propesyon at magkaroon sila ng lakas na loob upang magpatuloy na mag-aral at magpabuti ng kanilang mga kasanayan. Inaasahan ng mananaliksik na magkaroon ng malaking ambag ang pag-aaral na ito sa mga sumusunod:

Sa ***Commission on Higher Education*****,** ang pag-aaral na ito ay maaaring maging pinakamainam na may kahalagahan para sa *Commission on Higher Education* sapagkat ito ay nagbibigay daan sa may mataas na kalidad ng edukasyon sa Pilipinas at nagpapalakas ng konsepto ng pagiging propesyonal ng *education earners* tungo sa pagpapalawak sa kaalaman.

**Sa Administrasyon ng Paaralan**, ang pag-aaral na ito ay may mahalagang papel sa administrasyon ng paaralan dahil naglalayong bigyan ng malalim na pagunawa ang mga lider sa mga proseso at karanasan ng *education earners*. Sa pamamagitan nito, ang administrasyon ay magkakaroon ng mas malinaw na larawan sa mga pangangailangan at hamon ng mga *education earners* na nagbibigay-daan sa kanila upang makapagbigay ng suporta.

**Sa mga Guro**, ang pananaliksik na ito ay mahalaga para sa mga guro dahil magbibigay ito ng malalim na pag-unawa sa mga proseso at karanasan sa kanilang pagkuha ng *board examination*. Sa pamamagitan nito, ang mga guro ay magkakaroon ng mas malinaw na pang-unawa sa mga hakbang na maaaring kanilang tahakin at mga oportunidad na maaaring kanilang salihan upang palawakin ang kanilang kaalaman at kasanayan. Ito ay naglalayong magbigay ng inspirasyon at gabay sa mga guro sa kanilang paglalakbay tungo sa pag-unlad at tagumpay sa larangan ng pagtuturo.

**Sa mga Mag-aaral,** inaasahang ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa mga mag-aaral dahil magbibigay ito ng malalim na pag-unawa sa mga proseso at karanasan ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination*. Sa pamamagitan nito, ang mga *education earners* ay maaaring mapabuti ang kanilang mga pamamaraan sa pagkuha ng *board examination* at magkaroon ng mas malawak na kaalaman at kasanayan upang maibahagi sa mga mag-aaral. Ito ay naglalayong magdulot at magbubunga ng positibong epekto sa pag-unlad at tagumpay ng mga mag-aaral.

**Sa mga Mananaliksik sa Hinaharap,** makatutulong sa mga mananaliksik sa hinaharap ang karagdagang impormasyong makukuha sa pag-aaral na ito. Magsisilbi itong lunsaran sa pangangalap ng datos na may kaugnayan sa kanilang ginawang pananaliksik.

## Katuturan ng Katawagan

Ang mga sumusunod na katuturan ng mga katawagan ay binigyan ng operasyunal at konseptwal na pagpapakahulugan upang malaman ng mga mambabasa o mananaliksik ang mga salitang ginamit sa pag-aaral na ito:

***Education earners*****.** Ito ay tumutukoy sa mga taong may digri at gustong kumuha ng panibagong kurso, ang pagtuturo. Ito rin ay tumutukoy sa karanasan ng taong kumukuha ng edukasyon bilang pangalawang propesyon. Kung saan inaalam kung paaano nila inaasahan ang kanilang tungkulin, kanilang karanasan sa pagtuturo at maglipat ng kaalaman sa mag-aaral (Blazquez et al., 2019).

***Board Examination*****.** Tumutukoy saampropesyunal na eksaminasyon na kinukuha nga mga nagsipagtapos ng kursong edukasyon, kriminolohiya, inhenyero, *accountant*, *nars* at iba pa upang maging

isang lisensyadong propesyunal. Nakasaad dito sa *Republic act no. 7836* o *"Philippine Teacher's Propfessionalization Act of 1994* "ay tungkol sa pagpapatibay at pagpapatatag ng pagtuturo sa pilipinas at ang pagkuha ng *Licensure Examination* para sa mga guro iba pang layunin (DepEd Order, 1994).

***Multiple-Case Study*.** Ito ay gagamitin bilang dulog sa pag-aaral upang makakuha ng mas malalim na kaalaman at makakuha ng masusing pag-unawa sa mga karanasan ng *education earners.* Ito ay nagsasagawa ng pagsusuri sa ilang kaso upang makakuha ng mas malawak na pang-unawa at impormasyon na maaaring suriin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga kaso (Baxter et al., 2008).

**Limitasyon at Delimitasyon**

Ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay naglalayon lamang sa paglahad at pag-unawa sa mga karanasan ng *education earners* sa iba't ibang yugto ng kanilang mga karera at pagkamit sa edukasyon, partikular na nakatuon sa kaso ng *education earners* na BSOA sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology; earner* na BSBA sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*; at *earner* na BPA sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*. Bagama't mahalaga ang pagkuha ng *board examination* para sa pagdagdag ng propesyon, hindi maiiwasan ang mga hamon na maaaring kinakaharap ng isang *education earners* ay siyang matutuklasan natin sa kabila ng kanilang paglalahad ng kanilang karanasan. Sa pagsasagawa ng *case study* na ito, nilalayon mag-ambag sa umiiral na kalipunan ng kaalaman sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga salik na nakakaimpluwensya sa mga landas ng *education earners* at pagtuklas kung paano naiiba ang mga karanasan ng bawat kaso ng mga *education earners*. Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa tatlong (3) *education earners* sa pagkuha ng *board examination.*

Dagdag pa, ang isa pang posibleng limitasyon ng pag-aaral na ito ay ang maliit na bilang ng mga kalahok na siyang kinikilala ng mananaliksik bilang kahinaan na magiging hadlang na makuha o makamit ang inaasahan na pangkalahatan ng pag-aaral na ito kung kaya't ang mga datos ay limitado lamang sa mga tugon at karanasan ng mga kalahok na mga guro na bilang mga respondente ng pag-aaral na ito, na maaari ang mga resulta ay hindi sapat na suportahan ang mga sinasaad ng pagkakaroon ng wastong konklusyon ng problemang pinag-aaralan. Panghuli, ito ay limitado sa paaralan ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* nang sa ganoon matiyak na ang pag-aaral ng mga karanasan ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination* ay madaling makapaghatid ng pagkakataon na ganap na maisagawa ang pagaaral. Bilang karagdagan, ang mga natuklasan ng pag-aaral ay maaaring hindi kasama ang mga karagdagang paksa na dapat saklawin sa malalim na mga panayam dahil ang mga ito ay limitado lamang sa mga opinyon at kaalaman ng mga kalahok tungkol sa kanilang mga karanasan, mekanismo ng pagharap sa suliranin, at mga pananaw. Ang kanilang mga tugon ay itatala, susuriin at gagamitin lamang bilang isang eksklusibong impormasyon upang matugunan ang mga tanong ng pag-aaral na ito.

## Kabanata 2
## METODOLOHIYA

Sa kabanatang ito ay ipapakita ang metodolohiya ng pag-aaral ng magpapaliwanag sa disenyo ng pananaliksik, tungkulin ng mananaliksik, mga partisipante sa pananaliksik, tungkulin ng mananaliksik, mga pamamaraan sa paglikom ng datos at pag-analisa sa datos. Kalakip din dito ang pagkakatiwalaan ng pag-aaral at etikal na konsiderasyon.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na gumagamit ng *multiple-case study* bilang isang dulog sa pag-aaral. Ang kwalitatibong pananaliksik ay nangongolekta at nagsusuri ng di-numero na datos, tulad ng mga panayam, upang maunawaan at maipaliwanag ang mga konsepto, opinyon, at karanasan. Ito ay gabay at suporta sa pagbuo ng haypotesis gamit ang malalim na pag-aaral sa maliliit na grupo. Ang resulta ay isang komprehensibo at detalyadong pananaw sa mga damdamin at kaisipan ng isang tao. Ang isang kwalitatibong pag-aaral ay nagsasangkot sa isang maliit na sample ng mga kalahok batay sa pamantayan na tinukoy ng mananaliksik. Ang paggamit ng mga pamamaraan sa kwalitatibong pananaliksik ay siyang nagbibigay ng malalim na pananaw ng sa ganoon ay mas maunawaan ang paksa sa pananaliksik (Government Design Manual, 2016).

Kaya, ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong teknik upang mas masuri ng malalim, maunawaan, at maipailawanag ang mga karanasan ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination*. Ang disenyo ng kwalitatibong pag-aaral na ito ay pinakaangkop na disenyo ng pananaliksik dahil uunawain at ipapaliwanag ng mananaliksik ang mga karanasan, pananaw, mga hamon at mekanismo sa pagharapnito ng kaso ng *education earners* sa pamamagitan ng direktang tugon nila patungkol sa kanilang pagkuha ng *board examination.* Bibigyang-daan nito ang mananaliksik na matagumpay na makakuha ang may-katuturang impormasyon mula sa mga kalahok na higit pang organisahin, ituturing, susuriin at isa-tema upang maihatid ang sentrong kahulugan nito upang magbigay ng komprehensibo at detalyadong paglalarawan ng mga resulta ng pag-aaral.

Ang isang maramihang pag-aaral ng kaso o *multiple-case study* ay nagsasangkot ng pagsusuri ng maraming mga kaso, na mga *bounded system* o mga yunit ng pagsusuri. Ang bawat kaso ay maaaring kumatawan sa isang indibidwal, isang grupo, isang organisasyon, o kahit isang kaganapan o penomenon. Ang layunin ng pagsasagawa ng maramihang pag-aaral ng kaso ay pataasin ang lawak at lalim ng pag-unawa sa pamamagitan ng paghahambing at pagkakaiba ng iba't ibang mga kaso. Ang pagsusuri sa ilang mga kaso ay nagbibigay ng mananaliksik upang siyasatin ang mga pagkakaiba-iba sa loob at labas ng mga kaso. Ang layunin ng dulog na ito ay upang kumpirmahin ang mga resulta sa mga sitwasyon dahil magkakaroon ng paghahambing, mahalaga na ang mga kaso ay dinidinig sa maingat na pagpili upang ang mananaliksik ay makasisigurado na ang maihahambing na mga resulta sa kabuuan mga pangyayari, o ang magkasalungat na resulta ay mapagkakatiwalaan alinsunod sa isang pagsusuri (Yin, 2003).

Sa pag-aaral na ito, ang *multiple-case study* ang ginamit bilang dulog sa disenyong kwalitatibong pananaliksik. Ito ay mahigpit na sinunod sa pagsisiyasat upang makakuha ng mas malalim na kaalaman sa isang kaso. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay makakuha ng masusing pag-unawa sa mga karanasan ng *education earners*, partikular na sa partisipante sa *multiple-case* na pag-aaral (1) *earner* na BSOA sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, (2) earner* na BSBA sa *Kapalong College of Agriculture and Sciences and Technology* at (3) *earner* na BPA sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*. Bukod pa rito, ang pamamaraang ito ay walang alinlangan na makatutulong upang maunawaan kung paano hinarap at nalampasan ng mga kalahok ang mga hadlang at kahirapan na kanilang naranasan sa kanilang paglalakbay sa kanilang pagkuha ng *board examination* bilang dagdag sa kanilang propesyon. Gayunpaman, dahil naunawaan at naipaliwanag ng mananaliksik ang mga ideya, pananaw, at karanasan ng kaso ng *education earner* batay sa iba't ibang sitwasyon nakanilang kinasasangkutan, ang *multiple-case study* ang pinaka-nauugnay na dulog ng pananaliksik. Ito ay magiging posible para sa mananaliksik na makakuha ng mga nauugnay na datos mula sa mga kalahok,

na kung saan ay higit pang organisahin, susuriin, at isa-tema upang maipahayag ang pangunahing kahalagahan nito at magbigay ng masinsinan at malawak na pagsasalaysay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Ang isang mananaliksik sa isang kwalitatibong pag-aaral ay may tungkulin na kailangang gampanan na isang napakahalagang salik na kinakailangang ikonsidera para sa ikatatagumpay ng isang pagsisiyasat sa anumang uri ng pananaliksik (Creswell, 2013). Ang mananaliksik ay kilala bilang isang instrument na nakipagtulungan at nakipag-ugnay sa mga kalahok sa pangangalap ng datos kung kaya sa pag-aaral na ito, responsibilidad ng mananaliksik na mapanatili ang maayos na proseso at pamamaraan sa pagsagawa ng pag-aaral na ito at mahalagang isaisip ang kapakanan ng mga kalahok o impormante. Nakasalalay sa mga kamay ng mananaliksik ang kanilang kabutihan at kapakanan at ang isa pang maituturing kong pangunahing tungkulin ay maisagawa nang mabuti at magampanan ang papel at obligasyon nang maayos. Gayunpaman, ang mananaliksik ang siyang nangolekta ng datos at nagsilbing inspektor ng mga napiling kagamitan sa pagaaral na ito gamit ang pamamaraang *multiple-case study*. Ang mananaliksik ay hindi lamang nagsagawa ng pagsusuri kundi nagsilbi rin bilang isang taga-panukala, taga-ebalweyt, taga-enkowd, at tagasalin. Sa pangkalahatan, ang lahat ng nabanggit na mga responsibilidad ng mananaliksik ay naglalayong mabigyan ng kasagutan ang mga katanungan sa pananaliksik na ito.

Bukod pa rito, ang mananaliksik ay nangolekta at nagtala ng mga datos sa panahon ng panayam at kanyang isinasalang-alang ang paghingi ng pahintulot sa anyong pasulat na kung saan nakasaad sa liham ang mga pagsaalang-alang na etikal ukol sa pagsagawa ng pananaliksik. Sa ginawang panayam ay itinala ang mga sagot ng mga kalahok gamit ang mga audio recorder o telepono, at binigyang-diin ang mga paglilitis upang matiyak ang wastong pagpapalitan ng mga ideya at impormasyon. Pagkatapos, isinatitik ang mga datos nang walang labis o pagkukulang, nagtalaga ng *anonymity* o itinago ang kanilang mga pagkakakilanlan sa mga kalahok at hinikayat ang mga pangunahing kalahok na magsalita sa anumang wika o diyalekto na komportable sila.

Sunod naman, sinuri ng mananaliksik ang mga datos upang maunawaan ang kabuoang salaysay at makabuo ng mga tema para sa isang mas komprehensibong presentasyon at hihingi ng tulong sa kanilang *research adviser* at mga miyembro ng *panel* upang matiyak ang maingat na pagsusuri.

Panghuli, ang mananaliksik ay nagpatunay o nagkumpirma sa mga datos mula sa *education earners* na kinasasangkutan ng BSAO, BPA at BSBA batay sa kanilang pagkuha ng *board examination*. Napatunayan ang katumpakan ng kanilang mga sagot, nagpatibay ito sa kredibilidad ng pag-aaral.

**Mga Partisipante sa Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ang mga napiling kalahok ay tatlong *education earners* sa *Kapalong College of Agriculture and Sciences and Technology* na may iba't ibang karanasan sa kanilang paghahanda para sa pagkuha ng *board examination*. Ang mga tugon o sagot ng mga partisipante ay kinuha sa pamamagitan ng panayam o interbyu. Pinili sila batay sa paraan ng *non-probability sampling*, partikular ang *purposive sampling*, ito ay isang pamamaraan na malawakang ginagamit sa kwalitatibong pag-aaral upang matukoy at pumili ng mga kaso na mayaman sa impormasyon na mayroong espesyal na katangian o kahalagahan para sa pagsusuri batay sa layunin ng pananaliksik at ang kakayahan nito para sa pinakamabisang paggamit ng limitadong mapagkukunan, tulad ng oras, salapi, at pagod ng mananaliksik. (Patton, 2002). Ito ay nagsasangkot ng pagtukoy at pagpili ng mga indibidwal o grupo na may katangi-tanging kaalaman o karanasan sa isang makabuluhang interes (Creswell & Plano Clark, 2011).

Ang layunin ng sampling na ito ay ang pagpili ng mga kalahok na may tunay at mayamang karanasan sa pagkuha ng *board examination*. Kaya naman, ang pamantayan ng mga kalahok ay: (1) *earner* na BSOA; BSBA; BPA at (2) *earner* na BSBA sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*.

Bukod dito, tatlo (3) lamang ang napili sa mga kalahok na ito, bawat isa ay kumakatawan sa isang natatanging kaso. Bukod pa rito, sila ay *education earners* s tungo sa pagdagdag kaanilang propesyon. Ang mga naging pamantayan sa pagpili ng mga kalahok ay ang mga sumusunod:

Ang unang kaso sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang *earner* na BSOA ng *Kapalong College of Agriculture and Sciences and Technology*. At pangunahing tagapagbigay impormasyon sa kasong ito ay magulang ng respondente. Sila ay nagpahayag sa mga hamon na kinakaharap ng kanilang anak at magbibigay kaalaman kung paano ito nakaaapekto sa pagkuha ng board examination partikular sa paksaing Filipino.

Ang pangalawang kaso sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang *earner* na BSBA ng *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*. At ang respondente na kung saan nailahad ang karanasan na hinarap sa kanyang kaibigan. at makapagbigay ng kaalaman sa suliraning dinanas nito sa pagkuha *ng board examination* partikular sa paksaing Filipino.

Ang pangatlong kaso sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang earner na BPA ng *Kapalong College of Agriculture and Sciences and Technology*. At ang pangunahing impormasyon sa kasong ito ay ang kapatid ng respondente. Sila ang nakpaagsabi ng mga suliranin na pinagdaanan ng kanilang kapatid at nailahad ang mga nakatulong upang malampasan ang hamon sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino.

**Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Ang mga sumusunod na hakbang ay ginamit sa pangangalap ng datos: Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral gayundin ang pag-apruba. Pagkatapos na matukoy ang mga kalahok ay hiningi sa kanila na basahin at unawain ang klase ng pahintulot at uri ng kasunduan bago sila pumirma upang matiyak na ang kanilang pakikilahok sa aking pananaliksik na pag-aaral ay boluntaryo at hindi pinilit. Ang mga *form* na ito ay naglalaman ng kondisyon na nagsasaad na ang partisipasyon ng impormante ay boluntaryo, na sila ay handa na magbigay ng kanilang kaalaman na mahalagang kailangan sa tagumpay ng pag-aaral na ito.

Sa isang panimulang yugto, pinangunahan ng mga kalahok ang pagbigay ng oryentasyon kung saan binalangkas ng mananaliksik ang layunin ng panayam, ang haba at pagiging kumpidensyal nito. Isinaalang-alang din na ang nga impormante at ang mananaliksik ay nakakuha ng parehong benepisyo sa pag-aaral na ito. Sunod naman, binigyan ng pagkakataon ang mga impormante na ilabas ang kanilang mga persepsyon batay sa kanilang mga karanasan na magiging malaking bahagi sa pagtatagumpay ng pag-aaral na ito at makatulong sa pagpapalaganap ng mga matutuklasan ng pananaliksik para sa mga layuning pangakademiko (Patton, 2002; Creswell, 2013).

Bukod pa rito, nagmungkahi ng pagsasagawa ng mga panayam na may epektibong pagtatanong sa pamamagitan ng *face-to-face* o *online interview* at paggamit ng isang *cellphone* upang itala ang mga tugon ng mga kalahok. Ang mga naitalang datos ay isinalin ng mananaliksik at sinuri ayon sa mga prinsipyo ng *Thematic analysis* upang makuha ang mga umusbong na tema. Ang mga temang ito ay ibinigay sa isang tagasuri ng datos para sa pagpatunay at pag-apruba.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Ang lahat ng datos na aking nakakalap ay sinuri gamit ang *Thematic Analy*sis. Ang *thematic analysis* ay isang paraan na nagbibigay ng isang sistematikong elemento sa pagsusuri ng data. Pinapayagan nito ang mananaliksik na iugnay ang pagsusuri ng dalas ng isang tema sa isa sa buong nilalaman.
Samakatuwid, ang mga interpretasyon ng mga kalahok ay nakatulong sa mga tuntunin ng pagbibigay ng pinakaangkop na mga paliwanag para sa kanilang mga pag-uugali, kilos, at kaisipan. Tulad ng inilarawan, ito ay may mga yugto ng ugnayan; pagbabawas ng datos, pagpapakita ng datos at mga konklusyon ng datos na lahat ay kapaki-pakinabang para sa pagguhit at pagsigurado ng mga datos na nakolekta (Marks & Yardley, 2004).
Higit pa rito, ang pagbawas ng datos ay tumutukoy sa proseso ng pagpili, pagtutok, pagpapasimple, pag-abstract, at pagbabago ng datos na lumilitaw sa mga tala sa transkripsyon na nagbibigay-daan na ayusin ang mga datos at bawasan ang dami nito sa isang madali at napapamahalaang paraan
Gayunpaman, humihingi ang mananaliksik ng tulong ng isang dalubhasa na may partikular na interes sa paghawak, pag-uuri, at pag-aayos ng malalaking datos upang maayos at mahusay na pamahalaan ang mga datos (Creswell, 2003). Kasama sa paglahad ng impormasyon at pangolekta at paggamit ng datos. Ang pagbawas ay hindi napaghihiwalay dahil pinupunan nito ang nakaraang yugto. Higit pa rito, ang paglahad ng impormasyon nang mas organisado at siksik na koleksyon ng impormasyon ay may layuning maunawaan ang mga nakalap na impormasyon.
Bukod pa rito, ang pag-ayos ng datos ay nakatulong na ayusin ang mga konsepto at kaisipan mula sa mga kalahok. Ang ikatlong hakbang ay upang gumuhit ng mga datos at konklusyon at upang mapadali ang pagsasaayos ng mga konklusyon sa isang kwalitatibong pag-aaral, inirerekomenda ang paggamit ng ilang amga punto. Kabilang dito akng: notasyon ng paksa at konteksto ng paglalarawan, lalo na kung magkapareho o magkasalungat ang mga ito; igrupo o tukuyin ang mga kategorya ng impormasyon na maaaring pagsama-samahin; tukuyin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga salik at mga baryabol; dapat makatutulong sa pagbuo ng konseptwal na pagkakaugnay at pagkakaugnay, at sa huli ay isaalang-alang ang bisa ng mga resulta na akma sa teoretikal na balangkas ng pag-aaral (Miles & Huberman, 1994).

**Pampagkakatiwalaan sa Kawastuhan ng Pag-aaral**

Sa paggawa ng kaso na pag-aaral (*case study*), isinaalang-alang ng mananaliksik ang bawat aspekto ng datos. Maingat na isinaalang-alang ang lahat ng mga detalye ng datos at sinuri ng mananaliksik ang lahat ng mga transkripsyon at ang kahalagahan ng datos na nauugnay sa bawat isa sa kanilang mga tema.
Isinagawa ng mananaliksik ang pag-aaral na ito alinsunod sa mga na pamantayang etikal: (a) credibility; (b) transferability; (c) dependability at (d) confirmability. Pinayuhan na ang mga kinakailangang ito ay isaalang-alang sa panahon ng pagpaplano, pag-oorganisa, at pag-uulat ng mga yugto ng isang pag-aaral upang matiyak ang pagiging maaasahan (Elo et al., 2014).
Ang **kredibilidad** (*credibility*) ay ang sumusunod na aspekto ng pagiging mapagkakatiwalaan. Ang pagiging may kredibilidad sa mga salita ayon kina (Lincoln& Guba, 1985), ay maihahambing sa pamantayan ng pagiging maaasahan sa isang kwalitatibong pamamaraan sa pananaliksik. Kapag ang isang pag-aaral ay sumusunod sa mga kinakailangan sa pamantayan ng pagiging may kredibilidad ay maaaring isahan na ang mga natuklasan ay karaniwang akma sa kung ang isa pang mananaliksik ay sumusubok na kopyahin ito gamit ang parehong mga pamamaraan at mga pangyayari (Shenton, 2004).
Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ipakita ang pagiging kredibilidad sa pamamagitan paggalugad ng mga karanasan ng aking nga kalahok bilang isang layunin ng makatotohanang paglalarawan at pag-alam sa detalyeng makatotohanan. Gayunpaman, isasagawa ang *In-depth* na panayam na kumukuha ng mga

ideya sa mga karanasan ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board examinaton* na siyang magsisiwalat sa kanilang paglalakbay patungo sa kanilang propesyonal na pag-unlad. Sunod, itatanong ko sa aking mga kalahok ang kanilang mga karanasan, pamamaraan sa pagharap ng kanilang mga hamon sa kanilang karanasan at ang kanilang mga personal na pahayag. Kailangan din na masigurado ng mananaliksik na napapanatili ang bisa at kredibilidad ng pag-aaral, kung saan susuriin nito kung ang mga nakalap na datos ay sapat, maayos at akma sa karanasan ng *education earners.*

Upang matiyak na ang pundasyon ng pananaliksik at mga datos ay bumubuo ng isang saklaw ng pag-aaral, isaalang-alang ang natuklasan ng pagtatanong na may **kakayahang maglipat** (*transferability*) sa kabila ng hangganan. Ang kakayahang maglipat ay tumutulong sa pagkumpleto ng nauugnay na pagsusuri sa pagpapatibay at mga tulong sa paghahambing at kaibahan (Shenton, 2004).

Sa kabilang dako, para matugunan ang transisyon o kakayahang maglipat sa pag-aaral na ito, nagdagdag ang mananaliksik ng ilang mga dokumento sa pagsusuri ng datos sa *Appendix*. Ang mga dokumentong ito ay ginamit upang makahanap ng sagot sa tanong sa pananaliksik at magbigay ng mga potensyal na paraan para sa karagdagang pananaliksik. Ito ay nagbigay-daan sa ibang mga mananaliksik na gamitin ang mga konklusyon o rekomendasyon bilang panimulang punto para sa kanilang sariling pag-aaral.

Ang pagsaklaw sa parehong interes na mga diskarte sa pananaliksik ang dahilan kung bakit **maaasahan (***dependability)* ang isang bagay. Ang pagiging maaasahan ay isang kakaibang katangian na nagbibigay-daan para sa mga karagdagang pagsusuri at inaasahang replikasyon ng pag-aaral (Shenton, 2004).

Mahalagang bahagi ang **pagkumpirma** (*confirmability*) na kasabay sa pag-iral ng *Triangulation* na kung saan ay ang paggamit ng ilang mga diskarte o sanggunian ng mg datos ay makakuha ng isang masusing pag-unawa sa mga kaganapan at bawasan ang epekto ng mga paniniwalang nabuo ng mga imbestigador bago magkaroon ng sapat na impormasyon o karanasan (Shenton, 2004).

Sa bahaging ito, natugunan ng mananaliksik ang pagiging maaasahan at kumpirmasyon. Isinaalang-alang ng pag-aaral na ito ang katiyakan sa pagkuha ng tumpak na impormasyon, upang masubaybayan ang sinasabi ng mga tao at mapanatiling lihim ang kanilang pagkakakilanlan. Pagkatapos ng transkripsyon ng audio tape, ibinalik ang mga teksto sa mga kalahok at hihilingin din nila sa mga ito na suriin ang impormasyon at lagdaan ang isang form upang kumpirmahin ito. Ang isang taong mahusay na nakakaalam ng wika ay susuriing muli ang impormasyon. Pagkatapos ng lahat, maingat na sinuri ng awditor ng mga mananaliksik ang *audit trail* kasama ang mga orihinal na kopya mula sa panayam at ang mga dokumento ng pagsusuri ng datos. Sinuri ng awditor ang pagiging maaasahan at pagkukumpirma ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpirma sa liham ng pagpapatunay para matiyak na tama ito.

Tiningnan ng mga dalubhasa ang lahat ng impormasyong nakolekta at bumubuo ng mga interpretasyon at teorya. Sa pamamagitan ng malalim na paglalarawan ng *multiple-case* na pag-aaral na isinagawa sa mga naunang pananaliksik, nagiging mas matatag ang pag-aaral sa aspeto ng pagiging mapagkakatiwalaan, kredibilidad, kakayahang mailipat, maaasahan at pagkakaayon ng pag-aaral.

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang relasyon sa pagitan ng mga mananaliksik at ng publiko ay tinugunan ng pag-aaral ng etika ng pananaliksik. Lumitaw mula dito na ang pangunahing priyoridad sa pananaliksik ng tao ay ang kabutihan at seguridad ng mga kalahok sa pag-aaral. Ang pag-uugali ay sumunod sa mga prinsipyong etikal, at ang mga ito ay ang mga sumusunod: paggalang sa mga tao, kapakinabangan, katarungan, kapahintulutan, at kompedensyalidad. Bukod pa rito, upang matiyak ang kaligtasan ng mga kalahok, ang pagkuha ng

kanilang buong pahintulot, pag-iingat sa kanilang pagiging pribado, at pagkamit ng kanilang respeto (Mack et al., 2005).

Ang unang prinsipyong etikal ay ang **paggalang sa mga tao,** tungkulin ng mananaliksik na tratuhin ang bawat indibidwal nang may paggalang at iwasang mabiktima ng kanilang mga kahinaan nang sa ganoon mapanatili ang magandang relasyon, tiwala, at kumpiyansa sa pagitan ng mga kalahok at ng mananaliksik at maiwasan ang pagiging makasarili sa pagkamit ng pansariling layunin sa pananaliksik (Creswell 2012). Sa pag-aaral na ito, mahalagang makuha ang pahintulot ng mga partisipante sa pamamagitan ng informed consent bago ang pagsasagawa ng pag-aaral o ang aktuwal na panayam upang maipakita ang paggalang sa bawat partisipante ng pagaaral na ito na nagbibigay ng malinaw at detalyadong impormasyon tungkol sa layunin, proseso, potensyal na panganib, benepisyo at iba pang aspeto ng pag-aaral. Ang mga partisipante ay dapat magkaroon ng sapat na impormasyon upang makapagdesisyon nang malaya bago sila magpasya ukol sa pakikilahok sa pag-aaral. Bilang karagdagan, ang bawat opinyon at saloobin ng bawat kalahok ay igagalang at bago magsimula ang panayam ay hihingi ng pahintulot ang mananaliksik na itala ang buong pag-uusap at lahat ng mga tugon ng mga kalahok bilang respeto at makuha ang kanilang loob na magtiwala sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito.

Ang pangalawang prinsipyo ay tumutukoy sa ***beneficence* o kabutihan**, na naglalayong mapanatili ang kaligtasan at proteksyon ng mga kalahok, isinasaalangalang din ang pagbawas sa mga potensyal na panganib at bigyang prayoridad angkabutihan ng bawat kalahok. Bukod dito, maingat na tinitiyak ang pagiging anonymous sa pagkakakilanlan ng bawat kalahok upang hindi sila maibangga sa anomang panganib. Bilang karagdagan, kailangan na protektahan ang mga kalahok, kaya't ang bawat impormasyon ay panatilihing maayos at hindi mailagay sa anomang panganib (Bricki & Green, 2007).

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay titiyakin ang kaligtasan ng lahat ng mga kalahok habang nakikipanayam sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa paghahanap ng ligtas na lokasyon kung saan ang mga kalahok at mananaliksik ay maaaring magsagawa ng isang aktuwal o harapang panayam. Sisiguraduhin ang pagiging kumpedensyal ng mga impormasyong nakalap upang maiiwasan ang mga negatibong resulta o kahihinatnan katulad ng kahihiyaan na nagdudulot ng problema sa aspeto ng sikolohikal ng isang tao. Bukod pa rito, bibigyan ng kalayaan pagkakataon ang bawat kalahok na sabihin ang kanilang gusto o ninanais na sagot na walang bahid ng pangungutya, panghuhusga at diskriminasyon upang manatili ang kanilang kapakanan at mapangalagaan ang kanilang seguridad at proteksyon.

Higit pa rito, ang mga datos na makakalap mula sa pananaliksik na ito ay pakikinabangan ng administrasyon ng paaralan, mga guro, mga mag-aaral at mgamananaliksik sa hinaharap dahil ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring maging batayan sa pagpapalawak ng kaalaman at kakayahan nila upang mapalakas ang pagpapahalaga nila sa kanilang propesyon at maengganyo sila na patuloy na magaral at magpabuti ng kanilang mga kasanayan.

Ang ikatlong prinsipyo ay ang **katarungan** na nagpapakita ng pagpapahalaga sa makatwirang pagtasa ng mga panganib at benepisyo bilang resulta ng pananaliksik. Mahalaga na kilalanin ang mga kontribusyon ng lahat ng kalahok at bigyan sila ng tamang pagkilala. Hindi nararapat na maglaan ng gastusin sa anumang halaga ang mga kalahok sa panahon ng interbyu. Ang pagbibigay ng matinong token ay nagpapakita ng pagkilala sa kanilang mga pagsisikap (Bloom &Crabtree, 2006).

Sa pag-aaral na ito, layunin na palayain sila mula sa negatibong karanasan bilang mga guro at mapanatili ang kanilang magandang reputasyon sa pamamagitan ng positibong ambag nila sa pananaliksik na ito. Ang mga pamantayang etikal ay nagtataguyod ng mga pagpapahalagang pagtutulungang gawain tulad ng pagtitiwala, pananagutan, paggalang at pagiging patas. May mga legal na patakaran na kinakailangan na

susundin kung saan kasama dito ang batas sa proteksyon ng datos at ang mga naaangkop na bagay na dapat gawin sa mga mananaliksik na nakikipagtulungan sa grupo ng mga tao.

Ang ika-apat na prinsipyo ay ang **kapahintulutan**, naglalayong bigyang pahintulot ang lahat ng mga partisipante upang maunawaan ang layunin ng pagaaral na kanilang sasalihan. Ang pagbibigay ng pahintulot na nakasulat ay nagbibigay ng kanilang pagsang-ayon. Matapos nilang pumayag, sila ay aktibong makikilahok sa malalim na panayam at mga indibidwal na talakayan. Higit sa lahat, sila ay binibigyan ng impormasyon tungkol sa mga resulta at natuklasan ng pag-aaral (Creswell, 2012).

Sa pag-aaral na ito, mahalagang makuha ang pahintulot ng mga partisipante sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na gumawa ng malaya at kusang desisyon sa paglahok para sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, bilang pagsunod sa mga etikal na konsiderasyon na kailangang isaalang-alang. Bago magsimula ang aktuwal na panayam ay ipapaalam ng mananaliksik sa mga kalahok na sila ay may karapatang magtanong sa panahon ng pakikipanayam, karapatang tumanggi na sagutin ang mga sensitibong tanong at bigyan ng kalayaan ang kalahok na umayaw o iwanan ang panayam nang walang anomang hinihinging paliwanag mula sa kanila. Mahalaga na ang mga kalahok ay ganap na igagalang, poprotektahan at uunahin ang kanilang karapatan sa pagpili kung lalahok o hindi sa panayam. Gayundin, ipapaalam ng mananaliksik sa mga kalahok na sila ay may karapatan na bigyan ng impormasyon tungkol sa mga resulta at natuklasan ng pag-aaral.

Ang panghuli, na tinatawag na **kompedensyalidad,** ay nangangahulugang itinatago ang mga personal na pagkakakilanlan ng mga partisipante. Ang paggamit indibidwal na kasali. Lahat ng materyales tulad ng mga audiotape, naka-enkowd, ng mga palayaw ay inirerekomenda upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga mga kopya, mga tala, at iba pa ay dapat sirain matapos ang pagsusuri ng mga datos. Magiging maingat sa mga tanong at bibigyan ng malaking halaga ang respeto sa mga kalahok sa pananaliksik na ito (Maree & Van Der Westhuizen, 2007).

Sa pag-aaral na ito, dapat tiyakin na ang mga indibidwal na kasali sa pananaliksik ay mapangalagaan ang kanilang pagkapribado at kumpidensyalidad. Ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng paggamit ng mga palayaw o paggamit ng mgapseudonym ng mga partisipante upang hindi sila maging kilala o makilala upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok at ang mga datos ng pananaliksik ay dapat itago at sirain nang tatlong taon pagkatapos makumpleto pananaliksik.

## Kabanata 3
## RESULTA

Ang pag-aaral na ito ay isang *multiple case study* at ang mananaliksik ay naglalayong galugarin ang magkakaibang sitwasyon sa bawat kaso ng tatlong partisipante. Sa bawat kaso, ang isang impormante ay hiniling na tumugon sa mga sumusunod na katanungan na kung saan ay hinahangad na sagutin ng pag-aaral na ito. Dahil sa likas na katangian ng pag-aaral, lahat sila ay nakamit ang mga kinakailangan o pamantayan sa pagpili sa kanila bilang mga kalahok. Lahat ng mga kalahok *ay education earners ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* Ang mga tanong sa pananaliksik ay sinagot gamit ang mga datos na nakolekta sa pamamagitan ng *In-depth interview* na isinagawa nang tatlong partisipante batay sa bawat kaso na kanilang kinasasangkutan. Kasunod nito, nabuo ang mga tema gamit ang parehong mga kaso at pagsusuri sa *cross case* na maingat na sinusunod para sa kapakinabangan ng pananaliksik.

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng mga detalye ng mga resulta ng pagsusuri upang masagot ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 1: Ano-ano ang mga karanasan na hinaharap ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino?**
**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 2: Paano nalampasan ng mga *education earners* ang mga hamon sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino?**
**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 3: Ano- ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa *earners* at sa pangkalahatan?**
Ang kabanatang ito ay nahahati sa mga sumusunod na seksyon. Para sa unang bahagi, tinatakakay nito ang datos na ibinigay ng mga kalahok na gamit upang makabuo ng isang kwalitatibong mga impormasyon. Ang ikalawang bahagi ay sumasalamin sa mga proseso ng pagsusuri ng datos pati na rin ang mga hakbang na kasangkot sa pagkategorya ng mga umusbong na tema batay sa mga resulta ng malalim na panayam o *In-depth interview* (IDI) sa bawat kaso. Ang ikatlong bahagi ay binabalangkas ang mga tugon na nakalap sa panahon ng pamamaraan ng pangangalap ng mga datos.

**Partisipante**
Ang mga kalahok sa pag-aaral ay tatlong *education earners* ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology. Ang mga kalahok ay 1 *earner* na BSOA,1 *earner* na BSBA at 1 *earner* na BPA. Ang lahat ng kalahok ay may kani-kanilang mga palayaw o *pseudonym* upang maprotektahan ang kanilang pagkakakilanlan bilang isang mga education earner para sa kanilang propesyonal na pag-unlad. Ang mga kalahok ay pawang mga *earner* ng *Kapalong College of Agriculture*. Sa pamamagitan nito, inilagay ng mananaliksik ang kanyang tiwala sa kanila na maibibigay nila ang hinahangad na katuklasan ng pag-aaral na ito.
Ang proseso ng pakikipanayam ay isinagawa sa loob ng kampus at kinausap ng mananaliksik ang mga kalahok tungkol sa kung saan nila gusto o saang lokasyon sila komportable na makapanayam. Ang bawat panig bilang isang tagapanayam at kinakapanayam ay parehong sumang-ayon sa bawat pasya at parehong nasiyahan o kontento sa naranasan o natanggap na resulta na nag-bukas sa isang tuluy-tuloy na daloy na komunikasyon sa tuwing kailangan ang mga dagdag o pagtatanong kapag hindi lubos na nauunawaan ang isang tanong ay isinasaalang-alang bilang may Karapatan ang bawat kalahok. Ang mga kalahok ay may opsyon na tumanggi na sagutin ang anumang tanong na itinuring nilang sensitibo o salungat sa kanilang desisyon. Ang mga datos na nakolekta sa panahon ng mga panayam ay pinanatili sa isang mahigpit na pagsusuri upang matiyak ang pagiging kumpedensyal at tanging ang mananaliksik at mga kalahok lamang ang may pribilehiyo sa anumang impormasyon na ipinahayag na hindi naisiwalat dahil sa likas na katangian ng pag-aaral. Upang makasunod sa paraan ng pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang kanyang *cellphone* bilang kapalit ng kinakailangan *tape rekorder* upang maitala ang mga tugon ng mga kalahok. Tinanong din ng mananaliksik ang bawat kalahok kung maaari siyang kumuha ng mga bidyo o larawan sa panahon ng mga panayam, ngunit magalang silang tumanggi at sa halip ay hiniling na i-rekord na lamang ng mananaliksik ang buong pag-uusap. Lahat sila ay sinang-ayon ang lahat ng kahilingan maliban sa isa; ang pagkakakilanlan ng bawat kalahok ay pananatilihing kumpedensyal o itago na lamang gamit ang palayaw o pag-aaral na ito upang mapangalagaan ang kanilang pagkapribado at kumpedensyal (Boyce & Neale, 2006).

**Kategorya ng mga Datos**

Ang mga talakayan na narekord sa pamamagitan ng *voice record* na siyang itinala, isinalin, at sinuri nang natapos na ang malalim na panayam o *in-depth interview (IDI)*. Sinimulan naman ng mananaliksik ang pagsusuri sa proseso ng koding.

Ang *coding data* ay tumutukoy sa proseso ng pag-oorganisa at pag-aayos sa mga nakolektang datos ng husay upang matukoy ang iba't-ibang mga tema at ang mga ugnayan sa pagitan ng mga ito. Ito rin ang proseso ng pagbabago ng nakolektang importansyon o mga obserbasyon sa isang hanay ng mga makabuluhan at magkakaugnay na kategorya at sa pamamagitan nito ang pagbubuod at muling paglalahad ng datos ay makapagbigay ng isang sistematikong salaysay ng naitala at naobserbahang penomenon.

**Talahanayan 1**
**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

| Cases | Palayaw | Kasarian | Edad | Function | Code |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Case 1:*** | Bini | Bini | 28 | Partisipante | IDI-01 |
| | katipunera | Babae | 52 | Impormante | IDI-02 |
| ***Case 2:*** | Diwata | Babae | 37 | Partisipante | IDI-O3 |
| | Sampaguita | Babae | 35 | Impormante | IDI-04 |
| ***Case 3:*** | Matalino | Lalaki | 38 | Partisipante | IDI-05 |
| | Rosas | Babae | 25 | Impormante | IDI-O6 |

Ang mga talakayan sa panayam ay narekord sa pamamagitan ng pagrekord ng kanilang boses o *voice record* na siyang itinala, isinalin at sinuri pagkatapos ng *in-depth interview (IDI).* Kung gayon, sinimulan naman ng mananaliksik ang pagsusuri sa pamamagitan g proseso ng *coding data.*

Ang *coding* ay isang pamamaraan ng pag-aayos ng mga nakolektang datos sa bawat bahagi ng teksto bago magbigay ng kahulugan sa mga impormasyon. Ang *coding technique* ay ginamit upang magbigay ng paglalarawan sa pinangyarihan ng isang tao gayundin ay susuriin ang mga nalikhang tema. Ang mga paksang ito ay ginamit upang tumulong sa pagbuo ng malawak ng paglalarawan ng mga phenomena na siyang sinisiyasat.

Para sa mga datos na ikinategorya, ang mga temang nabuo sa pamamagitan ng mga katarungan sa pananaliksik bilang mga pangunahing tema na umusbong sa pag-aaral. Ang mga tema na lumabas sa pag-aaral ay tinalakay at sinuri nang husto upang makapagbigay ng maayos na paglalarawan. Pagkatapos ay nakabuo ng isang konklusyon at pagpapatunay sa punto ng pag-aaral na kung saan umusbong ang mga ideya at mabuo ang mga natuklasan tungkol sap ag-aaral (Miles & Hubeman, 1994).

Ang mananaliksik ay nakatuon sa mga konstruksyon tulad ng kredibilidad, pagiging maaasahal, kakayahang ilipat at kumpirmasyon upang mapahusay ang pagiging pampagkakatiwalaan sa kawatan ng pag-aaral. Ginamit din ang pagpapatunay ng miyembro upang matiyak ang kredibilidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng kopya ng transkrip ng panayam para sa komento. Walang mga pagtuto na itinaas o ibinigay at sinigurado na nilagdaan ng bawat kalahok ang *form* ng kasunduan at pagpapatunay. Ang katotohanan na ang pag-aaral ay nagsasama ng higit sa dalawang pinagmulan katulad ng mga pagbabasa mula sa mga nauugnay na literature at mga kalahok na siyang pinapayagan para sa *triangulation* ng mga datos (Creswell & Miller, 2003).

Upang maitaguyod ang pagigng maaasahan at kumpirmasyon, ang mananaliksik ay nagbigay ng isang *audit trail* at binuo ito upang bigyan ang mga lupon ng mga tagasuri ng pagsusuri ng pag-aaral sa

pagkakataon na patunayan ang natuklasan, pagpapalagay at paliwanag sa isang phenomenon (Carcary, 2009).
Para naman sa mga tuntunin ng paglipat, ang mga pananaw na ito ay batay lamang sa sariling mga karanasan at tugon ng mga kalahok sa kung saan mismo ang indika [illegible] lang lokalidad. Gayunpaman, ang mananaliksik ay hinigpitan ang pagsasaalang-alang sa [illegible] mpirmasyon at pagiging maaasahan at ganon din ang pagtugon sa kakayahang maglipat [illegible] ito (Gempes et al., 2009).

**Kabanata 4**

***Case 1*- Bini**

Bini (Palayaw), ay isang *education earner* at siya ay dalawampu't siyam taong gulang babaeng earner sa *Kolehiyo sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology* (KCAST). Si Bini ay may katangiang pagtitiyaga at determinasyon upang malagpasan at harapin ang mga hamon na kaniyang naranasan sa kaniyang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination* bilang propesyonal na pag-unlad. Hindi niya natitiyak ang mga maaaring sa tinatahak niyang daan kung kaya lubos niyang inihanda ang kaniyang sarili sa kadahilanan may mga pagkakataon na hindi niya maiwasan na dalawin siya ng kahinaan at kalungkutan kapag na sa kalagitnaan ng pag-aaral, Sa kabila ng mga pagsubok at mga pagkakataong gustong sumuko, hindi siya nagpatinag. Sa halip, naglaan siya ng oras at pagsisikap upang pag-aralan ang mga kailangan para sa pagkuha ng *board examination.* Siya ay *earner* ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* sa taong dalawang libo't labing-siyam (2019). Ang naging dahilan ng pagkuha niya ng *board examination* ay para sa dagdag na kaalaman, pagbibigay ng kalinawan sa mga asignatura na unti-unting nakalilimutan at isa rin sa kaniyang dahilan ay pag-unlad ng kaniyang propesyon.

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 1: Ano-ano ang mga karanasan na hinaharap ng mga *education earners* sa pagkuha ng board examination partrikular sa paksaing Filipino?**

Batay sa unang katanungan sa pananaliksik maraming mga tema ang aking nahanap o mga temang umusbong. Ang mga sumusunod ay mga tema na lumabas mula sa mga sagot at karanasan ng mga kalahok na aking pinagnilayan at sinuri.

**Nahihirapan dahil sa mga Di-pamilyar na mga Salita**

Si Bini (palayaw) ay nag-aaral sa pagkuha ng *board examination* ngunit hindi madali sa kaniya. Isa sa mga pangunahing hamon na kaniyang naranasan nang siya ay kumuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino kung kaya nahihirapan siya sa kaniyang pag-aaral sa mga di- pamilyar na mga salitang Filipino.

*"kanang at first I'm not expecting na mahirap ang Filipino. So, during the examination maraming mga question na hindi ko maintindihan partikular sa paksaing Filipino dahil maraming mga words na hindi ako familiar." (IDI-01)*

(Sa simula, hindi ko inaasahan na mahirap ang Filipino. Kaya naman sa panahon ng eksaminasyon, maraming mga tanong na hindi ko maintindihan lalo na sa paksaing Filipino dahil maraming mga salita na hindi ako pamilyar.)

Pinagtibay ito ni katipunera (palayaw) na siya ay nahihirapan sa pag-aaral sa di- pamilyar na mga salitang Filipino. Sinasabi nito:

*"sa sukod pa jud sa pag review sa akong anak akoa jud nabantayan nga naglisod siya sa mga Filipino nga mga termeno. Maluoy ko magtan'aw sa akong anak nga naglisod kay nay time ato mehilak na siya kay wala na siya kasabot sa iyaha kaugalingon." (IDI-02)*
(Simula pa lang ng pag *review* ng aking anak napapansin ko na nahihirapan siya sa mga salitang Filipino nakakaawa na makita ang aking anak na nahihirapan. May mga araw na umiyak siya dahil hindi na niya nauunawaan ang kanyang sarili.)

**Nagkakaroon ng Takot na Hindi Makayanan ang Paksaing Filipino at Bumagsak**

Sa panahon ng pagsasagawa ng malalim na panayam, ibinunyag ni Bini (palayaw) na ang karanasan niya sa proseso ng kaniyang pagkuha ng *board examination* ay hindi naging madali lalong-lalo na tatakot siya bumagsak dahil hindi niya makayanan pag-aralan ang paksaing Filipino. Napatunayan ito nang ihayag niya na:
*"wala ko kasabot sa akoa kaugalingon dahil nakaramdam ako ng takot baka hindi ko makayanan ang Filipino subject during my board exam. That's why I'm really proud to those student na kumuha ng filipino major, dahil hindi biro ang mag-aaral sa sariling wika, marami tayong hindi alam kahit tayo'y isang Filipino marami tayong dapat matuklasan" (IDI-01)*
(Naguguluhan ako sa aking sarili dahil naramdaman ko ang takot na ba ka hindi ko kayanin ang paksaing Filipino sa *board examination.* Kayat' talagang ipinagmalaki ko ang mga estudyanteng kumuha ng kurso sa Filipino dahil hindi biro ang pag-aaral ng sariling wika. Marami tayong hindi alam kahit na tayo'y Pilipino, kaya marami pa tayong dapat
malaman.)
Ang kaniyang pahayag ay kinumpirma ni Katipunera (palayaw) na siya ay humaharap ng takot sa pagkuha ng board examination at hindi naging madali dahil mahirap pag-aralan ang paksaing Filipino. Ito ay kinumpirma niya:
*"akong na obserbahan sa akong anak maam grabe jud iyaha kahadlok kay basin daw dili siya maka answer sa panahon sa pag board exam.Maong grabe jud ka proud sa akong anak sa mga tao nga mokuha og Filipino major. Sa tinuod lang dili lalim mag Filipino major kay akoa jud mabantayan sa anak nga grabe ang kahadlok sa iyaha kaugalingon." (IDI-02)*
(Napapansin ko ang takot ng aking anak dahil ba ka hindi raw niya masagot ang mga tanong sa panahon ng *board examination*, kaya sobrang ipinagmalaki ko ang mga taong kumukuha ng kurso sa Filipino dahil sa totoo hindi madali ang pag-aral ng Filipino.)

**Nagpatuloy sa Pagkamit ng Pangarap Kahit may Pinansyal na Suliranin**

Sa panahon ng pagsasagawa ng malalim na panayam, ibinunyag ni Bini (palayaw) na ang karanasan niya sa proseso ng kaniyang pag-aaral ay hindi naging madali lalong-lalo na naging malaking hamon din sa kaniya ang pinansyal na aspeto ngunit nagpapatuloy pa rin siya sa pagkamit ng kanyang pangarap. Napatunayan ito nang ihayag niya na:
*"Isa sa mga problema kay financial kay daghan me nga mga igsoon dili kaya sa akoa parents mogasto pero ako ay nagpapatuloy pa rin." (IDI-01)*
(Isa sa mga problema ay pinansyal dahil marami akong kapatid at hindi kayang gastusan ng aking mga magulang, pero ako ay nagpapatuloy pa rin.)

Ang kaniyang pahayag ay kinumperma ni Katipunera (palayaw) na siya ay humaharap sa hamon ng pinansyal na aspekto ukol sa mga gastusin sa pagkuha ng *board examination*. Kinumpirma niya:
*"Mao jud ni nga problema sa akong anak dili namo siya mahatagan og kwarta kay tungod daghan pod sila nga mga igsoon nga nanginahanglan. Ako pod na obserbahan niya nga grabe siya makatipid sa kwarta sa panahon mahatagan namo siya ginagmay na allowance." (IDI-02)*
(Ito talaga ang problema ng aking anak, hindi namin siya mabibigyan ng pera dahil marami sila magkakapatid na ngangailaangan din. Nakikita ko rin na sobra siyang matipid sa pera kaya kapag binibigyan naming siya ng konting *allowance*, napakatipid niya.)

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 2: Paano Nalampasan ng mga *Education Earner* ang mga Hamon sa Kanilang Pagkuha ng *Board Examination* Partikular sa Paksaing Filipino?**
Sa pangalawang tanong, tinanong ng mananaliksik si Bini (palayaw) kung paano niya hinarap at nalagpasan ang iba't-ibang hamon naranasan niya sa kaniyang pagkuha ng *board examination*. Ang mga sumusunod na tema na nakasaad sa ibaba ay masusing sinuri at inalisa.

**Pananalig sa Panginoon**
Sa pagbabahagi ni Bini (palayaw) sa kaniyang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination* ay naging daan sa kaniya na magkaroon ng pagtitiwala sa panginoon upang malampasan ang mga hamon ng kaniyang hinarap. Nakumpirma ito nang sabihin niya na:
*"isa sa akong ginabuhat para malampasan ang mga hamon sa kinabuhi kay mag ampo permi sa atong Ginoo kay siya ra man ang bugtong makatabang sa panahon maglisod ta. og kinahanglan naa kay salig sa imoha kaugalingon." (IDI-01)*
(Isa sa mga ginawa ko para malampasan ang mga hamon sa buhay ay lagging magdasal sa ating Panginoon dahil siya lamang ang makakatulong sa atin kapag tayo ay nahihirapan.)
Ito ay pinagtibay ni Katipunera (palayaw) na ang kahalagahan sa pagkakaroon ng tiwala sa panginoon sa pagkuha ng *board examination*.
*"Isa sa mga buhaton aron naay kalinaw ang huna-huna mao ang pagpangayo giya sa Ginoong Jesus sa matag desisyon sa kinabuhi. Mao na akong gitudlo sa akong anak aron mawala iyaha kahadlok og makabaton og pagsalig sa kaugalingon." (IDI-02)*
(Isa sa mga gawain upang magkaroon ng linaw sa isipan ay ang paghingi ng gabay kay Panginoong Jesus sa bawat desisyon sa buhay. Ito ang itinuturo ko sa aking anak upang mawala ang kanyang takot at magkaroon ng tiwala sa kanyang sarili.)

**Suporta mula sa Pamilya**
Si Bini (palayaw) bilang isang "*Family oriented*" ay bukas siyang ipagpa-alam sa kaniyang pamilya ang kahit anumang sitwasyong kaniyang kinakaharap nang sa ganoon ay makatulong ang pamilya nito at handa naman ang kaniyang pamilya sa suportahan at nag sisilbing motibasyon niya sa kaniyang pagkuha ng *board examination*. Pahayag niya:
*"Ang akong motibasyon gyud upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board exam kay akoa jud pamilya. Sila ang nagahatag og kusog nako para makayanan nako ang mga pagsulay sa kinabuhi og tungod pod nila ma motivate ko sa pag study." (IDI-01)*

(Ang aking motibasyon talaga upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board examination ay ang aking pamilya. Sila ang nagbibibay sa akin ng lakas upang malampasan ko ang mga pagsubok sa dahil sa kanila na nagkaroon ako ng motibasyon sa pag-aaral.)

Ito ay pinagtibay ni Katipunera (palayaw) sa pagtutugon na ang kaniyang pamilya mismo ang nagbibigay sa kaniya ng suporta at motibasyon na naging matatag siya sa kabila ng mga hamon na kanyang hinarap sa pagkuha ng *board examination*. Ito ay pinagtibay sa kaniyang tugon na:

*"Isip nga iyaha pamilya amoa gyud ipa feel among supporta para maging matatag siya at malampasan niya ang mga hamon na kanyang hararapin sa pagkuha ng board exam." (IDI-02)*

(Bilang isang pamilya aming pinaparamdam ang aming suporta upang maging matatag siya at malampasan niya ang mga hamon na kanyang haharapin sa pagkuha ng *board exam*.)

**Maiging Pag-aaral ng Paksaing Filipino**

Batay sa pahayag ni Bini (palayaw) ay malaking tulong sa kaniyang ang pag-aaral ng maigi sa paksaing Filipino upang malampasan ang kanyang karanasan
hinarap sa pagkuha ng *board examination*. Saad niya:

*"Isa sa mga na diskubre ko talaga na dapat ko talagang pag-aralan ng husto ang subject na Filipino not only the English subject." (IDI-01)*

(Isa sa mga natukalasan ko talaga na kailangan kong pag-aralan ng mabuti ang paksaing Filipino hindi lamang ang *English*.)

Masigasig na ibinahagi ni Katipunera (palayaw) na talagang maiging pinag-aaralan niya ang paksaing Filipino para makatulong sa pagkuha ng *board examination*. Ito ay napatunayan sa pahayag niya n a:

*"akoa nabantayaan nga grabe gyud ang pagtuon sa akong anak. na realize na niya nga dapat pag-aralan ang Filipino nga subject." (IDI-02)*

*(Napansin ko talagang nag-aaral ang aking anak dahil napatanto niya na kailangan niyang pag-aralan ang paksaing Filipino.)*

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 3: Ano-ano ang mga Mithiin at Pananaw na Maaaring Imungkahi nila sa Kapwa *Earners* at sa Pangkalahatan?**

Sa ikatlong, tinatanong ng mananaliksik si Bini (palayaw) kung ano ang kaniyang mga mithiin at pananaw ukol sa kaniyang naranasan sa pagkuha ng *board examination.* Ang mga sumusunod na tema na nakasaad sa ibaba ay masusing sinuri at analisa.

**Pagpapalakas ng Kumpyansa sa Sarili ay Kinakailangan**

Ipinapahayag ni Bini (palayaw) ang kahalagahan sa pagpapakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan sa pagkuha ng *board examination* hindi lang nakakatulong sa iyong sarili kundi pati na rin sa mga kapwa mo *earners*. Nakumpirma ito nang sabihin niya na:

*"Hmmm kanang I suggest na pag-aralang mabuti at magbasa ng mga libro sa Filipino kay kana man jud na paraan dako kaayo ng tabang sama nako nga earner." (IDI-01)*

(Ang aking mungkahi ay pag-aralan ng mabuti at magbasa ng mga libro sa Filipino dahil ito talaga ang makabubuti at makatutulong sa kapwa ko *education earners*)

Sa panayam, binanggit din ni Katipunera (palayaw) ang kahalagan sa pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan sa pagkuha ng *board examination* nang sa ganoon ay mapalawak pa ang kaalaman. Ito ay kinumpirma sa pamamagitan ng tugon niya:

*"Sa amoa na obserbahan sa akong anak kay sige siya pangita nga mga libro na Filipino makatabang sa iyaha sa pag take pag board exam." (IDI-02)*
(Napansin ko sa aking anak palagi siya naghahanap ng mga libro na Filipino na kung saan ito ay may malaking tulong sa kanya sa pagkuha ng *board examination*.)

**Pagiging Positibo sa Pananaw sa Buhay**
Sa pahayag ni Bini (palayaw) ang kanyang suhesyon sa kapwa niya *earners* sa pagkuha ng *board examination* ay kinakailangan ang pagiging positibo sa pananaw sa buhay upang magtagumpay. Saad niya:
*"Ma share ko lang na strategy is first no doubt, second do not afraid to take just do your best and pray. Lastly is, find the clue that has been given in the question and also do your best para maging ganap na guro." (IDI-01)*
(Gusto ko lang ibahagi ang estratehiya ay una, wag mag alinlangan, pangalawa huwag matakot sumubok, gawin lang iyong makakaya at magdasal. Panghuli, hanapin ang tuntunin na ibinigay sa tanong at gawin ang iyong makakaya para maging isang ganap na guro.*)*
Ipinahayag ni Katipunera (palayaw) na siya nakabilib dahil sa kanyanf pagiging positibo sa pananaw sa buhay kaya't nalagpasan niya ang lahat. Ibinahagi ito na:
*"kuan, mao ni iyaha ginabuhat nga pamaagi sa iyaha kaugalingon aron makaya niya ang pag take og board exam og makapasar. Kay sa akoa man jud na obserbahan kay think positive ra jud siya tapos iyaha gina pakita sa amoa nga moabot ang panahon mamahimo na siyang maestro." (IDI-02)*
(Ilan lamang yan sa kanyang ginagawang paraan sa kanyang sarili upang Malagpasan niya ang pagkuha ng *board examination*.at maging positibo sa pag-iisip sa lahat ng bagay, upang maging ganap na guro.)

**Ang Maiging Paghahanda ay kinakailangan**
Isiniwalat ni Bini (palayaw) ang kahalagahan at kinakailangan sa paghahanda sa pagkuha ng *board examination* upang mapaunlad pa ang sarili at nang sa ganoon ay mas maging epektibo ang *board examination*.
"Kuan lang jud mag study tapos mag basa og libro na Filipino kailangan pod may tiwala sa sarili at huwag kalimutan lumapit sa Panginoon." (IDI-O1)
(Simpleng paraan lang talaga, mag-aral at magbasa ng mga libro sa paksaing Filipino, Mahalaga rin ang mgaa tiwala sa sarili at huwag kalimutan lumapit sa Panginoon).
Ipinahayag ni Katipunera (palayaw) ang kahalagahan sa maiging paghahanda sa pagkuha ng *board examination* at ito ay nagbibigay malawak na kaalaman para sa pangkalahatan gayun din makatulong ito upang maging matagumapy. Sinasabi niya na:
*"sa akong na obserbahan sa akong anak kay sige siya basa sa mga libro nga Filipino aron motaas iyaha kahibalo og dili siya mag lisod og answer during board exam. Tapos ang pagsalig sa kaugalingon og pagsampit sa Ginoo mao pd ang bugtong pamaagi aro mag malampuson siya sa pag take og exam." (IDI-02)*
(Sa aking napapansin sa aking anak, patuloy siyang nagbabasa ng mga libro sa paksaing Filipino upang mapataas ang kanyang kaalaman at hindi siya mahirapan sa pagsagot sa *board exam*. Ang pagtitiwala sa sarili at pananampalataya sa Panginoon ay tanging paraan upang maging matagumpay siya sa pagkuha ng *board exam*.)

**Kabanata 5**

***Case* 2 – Diwata**

Diwata (palayaw), ay isang *education earner* mula sa *Bachelor of Science and Business Administration* (BSBA) at siya ay tatlumpu't pito taong gulang na babaeng earner sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST).* Si Diwata ay may katangian na positibong pananaw at *Family oriented* sa kadahilan na kahit sa mga hamon na kaniyang hinaharap sa pagkuha ng *board examination* bilang propesyonal pag-unlad. Sa kabila ng pagsubok ng kaniyang nararanasan at hinarap hindi mawawala ang kaniyang oras sa pamilya upang mas maging matibay ang pundasyon nito, at pananalig sa Panginoon na nag sisilbing gabay sa pang araw-araw na pamumuhay. Sa ganitong paraan nagiging inspirasyon siya sa iba na kahit may pagsubok o mangyaring madapa ay patuloy pa rin siyang naniniwala at umaasa na maaabot ang kaniyang mga pangarap sa buhay. Siya ay isang earner ng *Kapalong College of Agriculture and Sciences and Technology at* naging ganap na guro na din ito. Wala talaga siyang plano magtuturo ngunit nadala sa kanyang mga kaibigan. Kaya't sa kaniyang pagkuha ng *board examination* ay hindi naging madali sa kanya partikular sa paksaing Filipino.

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 1: Ano-ano ang mga karanasan na hinaharap ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino?**

Batay sa unang katanungan ng pananaliksik maraming mga tema ang aking nahanap at temang umusbong. Ang mga sumusunod ay ang mga tema na lumabas mula sa mga sagot at karanasan ng mga kalahok na aking pinagnilayan at sinuri.

**Nahihirapan dahil sa mga Di-pamilyar na Salita**

Isiniwalat ni Diwata (palayaw) na siya ay nakaranas ng hamon sa pagkuha ng *board examination* dahil sa mga di-pamilyar na salita sa Filipino. Sabi niya na:

(Isa sa mga hamon sa aking kapatid sa pagkuha ng *board examination* ay ang pinansyal dahil may mga pagkakataon na kailangan niyang manghiram sa aming mga kamag-anak para mayroon siyang panggastos).

**Kawalan ng Tiwala sa Sarili**

Sa malalim na panayam umusbong naman ang isang tema sa isang partisipante na may konektado sa temang nagkaroon ng takot na di-makayanan ang *subject* at bumagsak, ang dalawanag tema na ito may konektado sa mga *education earners* sa pagkuha ng *board examination* na kung saan hindi nila maiwasan ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili o pag alinlangan sa sarili lalong-lalo na sa paksaing Filipino.

Sa panahon ng pagsasagawa ng malalim na panayam, ibinunyag ni Bini (palayaw) na ang karanasan niya sa proseso ng kaniyang pagkuha ng *board examination* ay hindi naging madali lalong-lalo na tatakot siya bumagsak dahil hindi niya makayanan pag-aralan ang paksaing Filipino. Napatunayan ito nang ihayag niya na:

*"wala ko kasabot sa akoa kaugalingon dahil nakaramdam ako ng takot baka hindi ko makayanan ang Filipino subject during my board exam. That's why I'm really proud to those student na kumuha ng filipino major, dahil hindi biro ang mag-aaral sa sariling wika, marami tayong hindi alam kahit tayo'y isang Filipino marami tayong dapat matuklasan" (IDI-01)*

(Naguguluhan ako sa aking sarili dahil naramdaman ko ang takot na ba ka hindi ko kayanin ang paksaing Filipino sa *board examination.* Kayat' talagang ipinagmalaki ko ang mga estudyanteng kumuha ng kurso sa Filipino dahil hindi biro ang pag-aaral ng sariling wika. Marami tayong hindi alam kahit na tayo'y Pilipino, kaya marami pa tayong dapat malaman.)

Ang kaniyang pahayag ay kinumpirma ni Katipunera (palayaw) na siya ay humaharap ng takot sa pagkuha ng *board examination* at hindi naging madali dahil mahirap pag-aralan ang paksaing Filipino.Ito ay kinumpirma niya:

*"akong na obserbahan sa akong anak maam grabe jud iyaha kahadlok kay basin daw dili siya maka answer sa panahon sa pag board exam. Maong grabe jud ka proud sa akong anak sa mga tao nga mokuha og Filipino major. Sa tinuod lang dili lalim mag Filipino major kay akoa jud mabantayan sa anak nga grabe ang kahadlok sa iyaha kaugalingon." (IDI-02)*

(Napapansin ko ang takot ng aking anak dahil ba ka hindi raw niya masagot ang mga tanong sa panahon ng *board examination*, kaya sobrang ipinagmalaki ko ang mga taong kumukuha ng kurso sa Filipino dahil sa totoo hindi madali ang pag-aral ng Filipino.)

Ibinahagi ni Matalino (palayaw) ang naranasan niya sa pagkuha ng *board examination*, binanggit niya na nakaranas siya ng kawalan ng tiwala sa sarili lalong-lalo na sa pag-aaral sa paksaing Filipino. Tugon niya:

*"My experiences, struggles, and emotion greatly affect my views on taking the board examination particularly with the Filipino subject ahhhh because it made me ponder upon the necessity and efficiency of having a solid foundation of the Filipino subject pertaining to the topics, terms, and usage covered."*

(Ang aking mga karanasan, hamon at emosyon ay malaking epekto sa aking pananaw sa pagkuha ng board examination lalong-lalo na sa paksaing Filipino. Dahil ito ay nagpapaisip sa akin hinggil sa kahalagahan at kahusayan ng pagkakaroon ng matatag na pundasyon sa paksaing Filipino patungkol sa mga paksa, termino at paggamit nito).

Pinagtibay ni Rosas (palayaw) na siyang nabanggit nito na sa pagkuha ng *board examination* ay naranasan sa kaniyang kapatid ang kawalan ng tiwala sa sarili
lalong-lalon na sa paksaing Filipino.

*"My brother experience, struggles, and emotions greatly affect his perspective on taking the board examination particularly with the Filipino subject because it enable him to kuan ahhhh realized the necessity and efficiency of having solid foundations of the Filipino subject pertaining to the topics covered by it."*

(Ang karanasan, hamon at emosyon na aking kapatid ay malaki ang epekto sa kanyang pananaw sa pagkuha ng *board examination* dahil ito ay nagpapahintulot sa kanya na maunawaan ang kahalagahan at kahusayan ng pagkakaroon ng matibay na pundasyon sa paksaing Filipino patungkol sa mga paksa na saklaw nito).

**Pangunahing Pananaliksik 2: Paano nalampasan ng mga *education earners* ang mga hamon sa kanilang pagkuha ng *board examination* particular sa paksaing Filipino?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang malalim na pakikipanayam o *in-indepth interview* sa mga kalahok. Limang *sub-question* ang tinanong sa tatlong kalahok. Ang mga ito ay nakatutulong upang mapalawak ang konsepto na may kinalaman sa mekanismo ng pagharap sa mga hamon na mapapansin o maisisiwalat ng mga education earners *ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST)* na kabilang sa BSOA; BSBA; AT BPA na tungkol sa kanilang paglalakbay sa pakuha ng board examination.

Sa Talahanayan 3. Ipinapakita ang mga pangunahing tema na umusbong at pangunahing ideya para sa tanong sa pananaliksik bilang 2. Ang mga kalahok ay nagbigay ng kanilang mga sagot tungkol sa kanilang karanasan na may impormante, apat pangunahing tema ang umusbong: pananalig sa Panginoon, suporta mula sa pamilya, dedikasyon at determinasyon, at patuloy sa pag-aaral ng Filipino na subject.

**Pananalig sa Panginoon**

Ito ay ipinahayag sa panahon ng pagsasagawa ng pag-aaral na ang mga kalahok ay nagkaroon ng pananalig sa Panginoon na kung saan mas makakuha sila ng lakas na loob sa pagkuha ng *board examination* at sa pag-aaral sa paksaing
Filipino.

Sa pagbabahagi ni Bini (palayaw) sa kaniyang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination* ay naging daan sa kaniya na magkaroon ng pagtitiwala sa panginoon upang malampasan ang mga hamon ng kaniyang hinarap. Nakumpirma ito nang sabihin niya na:

*"isa sa akong ginabuhat para malampasan ang mga hamon sa kinabuhi kay mag ampo permi sa atong Ginoo kay siya ra man ang bugtong makatabang sa panahon maglisod ta.og kinahanglan naa kay salig sa imoha kaugalingon." (IDI-01)*

(Isa sa mga ginawa ko para malampasan ang mga hamon sa buhay ay laging magdasal sa ating Panginoon dahil siya lamang ang makakatulong sa atin kapag tayo ay nahihirapan.)

Ito ay pinagtibay ni Katipunera (palayaw) na ang kahalagahan sa pagkakaroon ng tiwala sa panginoon sa pagkuha ng *board examination.*

*"Isa sa mga buhaton aron naay kalinaw ang huna-huna mao ang pagpangayo giya sa Ginoong Jesus sa matag desisyon sa kinabuhi. Mao na akong gitudlo sa akong anak aron mawala iyaha kahadlok og makabaton og pagsalig sa kaugalingon." (IDI-02)*

(Isa sa mga gawain upang magkaroon ng linaw sa isipan ay ang paghingi ng gabay kay Panginoong Jesus sa bawat desisyon sa buhay. Ito ang itinuturo ko sa aking anak upang mawala ang kanyang takot at magkaroon ng tiwala sa kanyang sarili.)

Sa pagbabahagi ni Diwata (palayaw) sa kaniyang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination* ay naging daan sa kaniya na magkaroon ng pananalig sa panginoon upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng *board examination.* Nakumpirma ito nang sabihin niya na:

*"kuan ahhh sa pamamagitan ng tiyaga at dasal, og kanang mag-aral ng mabuti at alamin ng mga dapat pag-aralan." (IDI-03)*
(Sa pamamagitan ng tiyaga, dasal at sa pag-aaral ng mabuti lalong-lalo na sa pagsasaliksik ng mga dapat pag-aralan.)
Ito ay pinagtibay ni Sampaguita (palayaw) na ang kahalagahan sa pagkakaroon ng pananalig sa panginoon kaniyang kaibigan sa pagkuha ng *board examination.*
*"Kuan basi sa aking na obserba sa aking kaibigan grabe yung pananalig niya sa panginoon.Tuwing Sunday sabay talaga kami magsisimba at lagi niyang hiningi sa panginoon na bigyan siya ng mabuting kaalaman upang masagotan ang mga tanong during examination."(IDI-04)*
(Batay sa aking napansin sa aking kaibigan, sobrang taas ng pananampalataya niya sa Panginoon.Tuwing lingo talaga kami sabay magsisimba at palagi niyamng hinihihiling sa Panginoon na bigyan siya ng mabuting kaalaman upang masagot ang mga tanong sa *board examination*.)
Sa pagbabahagi ni Matalino (palayaw) sa kaniyang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination* ay naging daan sa kaniya na magkaroon ng pagtitiwala sa panginoon upang malampasan ang mga hamon ng kaniyang hinarap. Nakumpirma ito nang sabihin niya na:
*"So, I was able to surpass the challenge as unit earner in education by imploring dedication, hardwork, discipline, sacrifices and praying." (IDI-05)*
(Kaya nakayanan ko ang mga hamon bilang isang education earner sa pamamagitan ng dedikasyon, sipag, disiplina, sakripisyo at pananalig sa ating poong maykapal).
Ito ay pinagtibay ni Rosas (palayaw) na ang kahalagahan sa pagkakaroon ng pananalig sa panginoon kaniyang kaibigan sa pagkuha ng *board examination*.
*"ahhh my brother was able to overcome the challenge as unit earner in education through dedication, hardwork, discipline, sacrifices and praying." (IDI-06)*
(Sa pamamagitan ng dedikasyon, sipag, disiplina, sakripisyo at pananalig sa ating poong maykapal ay nakayanan niya ang kaniyang mga hamon bilang isang *education earner*).

**Suporta mula sa Pamilya**
Isiniwalat din sa dalawang partisipante ang suporta at motibasyon mula sa kanilang pamilya ang naging malaking bahagi ng kanilang pagpupursige at pagtitiyaga upang mapaunlad ang kanilang kakayahan at kaalaman bilang education earners, na nagbigay din sa kanila ng inspirasyon para sa board examination.
Si Bini (palayaw) bilang isang "*Family oriented*" ay bukas siyang ipagpa-alam sa kaniyang pamilya ang kahit anumang sitwasyong kaniyang kinakaharap nang sa ganoon ay makatulong ang pamilya nito at handa naman ang kaniyang pamilya sa suportahan at nag sisilbing motibasyon niya sa kaniyang pagkuha ng *board examination*. Pahayag niya:
*"Ang akong motibasyon gyud upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board exam kay akoa jud pamilya. Sila ang nagahatag og kusog nako para makayanan nako ang mga pagsulay sa kinabuhi og tungod pod nila ma motivate ko sa pag study." (IDI-01)*
(Ang aking motibasyon talaga upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board examination ay ang aking pamilya. Sila ang nagbibibay sa akin ng lakas upang malampasan ko ang mga pagsubok sa dahil sa kanila, na nagkaroon ako ng motibasyon sa pag-aaral.)
Ito ay pinagtibay ni Katipunera (palayaw) na ang kaniyang pamilya mismo ang nagbibigay sa kaniya ng suporta at motibasyon na naging matatag siya sa kabila ng mga hamon na kanyang hinarap sa pagkuha ng *board examination*. tugon niya:

*"Isip nga iyaha pamilya amoa gyud ipa feel among supporta para maging matatag siya at malampasan niya ang mga hamon na kanyang hararapin sa pagkuha ng board exam." (IDI-02)*
(Bilang isang pamilya aming pinaparamdam ang aming suporta upang maging matatag siya at malampasan niya ang mga hamon na kanyang haharapin sa pagkuha ng *board exam*.)
Ibinahagi ni Diwata (palayaw) ang pagkakaroon ng suporta mula sa pamilya ay nagbibigay inspirasyon at lakas ng loob sa pagtahak sa landas, Ito ay nagbibigay ng dagdag na motibasyon sa kaniyang kaibigan para sa pagkuha ng *board examination.* Tugon niya:
*"Unang-una talaga ay* Supporta mula sa pamilya *aking pamilya kay tigulang na sila kinahanglan makatabang nako sa ilahangpagsakripisyo sa akoa aron lang mahatag nila akong panginahanglanon para maging isang ganap na guro." (IDI-03)*
(Unang-una talaga ay suporta mula sa pamilya, dahil matanda na sila kaya kailangan kong makatulong sa kanilang pagsasakripisyo para lang maibigay nila ang aking mga pangangailangan upang maging isang ganap na guro.)
Masigasig ibinahagi ni Sampaguita (palayaw) ang suporta mula sa pamilya ay nagbibigay emosyonal na siguridad at pagmamahal na nagpapalakas sa loob ng kaniyang kaibigan sa panahon ng mga pagsubok para sa pagkuha ng *board examination.* Sabi niya na:
*"Para sa akin, pamilya niya talaga ang naging malaking supporta niya sa paghahanda ng board exam. Dahil makikita ko talaga kong gaano siya ka mahal at supportado sa kanyang pamilya.May pagkakataon kapag magkasama kami lagi tumawag sa telepono ang kanyang pamilya magtatanong kung okay lang ba ang aking kaibigan." (IDI-04)*
(Para sa akin, tunay na ang kaniyang pamilya ang naging malaking suporta sa kanyang paghahanda para sa *board examination*. Makikita ko talaga kung gaano siya minamahal at sinusuportahan ng kanyang pamilya. May mga pagkakataon kapag magkasama kami palaging tumatawag ang kanyang pamilya upang magtanong kung na sa mabuti ba na kalagayan ang kanilang anak.)

**Talahanayan 3 Mekanismo ng mga *Education Earners* sa Pagharap ng kanilang mga Hamon sa Pagkuha ng *Board Examination***

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pananalig sa Panginoon** | • *Isa sa mga ginawa ko para malampasan ang mga hamon sa buhay ay lagging magdasal sa ating Panginoon dahil siya lamang ang makakatulong sa atin kapag tayo ay nahihirapan." IDI-01*<br>• *Isa sa mga gawain upang magkaroon ng linaw sa isipan ay ang paghingi ng gabay kay Panginoong Jesus sa bawat desisyon sa buhay. Ito ang itinuturo ko sa aking anak upang mawala ang kanyang takot at magkaroon ng tiwala sa kanyang sarili." IDI-02*<br>• *Sa pamamagitan ng tiyaga, dasal at sa pag-aaral ng mabuti lalong-lalo na sa pagsasaliksik ng mga dapat pag-aralan." IDI-03*<br>• *Batay sa aking napansin sa aking kaibigan, sobrang taas ng pananampalataya niya sa* |

| | |
|---|---|
| | *Panginoon.Tuwing lingo talaga kami sabay magsisimba at palagi niyamng hinihihiling sa Panginoon na bigyan siya ng mabuting kaalaman upang masagot ang mga tanong sa board examination."* IDI-04<br>• *Kaya nakayanan ko ang mga hamon bilang isang education earner sa pamamagitan ng dedikasyon, sipag, disiplina, sakripisyo at pananalig sa ating poong maykapal."* IDI-05<br>• *Sa pamamagitan ng dedikasyon, sipag, disiplina, sakripisyo at pananalig sa ating poong maykapal ay nakayanan niya ang kaniyang mga hamon bilang isang education earner."* IDI-06 |
| **Suporta mula sa Pamilya** | • *Ang aking motibasyon talaga upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board examination ay ang aking pamilya. Sila ang nagbibibay sa akin ng lakas upang malampasan ko ang mga pagsubok sa dahil sa kanila, na nagkaroon ako ng motibasyon sa pag-aaral."* IDI-01<br>• *Bilang isang pamilya aming pinaparamdam ang aming suporta upang maging matatag siya at malampasan niya ang mga hamon na kanyang haharapin sa pagkuha ng board exam."* IDI-02<br>• *Unang-una talaga ay suporta mula sa pamilya, dahil matanda na sila kaya kailangan kong makatulong sa kanilang pagsasakripisyo para lang maibigay nila ang aking mga pangangailangan upang maging isang ganap na guro."* IDI-03<br>• *Para sa akin, tunay na ang kaniyang pamilya ang naging malaking suporta sa kanyang paghahanda para sa board examination. Makikita ko talaga kung gaano siya minamahal at sinusuportahan ng kanyang pamilya. May mga pagkakataon kapag magkasama kami palaging tumatawag ang kanyang pamilya upang magtanong kung na sa mabuti ba na kalagayan ang kanilang anak."* IDI-04 |
| | • *Habang nagbabasa ng mga rebyuwer nagsusulat din ako at idikit sa pader ng aking kwarto tapos gumagawa ng gabay kung saan dapat magbasa dahil para sa akin ito ang pinakamabisang paraan upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board examination partikular sa paksaing Filipino."* IDI-03<br>• *Para sa akin ito ang pinaka-epektibo, dahil nakikita ko sa aking kaibigan ang sobrang pagsisikap na kanyang ginawa para malampasan ang mga hamon na kanyang pinagdaanan, tuwung bumisita ako sa* |

| | |
|---|---|
| **Dedikasyon at Determinasyon** | *kanila na papansin ko andaming naka dikit sa kanyang kwarto kahanga-kahanga talaga ang kanyang ginawa." IDI-04*<br>• *.Ang mga bagay na tumulong sa akin na malampasan ang mga hamon at dahil nagtatrabaho ako kaya wala akong sapat na oras para mag saliksik at magbasa ng karagdagang mga review materilas.Gayunpaman ,naisipan ko mag rebyu sa aking mga sinaliksik at basahin ang iba pang mga reliable resources. Kailangan kong magising ng 3:00 am araw-araw, at magbasa hanggang 6:00 am ng umaga. Iyon ang aking ginawa hanggang sa huling pagtuturo at sa kalaunan pumasa ako sa board examination." IDI-05*<br>• *Dahil hindi niya magawang aralin ang kanyang mga babasahin dahil sa trabaho, gumising siya ng 3:00am ng umaga at nag-aral hanggang 6:00 am ng umaga. Ito ang kanyang araw-araw na gawain hanggang sa kanyang final na pagtuturo at sa wakas, lahat ng sakripisyo ay nagbubunga dahil pumasa sa board examination." IDI-06* |
| **Patuloy sa pag-aaral ng Filipino na Subject** | • *Isa sa mga natukalasan ko talaga na kailangan kong pag-aralan ng mabuti ang paksaing Filipino hindi lamang ang English." IDI-01*<br>• *Napansin ko talagang nag-aaral ang aking anak dahil napatanto niya na kailangan niyang pag-aralan ang paksaing Filipino." IDI-02*<br>• *Natuklasan ko na napakahalaga na bigyang-diin ang mga batayang konsepto ng mga paksaing Filipino. Ang mga termino at ang kanilang mga gampanin ay dapat na maayos na ituro gamit ang mga kaugnay na halimbawa upang ang mga mag-aaral ay magkroon ng buo at malalim na pag-unawa dito, hindi lamang ang mga teorya kundi pati na rin ang mga praktikal na implikasyon." IDI-05*<br>• *Natuklasan ng kapatid ko ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga batayang konsepto ng mga paksaing Filipino, kaya naisip niya na ang mga termino at kanilang mga gampanin ay dapat na maayos na ituro gamit ang mga kaugnay na halimbawa upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng buong pag-unawa dito." IDI-06* |

**Dedikasyon at Determinasyon**

Isiniwalat nina Diwata (palayaw) at Matalino (palayaw) ang isa sa mga paraan upang malampasan ang mga hamon na kanilang nararanasan sa pagkuha ng *board examination*, binanggit nila ang pagkakaroon ng determinasyon ay nagpapakita sa pagiging positibo sa buhay sa pagtahak ng kanilang landas.

Ibinahagi ni Diwata (palayaw) ang mahalagang katangian sa paghahanda para sa *board examination* ito ay mantinding pananais at pagtitiyaga na makamit ang tagumapy sa kabila ng mga hamon sa paghahanda sa pagkuha ng *board examination*. Sabi niya:

*"Habang nag babasa ng mga reviewer kay nagsulat din ako at dinikit sa wall ng aking room tapos gagawa ng guide kung saan dapat magbasa dahil para sa akin ito yung pinaka mabisa na paraan upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng board exam partikular sa paksaing Filipino." (IDI-03)*
(Habang nagbabasa ng mga rebyuwer nagsusulat din ako at idikit sa pader ng aking kwarto tapos gumagawa ng gabay kung saan dapat magbasa dahil para sa akin ito ang pinakamabisang paraan upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino.)
Ito ay Pinagtibay ni Sampaguita (palayaw) sa pagtutugon na isang mahalagang katangian sa paghahanda ng *board examination* ang may determinasyon dahil ito ay nagpapakita ng matinding interes sa kaniyang kaibigan sa pagkamit ng layunin. Tugon niya:
*"Para sa akin ito ay pinaka epektibo, dahil nakikita ko sa aking kaibigan grabe yung ginawa niyang effort para lang malampasan ang mga hamon na kanyang pinagdaanan, tuwing bumisita ako sa kanila na papansin ko andaming naka dikit sa kanyang kwarto kahanga-kahanga talaga ang kanyang ginawa." (IDI-04)*
(Para sa akin ito ang pinaka-epektibo, dahil nakikita ko sa aking kaibigan ang sobrang pagsisikap na kanyang ginawa para malampasan ang mga hamon na kanyang pinagdaanan, tuwung bumisita ako sa kanila na papansin ko andaming naka dikit sa kanyang kwarto kahanga-kahanga talaga ang kanyang ginawa.)
Isiniwalat ni Matalino (palayaw) na ang pagkakaroon ng tamang determinasyon ay isang mahalagang sangkap sa tagumpay at mapadali ang pagtahak sa landas patungo sa pagkuha ng *board examination*. Tugon niya:
*"hmm the things that helped me overcome the challenges, since I'm working so I do not have luxury time to research and read other additional review materials. However, I strategized, to review my handouts and to read other reliable sources I need to wake up at 3:00 am in the morning daily, and read until 6:00 am. That was my routine up until the final coaching and luckily I passed the board exam." (IDI-05)*
(Ang mga bagay na tumulong sa akin na malampasan ang mga hamon at dahil nagtatrabaho ako kaya wala akong sapat na oras para mag saliksik at magbasa ng karagdagang mga *review materilas*. Gayunpaman, naisipan ko mag rebyu sa aking mga sinaliksik at basahin ang iba pang mga reliable resources. Kailangan kong magising ng 3:00 am araw-araw, at magbasa hanggang 6:00 am ng umaga. Iyon ang aking ginawa hanggang sa huling pagtuturo at sa kalaunan pumasa ako sa *board examination*).
Ang kaniyang pahayag ay kinumperma ni Rosas (palayaw) na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng determinasyon sa pag-aaral sa partikular sa p aksaing Filipino ay nagresulta sa matagumpay na pagkuha ng *board examination*.
Sabi niya:
*"Since he cannot study his hand out due to his work, he woke up at 3:00 am and study until 6:00 am.hmmmmm That was his daily routine until he went to review center for final coaching. And finally, all the sacrifices will pay off he passed the board exam." (IDI-06)*
(Dahil hindi niya magawang aralin ang kanyang mga babasahin dahil sa trabaho, gumising siya ng 3:00am ng umaga at nag-aral hanggang 6:00 am ng umaga. Ito ang kanyang araw-araw na gawain hanggang sa kanyang final na pagtuturo at sa wakas, lahat ng sakripisyo ay nagbubunga dahil pumasa sa *board examination*).

**Patuloy sa Pag-aaral ng Filipino na Subject**

Umusbong na man ang isang tema na may konektado sa temang maiging pag-aaral sa Filipino habang nagsasagawa ng pag-aaral sa kanila, Ang temang ito ay naging proseso sa pag-aaral sa paksaing Filipino para sa pagkuha ng *board examination.*

Batay sa pahayag ni Bini (palayaw) ay malaking tulong sa kaniyang ang pag-aaral ng maigi sa paksaing Filipino upang malampasan ang kanyang karanasan hinarap sa pagkuha ng *board examination*. Saad niya:

*"Isa sa mga na diskubre ko talaga na dapat ko talagang pag-aralan ng husto ang subject na Filipino not only the English subject." (IDI-01)*

(Isa sa mga natukalasan ko talaga na kailangan kong pag-aralan ng mabuti ang paksaing Filipino hindi lamang ang *English*.)

Masigasig na ibinahagi ni Katipunera (palayaw) na talagang maiging pinag-aaralan niya ang paksaing Filipino para makatulong sa pagkuha ng *board examination.* Ito ay napatunayan sa pahayag niya na:

*"akoa nabantayaan nga grabe gyud ang pagtuon sa akong anak. na realize na niya nga dapat pag-aralan ang Filipino nga subject." (IDI-02)*

(Napansin ko talagang nag-aaral ang aking anak dahil napatanto niya na kailangan niyang pag-aralan ang paksaing Filipino)

Ibinahagi ni Matalino (palayaw) ang pag-aaral ng paksaing Filipino ay napakahalaga bilang isang *education earner* lalong-lalo na sa pagkuha ng *board examination.* Kinakailangan ang bawat salita ay maayos ang pagpapakahulugan. Diin niya:

*"I Discovered that is very essential to emphasize the fundamentals of Filipino subjects. Ahhh The terms and its function must be properly thought with relatable examples for the learners to have a ful graps of it, not just the theories but also the practical implications." (IDI-05)*

(Natuklasan ko na napakahalaga na bigyang-diin ang mga batayang konsepto ng mga paksaing Filipino. Ang mga termino at ang kanilang mga gampanin ay dapat na maayos na ituro gamit ang mga kaugnay na halimbawa upang ang mga mag-aaral ay magkroon ng buo at malalim na pag-unawa dito, hindi lamang ang mga teorya kundi pati na rin ang mga praktikal na implikasyon).

Ang kaniyang pahayag ay kinumperma ni Rosas (palayaw) na siyang napapansin nito na ang ang pag-aaral ng paksaing Filipino ay napakahalaga lalong-lalo na sa mga *education earner* na katulad ng kaniyang kapatid.

*"My brother discovered the essentially of teaching the fundamentals of Filipino subjects. So, he even realized that the terms and its functions must be properly thought with relatable examples for the learners to have a full graps of it." (IDI-06)*

(Natuklasan ng kapatid ko ang kahalagahan ng pagtuturo ng mga batayang konsepto ng mga paksaing Filipino, kaya naisip niya na ang mga termino at kanilang mga gampanin ay dapat na maayos na ituro gamit ang mga kaugnay na halimbawa upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng buong pag-unawa dito).

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 3: Ano-ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa *earners* at sa pangkalahatan?**

Ang pangunahing tema at pangunahing ideya para sa tanong sa pananaliksik bilang 3 ay ipinakita sa talahanayan 4. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong pangunahing tema ang umusbong: pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan, kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera at maiging paghahanda ay kinakailangan. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng mga tema at pangunahing ideya ukol sa pananaw ng mga *education eaners* ng *Kapalong College of Agriculture*

*Sciences and Technology (KCAST)* na kabilang sa BSOA; BSBA; AT BPA na tungkol sa kanilang pagkuha ng *board examination*.

**Pagpapalakas ng Kumpyansa sa Sarili**

Ipinahayag sa tatlong partisipante na ang pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili makakuha nang mas mataas na antas sa kanilang pagkuha ng *board examination* lalong-lalo na sa paksaing Filipino.

Ipinapahayag ni Bini (palayaw) ang kahalagahan sa pagpapakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan sa pagkuha ng *board examination* hindi lang nakakatulong sa iyong sarili kundi pati na rin sa mga kapwa mo *earners*. Nakumpirma ito nang sabihin niya na:

*"Hmmm kanang I suggest na pag-aralang mabuti at magbasa ng mga libro sa Filipino kay kana man jud na paraan dako kaayo ng tabang sama nako nga earner." (IDI-01)*

(Ang aking mungkahi ay pag-aralan ng mabuti at magbasa ng mga libro sa Filipino dahil ito talaga ang makabubuti at makatutulong sa kapwa ko education earners)

Sa panayam, binanggit din ni Katipunera (palayaw) ang kahalagan sa pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan sa pagkuha ng *board examination* nang sa ganoon ay mapalawak pa ang kaalaman. Ito ay kinumpirma sa pamamagitan ng tugon niya:

*"Sa amoa na obserbahan sa akong anak kay sige siya pangita nga mga libro na Filipino makatabang sa iyaha sa pag take pag board exam." (IDI-02)*

(Napansin ko sa aking anak palagi siya naghahanap ng mga libro na Filipino na kung saan ito ay may malaking tulong sa kanya sa pagkuha ng board examination.)

Batay kay Diwata (palayaw) ang kaniyang pananaw ang pagkakaroon ng ang pagtitiwala sa sarili ay nagbibigay ng lakas na loob upang harapin at lampasan ang mga pagsubok na haharapin sa pagkuha ng *board examination* ng sa ganoon maging handa sa mga layuni sa mga mithiin sa buhay. Sabi niya na:

"Laban lang sa hamon ng buhay, hindi madali ang pagkuha ng *board exam* pero kung may tiyaga kayang-kaya yan. At dasal din ang kailangan para bigyan ng kaalaman." (IDI-03)

Sinuportahan naman ni Samguita (palayaw) ang pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan ay susi sa tagumpay ng kaniyang kaibigan sa pagkuha ng *board examination*. Tugon niya na:

"Tulad nga sa sinabi ko, sa paghahanda ng board exam sa aking kaibigan ay hindi naging madali pero sa aking na obserba kapag may tiyaga at magdasal sa ating panginoon gagabayan ka talaga hanggat maabot ang iyong mga pangarap." (IDI-04)

Batay kay Matalino (palayaw) ang kaniyang pananaw ang pagkakaroon ng angp agtitiwala sa sarili ay nagbibigay ng lakas na loob upang harapin at lampasan ang mga pagsubok na haharapin sa pagkuha ng *board examination* nang sa ganoon maging handa sa mga layuni sa mga mithiin sa buhay. Sabi niya na:

*"I encourage my fellow unit's earners to cultivate the attitude of consistency in whar they do to improve themselves. So, ahhhhh sa akin lang ay it is very helpful assess ourselves and try to find out the areas that need most the improvement. Develop a habit of reading between the lines regularly to improve your comprehension ability." (IDI-05)*

*(Hinihikayat ko ang aking kapwa education earner's na mapalago ang kanilang sarili, Kaya sa akin lang napakahalaga na suriin natin ang ating sarili at alamin kung ano ang mga bahagi na kailangang pagtuunan ng pansin para sa pagpapabuti. Magkaroon ng kasanayan sa pagbabasa sa araw-araw upang mapabuti ang iyong kakayahang unawain).*

Sinuportahan naman ni Rosas (palayaw) ang pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan ay susi sa tagumpay ng kaniyang kapatid sa pagkuha ng *board*

*examination*. Tugon niya na:
*"He believes that most of things can be learned if you devote yourself to it. And also developing a habit of reading regularly improving one's comprehension." (IDI-06)*
(Naniniwala siya na maraming bagay ang maaaring matutunan kung iyong ibibigay ang iyong sarili. Ang pagpapaunlad ng kasanayan sa *regular* na pagbabasa ay nagpapabuti sa pang-unawa ng isang tao).

**Kahalagahan ng Pagkamit ng Edukasyon sa Tagumpay sa Karera**
Umusbong naman ang isang temang sa dalawang partisipante habang nagsasagawa ng pag-aaral sa kanila, ang temang ito ay kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera na siyang binanggit nina Diwata (palayaw) at Matalino (palayaw) na ang kahalagahan sa tagumpay sa karera.
Isiniwalat ni Diwata (palayaw) ang kaniyang pananaw sa pagkamit ng edukasyon sa tagumpay na karera, hindi naging madali ang kaniyang karanasan na hinaharap, subalit ang pagkakaroon ng tiyaga ay nagbibigay malaking pundasyon sa sarili upang maging matagumpay. Tugon niya:
*"Hmmm huwag matakot dapat labanan ang mga hamon sa buhay, and then magbasa ng iba't-ibang aklat upang madagdagan ang kaalaman, para maging matagumpay sa pagkuha ng board exam." (IDI-03)*

(Huwag matakot, dapat labanan ang mga hamon sa buhay at magbasa ng iba't-ibang aklat upang madagdagan ang kaalaman, para maging matagumpaagy sa pagkuha ng *board examination*.)
Ibinahagi ni Sampaguita (palayaw) ang kahalagahan ng edukasyon upang maging magtagumpay sa karera na kahit anumang mga hamon na dumating huwag sukoan ito kundi labanan dahil may malalim na papel ito sa pagkuha ng *board examination*. Sabi niya na:
*"Gayunpaman, basi sa aking na obserba sa aking kaibagan ay hindi siya mawalan ng pag-asa kahit anumang mga hamon dumating sa kanya, sa punto ito may mga pagkakataon umiyak siya sa aking harapan dahil nakaramdam siya ng pagod at hirap baka niya makayanan ang mga hamon na dumating sa kanyang buhay, sapagkat may tiwala siya sa kanyang sarili at matagumpayan niya ang mga ito." -IDI-04*
Isiniwalat ni Matalino (palayaw) ang kaniyang pananaw sa pagkamit ng edukasyon sa tagumpay na karera, hindi naging madali ang kaniyang karanasan na hinaharap, subalit ang pagkakaroon ng tiyaga ay nagbibigay malaking pundasyon sa sarili upang maging matagumpay. Tugon niya:
*"Be disciplined by having a study timeline and doing practice test. It will help you improve your comprehension and time management during examination." (IDI-05)*
(Maging disiplinado sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iskedyul sa pag-aaral at pagsasanay ng mga *examination, makakatulong* ito sa iyo mapabuti ang iyong pang-unawa at pagtutok sa oras sa panahon ng *examination*).
Ibinahagi ni Matalino (palayaw) ang kahalagahan ng edukasyon upang maging magtagumpay sa karera na kahit anumang mga hamon na dumating huwag sukoan ito kundi labanan dahil may malalim na papel ito sa pagkuha ng *board examination.* Sabi niya na:
*"My brother having consistency in study, always desire to acquire new knowleged and learning." (IDI-06)*
*(Ang pagiging matiyaga sa kapatid ko sa pag-aaral ay nais niya magkaroon ng bagong kaalaman).*

**Ang Maiging Paghahanda ay Kinakailangan**

Isiniwalat ng tatlong kalahok na ang maiging paghahanda ay kinakailangan para pagkuha ng *board examination*, nabanggit nila naging epektibo ito sa kanila upang mapapagtagumpayan ang mga hamon sa pagkuha ng *board exam*.
Isiniwalat ni Bini (palayaw) ang kahalagahan at kinakailangan sa paghahanda sa pagkuha ng *board examination* upang mapaunlad pa ang sarili at nang sa ganoon ay mas maging epektibo ang *board examination*.
*"Kuan lang jud mag study tapos mag basa og libro na Filipino kailangan pod may tiwala sa sarili at huwag kalimutan lumapit sa Panginoon." (IDI-O1)*
(Simpleng paraan lang talaga, mag-aral at magbasa ng mga libro sa paksaing Filipino, Mahalaga rin ang mgaa tiwala sa sarili at huwag kalimutan lumapit sa Panginoon).

**Talahanayan 4 Mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa *earners* at sa**
Pangkalahatan

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Pagpapalakas ng Kumpyansa sa Sarili ay Kinakailangan** | • *Ang aking mungkahi ay pag-aralan ng mabuti at magbasa ng mga libro sa Filipino dahil ito talaga ang makabubuti at makatutulong sa kapwa ko education earners." IDI-01*<br>• *Napansin ko sa aking anak palagi siya naghahanap ng mga libro na Filipino na kung saan ito ay may malaking tulong sa kanya sa pagkuha ng board examination." IDI-02*<br>• *"Laban lang sa hamon ng buhay, hindi madali ang pagkuha ng board exam pero kung may tiyaga kayang-kaya yan. At dasal din ang kailangan para bigyan ng kaalaman." IDI-03*<br>• *Tulad nga sa sinabi ko, sa paghahanda ng board exam sa aking kaibigan ay hindi naging madali pero sa aking na obserba kapag may tiyaga at magdasal sa ating panginoon gagabayan ka talaga hanggat maabot ang iyong mga pangarap." IDI-04*<br>• *Hinihikayat ko ang aking kapwa education earner's na mapalago ang kanilang sarili, Kaya sa akin lang napakahalaga na suriin natin ang ating sarili at alamin kung ano ang mga bahagi na kailangang pagtuunan ng pansin para sa pagpapabuti. Magkaroon ng kasanayan sa pagbabasa sa araw-araw upang mapabuti ang iyong kakayahang unawain." IDI-05*<br>• *Naniniwala siya na maraming bagay ang maaaring matutunan kung iyong ibibigay ang iyong sarili. Ang pagpapaunlad ng kasanayan sa regular na pagbabasa ay nagpapabuti sa pang-unawa ng isang tao." IDI-06* |

| | |
|---|---|
| **Kahalagahan ng Pagkamit ng Edukasyon sa Tagumpay sa Karera** | • *Huwag matakot, dapat labanan ang mga hamon sa buhay at magbasa ng iba't-ibang aklat upang madagdagan ang kaalaman, para maging matagumpaagy sa pagkuha ng board examination." IDI-03*<br>• *Gayunpaman, basi sa aking na obserba sa aking kaibagan ay hindi siya mawalan ng pag-asa kahit anumang mga hamon dumating sa kanya.sa punto ito may mga pagkakataon umiyak siya sa aking harapan dahil nakaramdam siya ng pagod at hirap baka niya makayanan ang mga hamon na dumating sa kanyang buhay, sapagkat may tiwala siya sa kanyang sarili at matagumpayan niya ang mga ito." IDI-04*<br>• *Maging disiplinado sa pamamagitan ng pagkakaroon ng iskedyul sa pag-aaral at pagsasanay ng mga examination, Makakatulong ito sa iyo mapabuti ang iyong pang-unawa at pagtutok sa oras sa panahon ng examination." IDI-05*<br>• *Ang pagiging matiyaga sa kapatid ko sa pag-aaral ay nais niya magkaroon ng bagong kaalaman." IDI-06* |
| **Maiging Paghahanda sa Board Exam ay Isakatuparan** | • *Simpleng paraan lang talaga, mag-aral at magbasa ng mga libro sa paksaing Filipino, Mahalaga rin ang mgaa tiwala sa sarili at huwag kalimutan lumapit sa Panginoon." IDI-01*<br>• *Sa aking napapansin sa aking anak, patuloy siyang nagbabasa ng mga libro sa paksaing Filipino upang mapataas ang kanyang kaalaman at hindi siya mahirapan sa pagsagot sa board exam. Ang pagtitiwala sa sarili at pananampalataya sa Panginoon ay tanging paraan upang maging matagumpay siya sa pagkuha ng board exam." IDI-02*<br>• *Kaya, ang aking suhestiyon sa mga kapwa ko education earner's upang maging epektibo sa pagkuha ng board examination lalong-lalo na sa paksaing Filipino ay magbasa talaga ng mga aklat na Filipino dahil ito lang talaga ang paraan para makasagot ka sa panahon ng board examination nang walang pag-aalinlangan, at kailangan mo ng pagtutukan ng oras ang iyong sarili sap ag-aaral. Upang matagumpayan mo ang mga hamon sa pagkuha ng board examination." IDI-03*<br>• *Sa aking napansin, ang pagbabasa ng libro ay may malaking tulong upang sanayin ang iyong isip sa pag-aanalisa sa pagsasagot sa panahon ng board examination. Lubos akong humahanga sa aking kaibigan dahil nakikita ko sa kanya ang kagalingan sa paksaing Filipino kaya naging epektibo ang kanyang paraan sa pagkuha ng board examination." IDI-04*<br>• *Ang aking mungkahi sa aking kapwa education earner's na nagnanais na sumailalim sa board examination ay tumutok sa oras, gumawa ng plano sa pag-aaral at suriin ang iyong sarili matapos ang ginawang pagtataya." IDI-05*<br>• *Napagtanto ng aking kapatid sa pagkuha ng board examination ay hindi naging madali lalong-lalo na sa paksaing Filipino, mas mahirap kung walang buong pag-unawa sa mga paksa o mga termino. Sa kabaligtaran, kapag nauunawaan mo* |

| | |
|---|---|
| | *ang konsepto, mas madali kang makasagot sa ibinigay na tanong at nakakabenepisyo ang kumuha ng examination hindi na kailangang maglaan ng higit pang oras." IDI-06* |

Ipinahayag ni Katipunera (palayaw) ang kahalagahan sa maiging paghahanda sa pagkuha ng *board examination* at ito ay nagbibigay malawak na kaalaman para sa pangkalahatan gayun din makatulong ito upang maging matagumapy. Sinasabi niya na:

*"sa akong na obserbahan sa akong anak kay sige siya basa sa mga libro nga Filipino aron motaas iyaha kahibalo og dili siya mag lisod og answer during board exam. Tapos ang pagsalig sa kaugalingon og pagsampit sa Ginoo mao pd ang bugtong pamaagi aro mag malampuson siya sa pag take og exam." (IDI-02)*

(Sa aking napapansin sa aking anak, patuloy siyang nagbabasa ng mga libro sa paksaing Filipino upang mapataas ang kanyang kaalaman at hindi siya mahirapan sa pagsagot sa *board exam*. Ang pagtitiwala sa sarili at pananampalataya sa Panginoon ay tanging paraan upang maging matagumpay siya sa pagkuha ng *board exam*.)

Ipinabatid ni Diwata (palayaw) ang kaniyang pananaw na ang maayos na paghahanda ay isang malaking hakbang upang makamit ang tagumpay sa pagkuha ng *board examination*. Sabi niya:

*"So,ahhh ang suhestiyon ko sa kapwa earner upang maging epektibo sa pagkuha ng board exam labina sa Filipino nga subject kay magbasa jud mga libro nga Filipino kay mao ra jud nga paraan para maka answer ka during examination aron dili naka mag duha-duha, tapos kinahanglan naa kay time management sa imoha sarili sa pag study.Upang iyong mga hamon ng pagkuha ng board exam ay matagumpayan." (IDI-03)*

(Kaya, ang aking suhestiyon sa mga kapwa ko *education earners* upang maging epektibo sa pagkuha ng *board examination* lalong-lalo na sa paksaing Filipino ay magbasa talaga ng mga aklat na Filipino dahil ito lang talaga ang paraan para makasagot ka sa panahon ng *board examination* nang walang pag-aalinlangan, at kailangan mo ng pagtutukan ng oras ang iyong sarili sap ag-aaral. Upang matagumpayan mo ang mga hamon sa pagkuha ng *board examination*.)

Sa panayam, iminungkahi ni Sampaguita (palayaw) sa paghahanda magkakaroon ng mas mataas na kasiguraduhan ang kaniyang kaibigan na magtagumapay sa *board examination*. Sabi niya na:

*"Sa aking na papansin, Ang pagbabasa ng libro ay may malaking tulong upang masanay ang iyong isip sa pag analisa sa pagsagot during board exam. Sobrang hanga talaga ako sa aking kaibigan dahil makikita ko sa kanya kagalingan sa paksaing Filipino kaya't naging epektibo ang kanyang ginawang pamaraan sa pagkuha ng board examnination." (IDI-04)*

(Sa aking napansin, ang pagbabasa ng libro ay may malaking tulong upang sanayin ang iyong isip sa pag-aanalisa sa pagsasagot sa panahon ng board examination. Lubos akong humahanga sa aking kaibigan dahil nakikita ko sa kanya ang kagalingan sa paksaing Filipino kaya naging epektibo ang kanyang paraan sa pagkuha ng *board examination.)*

Ibinahagi ni Matalino (palayaw) ang paraan upang makamit ang mithiin at pananaw sa buhay ay kinakailangan na magkaroon ng maiging paghahanda sa sarili sa pagkuha ng *board examination* upang magtagumpay.

*"My suggestion to my fellow unit earner who aspire to take the board examination is to maximize your time, create study plan ,and assess yourself every after practice test." (IDI-05)*

(Ang aking mungkahi sa aking kapwa education earner's na nagnanais na sumailalim sa *board examination* ay tumutok sa oras, gumawa ng plano sa pag-aaral at suriin ang iyong sarili matapos ang ginawang pagtataya*)*.

Pinagtibay na man ito ni Rosas (palayaw) ang mga paraan sa pagkuha ng *board examination* upang makamit ang mithiin sa buhay nang sa ganoon ay magtagumpay ng kaniyang kapatid. Sabi niya:

*"My brother realized that taking board examinaations, particularly in Filipino subject is more difficult if one has no full grasp of the topics or terms. Vice-versa, if you understand the concept, it so more easier to respond to the given question and it benefits the examine since they will not invest more time on the items." (IDI-06)*

(Napagtanto ng aking kapatid sa pagkuha ng board examination ay hindi naging madali lalong-lalo na sa paksaing Filipino, mas mahirap kung walang buong pag-unawa sa mga paksa o mga termino.Sa kabaligtaran, kapag nauunawaan mo ang konsepto, mas madali kang makasagot sa ibinigay na tanong at nakakabenepisyo ang kumuha ng examination hindi na kailangang maglaan ng higit pang oras).

Matapos ang *cross-case analysis*, napag-alaman na ang kalahok ay nahihirapan dahil sa mga di-pamilyar na mga salita, nakaranas ng hamon sa pinansyal, kawalan ng tiwala sa sarili, pananalig sa panginoon, suporta mula sa pamilya, dedikasyon at determinasyon, patuloy sa pag-aaral ng Filipino na subject, pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan, kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa pagtagumpay sa karera, maiging paghahanda sa *board examination* ay isakatuparan. Dagdag pa, pagkatapos makipagpanayam sa mga kalahok ang mananaliksik ay nakabuo ng iba't-ibang temang nabibilangan ukol sa kanilang mga karanasan, hamon at mga pananaw upang matagumpayan ang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino.

## Kabanata 8
## DISKUSYON

Sa kabanatang ito ng *multiple case study*, isinama ang mga resulta ng pag-aaral na naglalarawan ng mga natuklasan mula sa pagsusuri ng mga datos. Kasama rin dito ang detalyadong talakayan ng bawat hanay ng mga natuklasan upang masuri at unawain ang mga ito nang malalim. Ang layunin ng talakayan ay magbigay linaw sa mga karanasan ng mga *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa asignaturang Filipino.

Sa bawat hanay ng mga natuklasan, tinalakay ang mga detalye ng mga karanasan ng mga indibidwal sa paghahanda sa *board examination*. Binigyang-diin ang mga aspeto tulad ng mga pagsubok at hamon na kanilang kinaharap sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Sa pamamagitan ng malalimang pagsusuri, binigyang-diin ang mga estratehiya at mekanismo na kanilang ginamit upang harapin at malampasan ang mga ito.

**Mga karanasan na hinaharap ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partrikular sa paksaing Filipino.** Sa puntong ito, pagkatapos nang pagkuha ng mga datos at pagsuri, siniguro ng mananaliksik na isama ang iba't ibang mga awtors at proposisyon mula sa iba't ibang may akda at mga espesyalista na sumusuporta sa iba't ibang tema na lumalabas mula sa resulta ng pagsusuri sa mga datos na nakolekta mula sa mga kalahok. Ang mga temang ito ay nahihirapan dahil sa mga di pamilyar na mga salita, nakaranas ng hamon sa pinansyal, kawalan ng tiwala sa sarili.

Ang unang tema ng pag-aaral ay naglantad na ang *education earners* ay **nahihirapan dahil sa mga di-pamilyar na mga salita.** Ang lahat ng mga kalahok sa bawat kaso ay umamin na nagkakaroon sila ng malaking hamon sa salita ng mga paksaing Filipino sa pagkuha ng *board examination*. Ang pagkakaroon

ng kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa paksaing Filipino ay nagiging sanhi ng mababang antas sa pagkatuto sa *education earners*.

Tulad sa pag-aaral ni De Los Reyes (2019), ang mga nagtapos ng edukasyon sa Pilipinas ay nahaharap sa malalaking hamon sa board exam, lalo na sa mga asignaturang Filipino. Ang mga pangunahing sanhi ng kahirapan ay kinabibilangan ng kumplikadong wika, malawak na saklaw ng kurikulum, at hindi sapat na epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Ang kumplikadong wika ay nagdudulot ng kalituhan, habang ang lawak ng kurikulum ay nagiging sanhi ng pagkakabahala. Ang hindi epektibong pagtuturo ay nagreresulta sa kakulangan ng pagsasanay. Ang mga akademikong konsepto at termino sa Filipino na walang direktang katumbas sa Ingles ay nagpapahirap sa pag-intindi at pagsasalin, na nagdudulot ng mababang pagganap sa pagsusulit.

Higit pa rito, ang kakulangan sa mataas na antas ng kahusayan sa Filipino ay maaaring makasagabal sa kakayahan ng *education earners* na maunawaan nang lubos ang mga tanong sa pagsusulit. Dahil dito, maaaring mahirapan silang magpahayag ng kanilang mga ideya nang malinaw at wasto, na nagreresulta sa mas mababang pagganap. Ang kakulangan sa akademikong wika ay isang kritikal na hamon, lalo na para sa mga estudyanteng bilingguwal o multilingguwal na nakakaranas ng kognitibong paghahati sa wika (Aizawa, Ikuya et al. 2020).

Dagda pa, Ang paggamit ng wika na hindi pamilyar sa estudyante sa mga *board exam* ay maaaring magdulot ng karagdagang pagsubok sa kanilang pagganap. Kapag ang *medium* ng pagsusulit ay isang wika na hindi komportable ang estudyante, maaaring magkaroon sila ng kahirapan sa pag-unawa ng mga tanong at pagbuo ng kanilang mga sagot. Ang kakulangan sa kasanayan sa wika ay maaaring magdulot ng kalituhan at hadlang sa pag-intindi ng mga tanong, na maaaring magresulta sa hindi wastong mga sagot. Samakatuwid, ang pamilyar na wika sa pagsusulit ay mahalaga upang matiyak na ang mga estudyante ay makakamit ang kanilang tunay na potensyal sa *board exam* (Bernhofer, J., & Tonin, M. 2022).

Ang pangalawang temang umusbong ay ang **nakararanas ng hamon sa pinansyal na aspeto.** Ang lahat ng mga kalahok sa bawat kaso ay umamin na nagkakaroon sila ng malaking hamon sa aspekto ng pinansyal sa kanilang pagkuha ng *board examination*. Responsibilidad ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination* ay sumasaklaw sa pagiging maingat at matalino sa paggamit ng kanilang pinansyal na mapagkukunan, pagpaplano ng kanilang badyet, at pagpapahalaga sa kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng tamang pagtutok sa mga aspektong ito, mas magiging maayos at epektibo ang kanilang paghahanda at pagtamo ng tagumpay sa kanilang *board examination*.

Ayon sa pag-aaral nina Salino et al. (2020), maraming nagkakaroon ng problema at nagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kung paano nakaaapekto ang aspektong pinansyal sa mga desisyon at sitwasyong kinakaharap ng mga tao. Sa konteksto ng paghahanda para sa *board examination*, maaaring makaranas ang mga mag-aaral ng *stress* at pag-aalala sa pagtukoy kung paano nila maibubudget ang kanilang pera para sa pagbili ng *review materials*, pagrehistro sa *review centers*, at iba pang mga gastos kaugnay ng pagsasanay para sa pagsusulit.

Higit pa rito, sa pag-aaral naman nina Reid, M., (2020), ang paghahanda para sa *board examination* ay hindi lamang tungkol sa akademikong kasanayan kundi pati na rin sa paghahanda sa mga hamong pinansyal na maaaring harapin ng *education earners*. Sa pamamagitan ng mas malalim na pag-unawa sa epekto ng aspetong pinansyal sa kanilang paghahanda, maaaring matulungan ang mga ito na maibsan ang kanilang mga alalahanin at maging mas handa sa pagharap sa mga hamon. Sa pamamagitan Sa pagtataguyod ng isang suportadong kapaligiran sa pag-aaral, maaaring mabigyan ng mga mag-aaral ng tamang gabay at suporta upang masiguro ang kanilang tagumpay.

Sa ibang dako, sa pag-aaral nina Reyes at Garcia (2020), ukol sa hamon sa aspetong pinansyal ng mga kalahok sa *board examination* ay nagpapakita ng kritikal na papel ng pagiging maingat at matalino sa pamamahala ng pinansyal na mapagkukunan. Mahalaga ang wastong pagpaplano ng badyet at tamang pagpapahalaga sa edukasyon upang mapabuti ang paghahanda at tagumpay sa nasabing pagsusulit. Ang responsibilidad ng mga mag-aaral sa pagtamo ng tagumpay sa *board examination* ay hindi lamang nakasalalay sa kanilang kaalaman at kasanayan, kundi pati na rin sa kanilang kakayahan sa pangangasiwa ng kanilang pinansyal na aspeto. Sa ganitong paraan, mahalaga ang wastong pamamahala ng pinansyal upang matiyak ang magandang resulta sa *board examination*.

Ang pangatlong tema na umusbong ay ang **kawalan ng tiwala sa sarili.** Umusbong naman ang temang ito sa dalawang partisipante batay sa kanilang karanasan sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino, na siyang binanggit nina Bini (palayaw) at Matalino (palayaw) na nagkakaroon sila kawalan ng tiwala sa sarili dahil sa pagkuha ng *board examination*. Ang kanilang karanasan ay nagdulot ng kawalan ng tiwala sa kanilang sarili habang nagpapaghanda para sa *board examination* sa asignaturang Filipino. Ang mga pangamba at kawalan ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan ay maaaring nakakaapekto sa kanilang pag-aaral at pagkuha ng *board examination*.

Ito ay katulad sa pag-aaral nina Kenny et al. (2020), ang kakulangan sa tiwala sa sarili ay maaaring magresulta sa hindi kasiya-siyang kakayahan na ipaliwanag nang maayos ang mga mahahalagang konsepto o mga ideya. Ito ay maaaring magdulot ng kawalan ng katiyakan sa mga mag-aaral at maaaring humantong sa kanilang pagkakaroon ng malabong pang-unawa sa mga konsepto na itinuturo. Sa punto ito, ang kawalan ng tiwala sa sarili ay maaaring bunga ng iba't ibang mga kadahilanan, tulad ng kawalan ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan, takot sa pagkabigo, o kahit na simpleng pag-aalala sa kanilang kakayahan na makapasa.

Bukod pa rito, ayon naman nina Colendra at Carada (2023), sa pagtulong sa mga mag-aaral na mapalakas ang kanilang tiwala sa sarili at magtagumpay sa *board examination*, ang *gamification tool* ay lumalabas na isang mabisang estratehiya sa dahilang ito ay hindi lamang nagbibigay ng kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral, kundi nagbibigay din ito ng positibong karanasan at motibasyon na kinakailangan para sa kanilang tagumpay sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino.

Higit pa rito, ayon ni Dela Cruz (2020), sa pagkuha ng *board examination*, maraming *education earners* ang nakararanas ng mga pagsubok, lalo na sa paksaing Filipino kung saan kawalan ng tiwala sa sarili ang isa sa mga pangunahing hamon. Ipinakita na ang mababang antas ng tiwala sa sarili ay maaaring magdulot ng hindi pagtatagumpay sa pagsusulit. Kaya, mahalaga ang tamang pagpasya at preparasyon upang malabanan ang mga negatibong epekto ng kawalan ng tiwala sa sarili sa pagkuha ng *board exam*.

**Paano nalampasan ng mga *Education Earners* ang mga Hamon sa Kanilang Pagkuha ng *Board Examination* Partikular sa Paksaing Filipino.** Sa puntong ito, tinanong ng mananaliksik ang mga kalahok tungkol sa kanilang mga hamon na kanilang hinarap sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino at kung paano nila ito hinarap, ang mananaliksik ay bumuo ng apat na pangunahing tema na mula sa mga tugon ng mga impormante: pananalig sa panginoon, suporta mula sa pamilya, dedikasyon at determinasyon, patuloy sa pag-aaral ng Filipino na asignatura.

Ang unang tema ng pag-aaral ay naglantad na ang *education earners* ay ang **pananalig sa Panginoon**. Isiniwalat ng tatlong partisipante na masasabing ang pananalig sa panginoon ay nakakatulong sa aspektong emosyonal at espiritwal ng isang indibidwal sapagkat napapataas nito ang paniniwalang magiging positibo ang kinalalabasan sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Nanniniwala ang

bawat indibiduwal na kayang ibigay lahat ng Panginoon ang kanilang mithiin sa buhay kung maglaan lamang ng oras at panahon sa pakikipag-usap sa kaniya gamit ang pagdarasal.

Sa pagsusuri ni Dawson (2019), sa kanyang artikulo na may pamagat na *"8 Encouraging Prayers for Students During Exams*," ipinakita niya ang kahalagahan ng pagdarasal sa proseso ng paghahanda at pagkuha ng *board examination*. Sa kanyang akda, ipinunto niya na ang Panginoon ay hindi lamang isang abstraktong entidad, kundi Siya ay palaging naroroon, handang makipaglaban at magbigay ng gabay sa bawat indibidwal sa anumang oras. Kahit sa mga pagkakataon ng kagipitan o kasiyahan sa larangan ng akademiko, patuloy na nakaalalay ang Panginoon sa ating mga pagsubok at mga tagumpay. Ang mga ideya na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng espiritwal na pagtitiwala at pakikipag-ugnayan sa Diyos sa panahon ng mga pagsubok at pagsusulit. Sa ganitong paraan, ang panalangin ay nagiging isang makapangyarihang kasangkapan para sa mga mag-aaral upang makamit ang tagumpay at kapanatagan sa gitna ng kanilang mga akademikong gawain.

Gayunpaman, sa puntong ito ipinapakita na ang mga saloobin at paniniwala ng isang guro, lalo na sa kanyang paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*, ay malaki ang impluwensya ng kanyang pamilya, mga kaibigan, at ang lipunan sa kanyang paligid. Nakikita sa pag-aaral na ang mga guro ay madalas na nahuhubog sa kanilang mga pinagmulang kultura at pananampalataya. Sa konteksto ito, ang pagdarasal at kagamitan na bahagi ng kultura, maging ito man ay katutubo o hiram, ay naglalarawan ng mahalagang bahagi ng buhay ng isang guro dahil ito ay nagbibigay hindi lamang ng suporta sa kanyang paniniwala kundi pati na rin sa pagbibigay ng matatag na pundasyon para sa kanyang pagkakakilanlan bilang isang Filipinong guro. Sa pagiging relihiyoso, lumalakas ang loob ng isang guro na harapin ang mga hamon sa larangang kanilang pinili (Canones & Pujeda, 2021).

Higit pa rito, ayon kay Cruz (2021), sa pagkuha ng *board examination*, maraming education earners ang nakakayanan ang mga hamon sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Ang matatag na pananalig sa Diyos ay nagbibigay ng lakas at determinasyon sa *education earners* upang harapin at malampasan ang mga pagsubok sa pagsusulit, partikular sa paksaing Filipino. Lumalim ang kanilang pananampalataya sa gitna ng mga pagsubok, na nagtutulak sa kanila na magtiwala sa sarili at sa plano ng Diyos para sa kanilang tagumpay.

Ang pangalawang tema na umusbong ay ang **suporta mula sa pamilya**, isiniwalat nina Bini (palayaw) at Diwata (palayaw) masasabing nagdudulot ng positibong karanasan ang pagsuporta ng pamilya sa isang indibidwal na kukuha ng *board examination* sapagkat nagbibigay ito ng inspirasyon at motibasyon para ipagpatuloy ang nasimulang laban. Ang presensyang dulot ng pamilya ang siyang magsisilbing sandigan ng sinumang indibidwal bilang instrumentong gagamitin nito sa pagsagupa sa hamon ng buhay. Magdudulot din ang positibong tugon o resulta sa kaisipin ng isang indibidwal ang magandang ugnayan nito sa kaniyang pamilya sapagkat maituturing na malinaw ang isipin nito sa kadahilanang nararamdaman ng isang indibidwal ang suporta at tiwala mula sa kaniyang pamilya.

Ito ay katulad sa pag-aaral ni Caranguian (2022), sa pag-aaral na isinagawa, itinatampok ang malaking kaugnayan ng tagumpay ng mga mag-aaral sa *Licensure Examinations for Teachers* (LET) sa Pilipinas sa mga aspekto ng kanilang pamilya. Ang pagsusuri ay nagpapakita na ang ekonomikong kalagayan ng pamilya at ang antas ng edukasyon ng mga magulang ay mahalagang salik sa pagtatamo ng tagumpay ng mga mag-aaral sa nabanggit na pagsusulit. Sa isang bansa tulad ng Pilipinas, kung saan ang edukasyon ay itinuturing na pangunahing instrumento sa pag-angat sa lipunan, ang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga pamilyang Pilipino na maglaan ng suporta at mapagkukunan para sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ipinapakita nito ang kolektibong layunin ng mga pamilya sa Pilipinas na hindi lamang

para sa indibidwal na miyembro kundi para sa kabuoan ng kanilang pamilya. Ang ganitong pananaw ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa edukasyon bilang isang pangunahing pundasyon ng tagumpay at pag-angat sa buhay.

Dagdag pa sa isang pag-aaral, nagkakaroon ng positibong epekto ang suporta mula sa mga kaibigan ng mag-aaral, kabilang na ang pagbibigay ng moral na suporta, pagtulong sa pag-aaral, at pagpapalakas ng kumpiyansa. Sa konteksto ito, ipinapakita ang mahalagang papel ng pakikiisa ng mga kaibigan at mga guro na may karanasan sa proseso ng pagsasaliksik. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang tulong at suporta mula sa mga ito ay hindi lamang nagbibigay ng praktikal na gabay sa pananaliksik, kundi nagdudulot din ng inspirasyon, gabay, at kumpiyansa sa mga mananaliksik sa kanilang paglalakbay sa pag-aaral. Sa gayon, ang partisipasyon ng mga kaibigan at mga guro ay naglalaro ng mahalagang papel sa pagpapalakas at pagpapaunlad ng mga mananaliksik sa kanilang mga proyekto (Hunuk & MacPhail, 2023).

Sa katunayan, sa pag-aaral ni Alonzo (2019), mahalaga ang suporta mula sa pamilya upang matulungan ang *education earners* na malampasan ang mga hamon, lalo na sa paksaing Filipino. Ang pamilya ay isang mahalagang salik sa pagpapalakas ng loob at pagtitiwala sa sarili ng mga mag-aaral, na siyang nagbibigay sa kanila ng lakas ng loob upang harapin ang mga pagsusulit lalo na ang pagkuha ng lisensya sa pagiging guro.

Ang pangatlong tema na umusbong ay ang **dedikasyon at determinasyon**, isiniwalat nina Diwata (palayaw) at Matalino (palayaw) ang pagkakaroon ng dedikasyon at determinasyon sa paghahanda para sa *board examination* ay naglalarawan ng matibay na pagtitiwala sa sarili, pagtutok sa layunin, at patuloy na pagpupursige sa kabila ng mga hamon. Ito ay mahalagang katangian na nagtutulak sa isang indibidwal patungo sa tagumpay at pag-abot ng kanilang mga pangarap sa larangan ng edukasyon at propesyon.

Sa pag-aaral nina Amononce at Maramag (2022), ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng dedikasyon at determinasyon sa paghahanda para sa *licensure examination*, partikular na sa larangan ng pagiging guro. Ipinapakita nito na ang mga katangiang ito ay nagpapakita ng lakas ng loob at kasigasigan ng mga estudyante, na mahalaga upang makamit ang tagumpay sa pagsusulit. Ang pagpapakita ng matibay na determinasyon at dedikasyon ay hindi lamang nagdaragdag ng tsansa ng pagpasa sa eksaminasyon, kundi nagbubukas din ng mga oportunidad para sa personal at propesyonal na pag-unlad. Sa pamamagitan ng patuloy na pagpapakita ng determinasyon at dedikasyon, ang isang indibidwal ay nagiging mas handa na harapin ang mga hamon at magtagumpay sa kanilang larangan ng propesyon. Sa kabilang banda, ang dedikasyon ay nagpapakita ng pagtitiyaga at pag-aalay ng oras at pagsisikap sa paghahanda para sa pagsusulit. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng determinasyon at dedikasyon, ang isang estudyante ay nagkakaroon ng malakas na pundasyon para sa kanilang tagumpay hindi lamang sa pagsusulit kundi maging sa kanilang hinaharap na propesyon.

Higit pa rito, pagsusuri ng personal na paghahanda para sa *Licensure examination for Teachers (LET)*, na nakatuon sa iba't ibang aspekto tulad ng sariling motibasyon, kasanayan at gawi sa pag-aaral, at pamamahala ng oras. Ipinakita ng pag-aaral na ang personal na sigasig ng mga kumukuha ng pagsusulit at ang epektibong paggamit ng mga mapagkukunan ay napakahalaga sa kanilang tagumpay. Natuklasan na ang mga *examinee* na may mataas na antas ng determinasyon at dedikasyon ay mas mahusay sa nakakapaghanda para sa *LET*. Binigyang diin din ang pag-aaral ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malakas na suporta mula sa mga tagapagturo at mga programa sa *review*, na maaaring makatulong upang higit pang mapaunlad ang kasanayan at kumpiyansa ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, lumalabas na ang kumbinasyon ng personal na paghahanda at suporta mula sa mga institusyon ay isa ring mahalagang sangkap sa matagumpay na pagganap sa *LET* (Briones & Romero, 2020).

Kaugnay rito, sa pag-aaral ni Rivera (2019), ipinakita ang kahalagahan ng dedikasyon at determinasyon sa pagtawid ng mga hamon sa pagkuha ng *board examination*, partikular sa paksaing Filipino. Natuklasan na ang *education earners* na may mataas na antas ng dedikasyon at determinasyon ay mas malamang na magtagumpay sa kanilang mga pagsusulit. Ang pagtitiyaga at pagsisikap ng mga mag-aaral sa kanilang mga aral ay mahalaga upang maipasa nila ng maayos ang *board examination*.

Ang pang-apat na na temang umusbong ay ang **Patuloy sa pag-aaral ng Filipino na subject**, ibinahagi ng dalawang kalahok na upang malampasan ang mga hamon sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at pag-aaral sa Filipino, mas nabibigyan ng kumpiyansa ang isang indibidwal na harapin at malampasan ang mga hamon na kaakibat ng *board examination*, at maging isang ganap na propesyonal sa larangang kanilang pinili.

Kaugnay rito, sa isang pag-aaral na isinagawa nina Wang et al. (2023), na naglalayong suriin ang isang bagong pamamaraan ng pag-aaral na tinatawag na *orthogonal subspace learning* para sa patuloy na pag-aaral ng mga wika. Sa kanilang pagsasaliksik, kanilang tinalakay ang problema ng pagpapanatili ng kaalaman ng mga wika sa mga *language model* sa harap ng patuloy na pagbabago at pag-unlad ng wika. Ang kanilang layunin ay upang magtakda ng isang mas mabisang paraan upang mapanatili at pagbutihin ang kalidad ng mga *language model* sa mga sitwasyon kung saan ang mga pagbabago sa wika ay regular na nangyayari. Sa konteksto ng aking pag-aaral, sa pamamagitan ng ganitong paraan, kakitaan ang bawat indibiduwal ng mas malawak na kakayahan ng mga *language model* partikular na sa *Filipino subject* na magamit at makabuo ng mas maaasahang mga resulta sa mga *dynamic* na kapaligiran.

Bilang supporta, ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Wu et al. (2024), na naglalayong suriin ang konsepto ng patuloy na pag-aaral para sa malalaking modelo ng wika. Sa kanilang pag-aaral, kanilang tinalakay ang ideya ng patuloy na pag-aaral para sa malalaking modelo ng wika, na kung saan ang mga modelo ay patuloy na pinapabuti at pinauunlad sa pamamagitan ng pagtulong sa mga ito na mag-*absorb* ng bagong kaalaman at impormasyon habang sila ay gumagana. Layunin ng kanilang pagsasaliksik na suriin ang mga iba't ibang pamamaraan, modelo, at mga diskarte na ginagamit para sa patuloy na pag-aaral sa larangan ng malalaking modelo ng wika. Ang pahayag na ito ay naglalayong magbigay ng isang masusing pagsusuri sa konsepto ng patuloy na pag-aaral para sa malalaking modelo ng wika, at naglalayong magtakda ng pundasyon para sa mas malalim na pag-unawa at pagpapabuti ng mga modelo sa hinaharap.

Bilang karagdagan, sa pag-aaral ni Meal (2021), inilahad ang ugnayan sa pagitan ng antas ng edukasyon at pagganap sa pagsusulit sa *board examinations*, partikular na ang pagsusuri sa papel ng kasanayan sa wikang Filipino. Ginamit ng pag-aaral ang isang kombinasyon ng *quantitative* na datos mula sa mga resulta ng pagsusulit at *qualitative* na pananaw mula sa mga interbyu sa mga bagong pumasa sa pagsusulit. Natuklasan na may malaking kaugnayan ang mataas na antas ng kasanayan sa wikang Filipino sa mas magandang pagganap sa *board exams*. Nagmungkahi ang pag-aaral na dapat bigyang-diin ng mga tagapag-develop ng kurikulum at mga guro ang pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino sa buong programa ng edukasyon upang mapabuti ang pangkalahatang mga resulta. Bukod dito, inirekomenda ang mga *targeted review sessions at language enhancement workshops* bilang bahagi ng proseso ng paghahanda sa board exam.

Higit pa rito, ipinakita ng pag-aaral na mas malamang na pumasa sa *board exams* ang mga mag-aaral na may mas matibay na kasanayan sa wikang Filipino kumpara sa mga may mas mababang antas ng kasanayan. Binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-angkop ng komprehensibong pagsasanay sa wika sa loob ng kurikulum ng edukasyon at inirerekomenda ang mga regular na pagsusuri ng kasanayan sa wika upang bantayan at suportahan ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang mga pagsisikap sa pagitan ng mga

guro at mga espesyalista sa wika upang magtatamo ng epektibong mga estratehiya sa pagtuturo na naaangkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng edukasyon Marcos (2020),

**Ano ang mga mithiin at pananaw na maaaring imungkahi nila sa kapwa *earners* at sa pangkalahatan**. Matapos kunin at pag-aralan ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok, lumantad na ang *education earners* ay may iba't ibang mga pananaw sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong pangunahing tema ang umusbong: Pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan, kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera, Maiging paghahanda sa *board exam* ay isakatuparan.

Ang unang tema ng pag-aaral ay naglantad sa pananaw ng mga *education earners* sa **pagpapalakas ng kumpyansa sa sarili ay kinakailangan**. Ipinahayag ng tatlong partisipante na ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili, mas nagiging handa ang isang indibidwal na harapin at lampasan ang mga hamon na kaakibat ng pagsusulit. Ang pagkuha ng *board examination* ay maaaring maging isang nakakakaba at mabigat na proseso, ngunit ang pagkakaroon ng kumpyansa sa sarili ay magbibigay-daan sa isang tao na labanan ang mga pangamba at pag-aalinlangan.

Sa pag-aaral ni Tyagi at Misra (2021), na isang konteksto ng paghahanda para sa *board examination*, ang *intrinsic* na motibasyon ay nakatutulong sa pagpapalakas ng dedikasyon sa pamamagitan ng pagtutok sa mga personal na layunin at tagumpay, na naglalayo sa indibidwal mula sa mga pangamba at hadlang sa kanilang pag-unlad. Sa ganitong paraan, ang *intrinsic* na motibasyon ay naglalarawan ng mas malalim na antas ng pag-uugnay ng isang tao sa kanilang mga layunin at pangarap, na nagdudulot ng mas matatag na dedikasyon at determinasyon sa kanilang paghahanda para sa *board examination* at sa kanilang personal na pag-unlad sa hinaharap.

Higit pa rito, ang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsusuri sa epekto ng *growth mindset* sa motibasyon at pag-unlad ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito ang patuloy na diskusyon at pag-aaral sa larangang ito, na naglalayong mas mapabuti ang mga paraan ng pagtuturo at pagpapalakas ng kumpyansa sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kung paano nakaaapekto ang *growth mindset* sa mga mag-aaral, maaaring mas maisaayos ng mga guro ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang mas mahikayat at mapalakas ang kumpyansa ng kanilang mga mag-aaral. Dagdag pa, ang pag-aaral at diskusyon sa larangang ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng positibong pananaw sa pag-aaral at pag-unlad, na nagdudulot ng positibong epekto hindi lamang sa akademikong tagumpay kundi pati na rin sa pangkalahatang pag-unlad at pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral (Denworth, 2019).

Bukod dito, ayon ni Brian (2022), may mga salik na nakakaapekto sa antas ng kumpiyansa ng mga nakapagtapos ng edukasyon sa kanilang paghahanda para sa *Philippine Board Examination* sa Filipino. Batay sa natuklasan, ang pagbuo ng malalim na kaalaman sa paksa at ang epektibong estratehiya sa pag-aaral ay kritikal sa pagpapalakas ng kumpiyansa. Ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mga mag-aaral sa kanilang mga guro at suporta mula sa pamilya bilang pangunahing mga salik na nag-aambag sa kanilang *self-efficacy*. Ang kanilang mga rekomendasyon ay nakatuon sa paglikha ng mga makabago at nakaaakit na pamamaraan sa pagtuturo at pagpapayo na makakatulong sa pagbuo ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulit.

Tinukoy naman ni Bautista at Lanuza (2021), ang kahalagahan ng mga paghahanda na mga programa sa pagpapalakas ng kompyansa ng mga mag-aaral sa paghahanda para sa *board examination* sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagbigay-diin sa epekto ng mga simulatibong pagsusulit at mga interactive na palihan sa pagpapalakas ng tiwala sa sarili ng mga estudyante. Ito ay nagpapakita na ang mga programang

nagbibigay ng hands-on na karanasan at pagsusuri sa mga tiyak na paksa sa Filipino ay may positibong epekto sa antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral. Ang kanilang rekomendasyon ay ang pagpapalawak ng mga ganitong uri ng mga programa sa lahat ng mga institusyon upang masiguro ang mataas na kalidad ng paghahanda para sa *board examination*.

Bilang karagdagan, ayon kay Pascual (2023), may relasyon ang *self-efficacy* sa *academic performance* ng mga estudyanteng Filipino sa kanilang paghahanda para sa *board exam*. Ipinakita ng kanyang pananaliksik na ang mataas na antas ng *self-efficacy* ay malapit na konektado sa mas mataas na akademikong pagganap at mas mabuting resulta sa pagsusulit. Ang mga estudyante na may matibay na tiwala sa kanilang kakayahan ay mas epektibong nakakapasok sa mga *review sessions* at nakagagawa ng mas mahusay na pagpaplano para sa kanilang pag-aaral. Inirekomenda ng pag-aaral ang pagkakaroon ng integrasyon ng mga estratehiya sa pagpapalakas ng *self-efficacy* sa *curriculum* upang mapabuti ang paghahanda ng mga mag-aaral para sa *board exam*.

Ang pangalawang tema na umusbong ay ang **Kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera,** isiniwalat ng dalawang kalahok ang pagkamit ng edukasyon ay isang pundasyon sa tagumpay sa karera. Ito ay hindi lamang nagbubukas ng mga pintuan ng oportunidad sa trabaho, kundi nagbibigay din ng mga kakayahan at kaalaman na kinakailangan upang magtagumpay sa propesyonal na mundo, pati na rin sa personal na pag-unlad at paglago.

Sa isang pag-aaral mula sa Team Z (2023), na ang edukasyon ay isang pundasyon ng tagumpay sa karera, ngunit hindi lamang ito nagtatapos sa pagkakaroon ng trabaho kundi sa patuloy na proseso ng pag-unlad at pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng isang indibidwal upang maging matagumpay at produktibong miyembro ng lipunan. Sa pamamagitan ng edukasyon, ang isang tao ay nagkakaroon ng mga kasanayan sa pag-aaral, pag-iisip, at pang-unawa na kinakailangan hindi lamang sa kanilang propesyonal na karera kundi pati na rin sa kanilang personal na buhay. Ang mga ito ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal na maunawaan ang kanilang sarili, ang kanilang kapaligiran, at ang mga isyu sa lipunan, na nagreresulta sa mas matalinong pagpapasya at mas malawak na pang-unawa sa mundo.

Bilang karagdagan, ayon nina Hitka et al. (2021), ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon bilang mahalagang hakbang sa tagumpay sa karera sa hinaharap. Ipinakikita nito ang malaking epekto ng edukasyon sa karera ng mga manggagawa, pati na rin ang mga pagbabagong nagaganap sa kanilang pagpapahalaga sa mga pangunahing motibasyon tulad ng edukasyon, personal na pag-unlad, kasanayan, kasiyahan, at awtonomiya, batay sa kanilang kasarian at antas ng edukasyon. Mahalaga na isaalang-alang ang mga ito sa pagpaplano ng pag-unlad ng karera.

Gayunpaman, sa pag-aaral ni Khan (2021), nagbigay-diin sa mga pananaw ng mga estudyanteng graduate ukol sa ugnayan ng edukasyon at tagumpay sa kanilang mga propesyonal na karera. Mahalaga ang mataas na antas ng edukasyon hindi lamang para sa pagbuo ng kasanayan kundi pati na rin sa pagbuo ng mga oportunidad sa karera. Napag-alaman na ang mga nakapagtapos na may mas mataas na antas ng edukasyon ay may mas mataas na posibilidad na makamit ang kanilang mga layunin sa trabaho at magkaroon ng mas mataas na antas ng kasiyahan sa kanilang mga propesyon. Ang kanilang findings ay nagpapakita ng matibay na ugnayan sa pagitan ng *educational attainment at career success*.

Sinuportahan naman ito nina Galvez at Guerrero (2022), ang papel ng edukasyon sa pagpapalawak ng mga oportunidad sa trabaho at sa pag-abot ng tagumpay sa karera ay ang pagkakaroon ng mga *advanced* na *degree* na kadalasang nagreresulta sa mas maraming pagkakataon sa promosyon at mas mataas na sahod. Ito ay nagpapahiwatig na ang edukasyon ay hindi lamang isang personal na tagumpay kundi isang

mahalagang bahagi ng pangmatagalang tagumpay sa propesyonal na mundo. Nagbibigay-diin din sa pangangailangan ng patuloy na pag-aaral at pagsasanay sa pag-abot ng tagumpay sa karera.

Samantala, ayon ni Hugo (2023), ang pananaw ng mga empleyado tungkol sa koneksyon ng kanilang *educational background* at *professional success* ay malaki ang naitutulong ng pagkakaroon ng mataas na antas ng edukasyon sa pagbuo ng mga kinakailangang kasanayan at kaalaman para sa pag-unlad sa kanilang mga karera. Nagpapakita ito na ang edukasyon ay isang mahalagang pundasyon na nagreresulta sa mas maraming oportunidad at mas mahusay na posisyon sa trabaho. Ito rin ay nagbigay-liwanag sa epekto ng mga *advanced* na *degree* sa pagbuo ng *professional networks* na nagiging susi sa tagumpay.

Ang pangatlong tema na umusbong sa malalim na pananayam ay ang **maiging paghahanda sa *board exam* ay isakatuparan**, isiniwalat ng tatlong kalahok na ang paghahanda sa *board exam* ay ang isang mahalagang hakbang para sa tagumpay. Sa pamamagitan ng maiging paghahanda, mas magiging handa at kumpiyansa sila sa pagharap sa mga hamon ng pagsusulit, na nagbibigay-daan sa kanila upang maabot ang kanilang mga pangarap at maging lisensyadong propesyonal.

Katulad ng pag-aaral ni Albite (2019), nagbibigay-diin ito sa kahalagahan ng iba't ibang estratehiya, gawi, at personal na katangiang malaki ang naitulong sa tagumpay ng mga *topnotchers* sa kanilang paghahanda para sa *Licensure Examination for Teachers (LET)*. Ipinapakita ng pag-aaral na ito ang kakayahan ng mga mag-aaral na baguhin at iakma ang kanilang mga pamamaraan sa pag-aaral upang mapabuti ang kanilang pag-unlad at makamit ang tagumpay sa kanilang kurso.

Bukod pa rito, sa paghahanda para sa *board exam*, hindi lamang sapat na maging pasibo sa pag-aaral ng mga pangunahing konsepto. Sa halip, mahalaga ang maging aktibo sa paghahanap ng karagdagang kaalaman at pagpapaunlad ng kasanayan. Sa pamamagitan ng ganitong pagiging aktibo, mapalalim natin ang ating pang-unawa at mapapalawak ang ating kakayahan. Ang edukasyon, anuman ang anyo o paraan nito, ay patuloy na nagbibigay sa atin ng mga oportunidad upang mapabuti ang ating sarili at ang ating mga buhay. Sa pagpapalawak ng ating kaalaman at kakayahan, binibigyan natin ng daan ang mas maraming mga posibilidad at oportunidad na magbunga ng tagumpay sa hinaharap (Mahajan, 2023).

Sinuportahan naman ito sa pag-aaral ni Sedares & Calvino (2021), tinukoy ang iba’t ibang estratehiya at hamon na kinakaharap ng mga nagtapos ng kursong edukasyon sa paghahanda para sa *board exam*. Ang paggamit ng structured *review programs* at ang pagkakaroon ng madalas na pagsasanay sa pagsusulit ay lubos na nakatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kahusayan sa pagsagot. Mahalaga rin ang suporta mula sa pamilya at mga guro sa pagbuo ng isang epektibong study plan. Ang kakulangan sa oras at *stress* ay ilan sa mga pangunahing hadlang sa kanilang paghahanda. Ang *psychological readiness* ay may malaking epekto sa pagtatagumpay ng mga *examinees*. Ang pagbuo ng mas malalim na para sa mga estudyanteng naghahanda sa *board exam* ay isang kapaki-pakinabang (Sedares & Calvino, 2021).

Gayunpaman, ayon ni Macario (2022), ang madalas na *review sessions* at ang pagbuo ng study groups ay nagpapataas ng posibilidad na makapasa sa *board exams*. Nakita din niya na ang paggamit ng mga review materials at simulators ay tumutulong sa pag-enhance ng knowledge retention. Gayunpaman, ang panganib ng *over-preparation* na maaaring magdulot ng anxiety. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa balanseng pamamaraan sa pagpaplano ng pag-aaral at personal na kalagayan. Ang kanyang rekomendasyon ay ang pagbuo ng *holistic study plans* o komprehensibong mga plano sa pag-aaral na isinasaalang-alang ang parehong *academic* at *psychological factors*.

Dagdag pa ni Canon (2023), may mga salik na nakakaapekto sa paghahanda ng mga estudyanteng magtuturo para sa kanilang *licensure examinations*. Napag-alaman niya na ang *self-efficacy* at *time management skills* ay mga pangunahing aspekto sa epektibong preparation. Ang pagkakaroon ng *guided*

*mentorship programs* at *study plans* ay nag-aambag sa mas mataas na kahusayan sa pagsusulit. Gayunpaman, nahanap din ng pag-aaral na ang pressure mula sa mga pamilya at ang kompetisyon sa mga kaibigan ay maaaring maging dahil sa pag-aalala. Binibigyang-diin ng pag-aaral na ang masusing suporta sa *mental health* at *stress management* ay mahalaga sa paghahanda para sa *board exams*.

**Implikasyon sa Kasanayang Pagtuturo**

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nakapagpakita ng mga buhay na karanasan sa pagharap sa mga adaptasyon at mga pananaw ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Gamit ang mga datos na ito, panahon na para talakayin ang mga posibleng implikasyon para matugunan ang tumataas na alalahanin sa paglahok ng mga *education earners* sa pagkuha ng *board exam* at isa-isang sumailalim ito sa paggalugad sa maaaring mga implikasyon nito para sa earners na kumuha ng *board exam*.

Bilang panimula, ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng malawak na hanay ng mga diskarte sa pagharap na maaaring gamitin ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Ang mga karanasan ng *education earners* ay maaaring maging isang reperensya sa kanilang sariling pag-aaral sa pagharap sa mga hamon na kanilang kinakaharap. Bukod dito, ang pagsusuri sa mga karanasan at pananaw ng *education earners* na ito ay nagbigay sa akin ng malalim na pag-unawa sa kung gaano kahalaga ang pagpapaunlad ng sarili bilang isang earners at sa kung paano ito magsisilbing suporta at gabay sa mga mag-aaral sa kabuoan ng kanilang mga paglalakbay sa pananaliksik, na nagpapahintulot sa akin na bumuo ng mga iniangkop na estratehiya upang matugunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan at mga balakid.

Una, ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing batayan para sa paglikha at pagpapatupad ng mga patakaran at alituntunin ng mga mas mataas na institusyon, tulad ng *Commission on Higher Education (CHED)*, upang higit na suportahan at pahusayin ang proseso ng pagkuha ng *board examination* ng mga *education earners*. Batay sa mga mekanismo ng pagharap at mungkahing ibinahagi ng mga kalahok sa pag-aaral, maaaring matukoy ng *CHED* ang mga aspeto ng pagpapabuti na may kaugnayan sa patuloy na paghahanda para sa *board examination*. Ang mga natuklasan ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng sapat na oras at naaangkop na mga *review materials* para sa mas mahusay na pag-aaral, partikular sa paksaing Filipino. Dagdag pa rito, binibigyang-pansin ang paglikha ng mas maraming pagkakataon sa pamamagitan ng mga iskolarsyip na magpapalakas sa *education earners* na nais ipagpatuloy ang kanilang propesyonal na pag-unlad.

Pangalawa, ipinahihiwatig ng pag-aaral na mahalaga para sa administrasyon ng paaralan na hikayatin ang *education earners* na aktibong makibahagi sa mga programa at aktibidad tulad ng mga pagsasanay, *workshop*, at *seminar*. Sa ganitong paraan, maaaring gamitin ng mga institusyon ang mga natuklasang impormasyon upang lumikha ng isang kapaligirang nagsusulong ng propesyonal na paglago at nagbibigay ng sapat na suporta sa *education earners*. Ang mga hakbang na ito ay makatutulong upang mapahusay ang kanilang paghahanda at pagkuha ng *board examination.*

Pangatlo, sa *education earners*, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ito ang karanasan ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*, partikular sa paksaing Filipino, ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-intindi sa kanilang mga hamon at pangangailangan. Ang mga natuklasan ay nagmumungkahi na ang mas mahusay na pagsasanay at suporta sa Filipino ay maaaring magpataas ng kumpiyansa at kakayahan ng mga estudyante sa pagsusulit. Ang mga resulta ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa

pinasadyang mga kurikulum at materyales na akma sa wika at kultura, na maaaring magdulot ng mas mataas na tagumpay sa board exams at mas mahusay na pang-akademikong *performance* sa hinaharap.
Pang-apat, ang pag-aaral na ito ay magiging kapaki-pakinabang para sa mga mag-aaral, dahil magbibigay ito ng mas malalim na pang-unawa at inspirasyon upang pahalagahan ang kanilang sariling pag-unlad at pagkatuto. Sa tuwing makikita nila ang pagsusumikap ng kanilang kapwa *earners* na patuloy na nagpapabuti ng kanilang kakayahan at kaalaman sa propesyon, ito ay maaaring magsilbing modelo para sa kanila hindi lamang sa larangan ng edukasyon kundi pati na rin sa kanilang personal na buhay at karera.
Panghuli, sa mga mananaliksik sa hinaharap, maaari nilang gamitin ang pagaaral bilang sanggunian para sa kanilang gagawing pananaliksik sa hinaharap. Dahil sa katotohanan na ang pag-aaral ay nagsiwalat ng mga paghihirap, mga karanasan, mga mekanismo ng pagharap sa hamon at mga pananaw ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino. Nawa'y ang gawaing ito ay mag-udyok sa kanila na magkaroon ng mga pagsusumikap sa pananaliksik sa hinaharap na maaaring ituro upang siyasatin ang paglalakbay sa pagkuha ng *board examination*.

**Implikasyon para sa Karagdagang Pag-aaral**

Ang implikasyon para sa karagdagang pananaliksik ay upang palawakin ang laki ng sampol at konteksto ng pag-aaral. Ang kasalukuyang pag-aaral, na nakatutok
lamang sa tatlong kaso at tatlong impormante na may kabuoan na anim na kalahok mula sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST), ay may limitadong laki ng sampol at makitid na konteksto na maaaring tugunan ng mga hinaharap na mananaliksik ang mga limitasyon nito sa pamamagitan ng pagsasama ng mas malaki at mas magkaibang sampol ng education earners sa iba't ibang institusyon. Sa paggawa nito, makakamit ang isang mas komprehensibong pag-unawa sa mga buhay na karanasan ng education earners sa kanilang pagkuha ng *board examination* sa iba't ibang kaligiran ng edukasyon.
Bukod pa rito, ang pananaliksik sa hinaharap ay maaaring makinabangan mula sa pagsasama ng mga pananaw ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*. Ang pagsasama ng mga boses ng earners ay nagbibigay ng mga pananaw sa kanilang mga karanasan, hamon at mekanismo sa pagharap. Ang pagsasama sa mga pananaw ng *earners* ay makatutulong sa isang mas balanse at komprehensibong pag-unawa sa pagtukoy sa mga lugar ng pagkakahanay na may potensyal na agwat sa mga persepyon na mas mapapahusay pa ng mga mananaliksik ang kalidad ng pangangasiwa dito.
Mahalagang kilalanin ang mga limitasyon ng kasalukuyang pag-aaral. Ang isang pangunahing limitasyon ay ang maliit na sukat ng sampol na binubuo ng tatlong kaso na may kabuoang anim na mga kalahok, lahat ay mula sa *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST). Ang limitadong sukat ng sampol na ito ay naghihigpit sa pagiging pangkalahatan ng mga natuklasan sa isang mas malawak na populasyon ng *education earners* sa pagkuha ng *board examination*. Samakatuwid, ang pananaliksik sa hinaharap ay dapat na naglalayong isama ang isang mas malaki at mas magkakaibang sampol na sumasaklaw sa *earners* mula sa iba't ibang mga institusyon at sanligan na siyang titiyakin ang isang mas kinatawan at komprehensibong pang-unawa sa pag-aaral.
Ayon sa mga mungkahi sa seksyong ito, maaaring gayahin ng ibang mga mananaliksik ang pananaliksik na ito sa kanilang sariling konteksto na kung saan ang pagkuha ng *board examination* ng *education earners* ay alalahanin. Sila ay higit sa malugod na tinatanggap na gumamit ng parehong pamamaraan ng pananaliksik o subukan ang iba't ibang paraan upang suportahan o pabulaanan ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito. Ang iba pang mga mananaliksik ay maaaring tumingin sa pagtaas ng laki ng sampol upang

masakop ang mas makabuluhang mga kwento sa paglalakbay ng *education earners* ukol sa kanilang pagkuha ng *board examination* bilang mga kalahok sa pag-aaral. Upang mapagkatiwalaan ang mga resulta ng pananaliksik maaaring ulitin ng mga mananaliksik sa hinaharap ang pag-aaral gamit ang iba't ibang mga site ng pananaliksik.

Bilang pangkalahatan, iminumungkahi na ang pananaliksik sa hinaharap ay higit na tumutok sa pagtatasa ng mga binuong mapagkukunan ng pag-aaral na ginagamit para sa paghahanda at pangangasiwa ng pagsusulit, mga materyales sa pag-aaral, mga diskarte at dulog sa pag-aaral at pamamahala sa oras ay ipinagkatiwala sa mga eksperto mula sa iba't ibang larangan. Higit sa lahat, magandang ideya na isama ang mga opinyon ng *earners* sa pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino sa pagkilatis ng pananaliksik. Ang mga kasalukuyang programa sa pagsusuri ay maaaring mapabuti gamit ang mga impormasyon mula sa mga paparating na pag-aaral na ito.

**Panapos na Pahayag**

Sa pagtaguyod ng pag-aaral na ito ukol sa *education earners* sa pagkuha ng *board examination* partikukar sa paksaing Filipino, maraming mahahalagang aral ang matutunan. Itinatampok ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagkamit ng edukasyon sa tagumpay sa karera na siyang nagpapabuti sa kanilang kasanayan at nagpapalawak ng kanilang kaalaman na nagbibigay sa kanila ng inspirasyon na makapagbahagi sa mga mag-aaral ng isang may kalidad na edukasyon. Bukod pa rito, binibigyang-diin ng pag-aaral ang paggamit ng mga plataporma ng komunikasyon, pagsunod sa mga pormat ng institusyon, at pagkakaroon ng mga manwal na pananaliksik at mga mapagkukunang sa onlayn upang matiyak ang kalidad at pagkakahanay ng gawaing pananaliksik. Ang mga araling ito ay nakatutulong na magbigay ng malalim na pag-unawa sa mga proseso at karanasan ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino din dito ang kahalagahan sa kanilang patuloy na pagpapabuti ng kanilang kasanayan at kaalaman sa buong karera nila bilang isang *education earners.*

Ang pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay isang kanais-nais at nagpapayaman ng mga karanasan ang maibabahagi. Ang pagkakataong suriin ang mga karanasan ng *education earners* sa kanilang pagkuha ng *board examination* partikular sa paksaing Filipino ay nagbigay ng mahalagang mga pananaw. Ang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok at paggalugad sa kanilang mga karanasan, at sa kanilang mga pananaw ay nagpadagdag sa kaalaman sa mga kahirapan at pagiging kumplikado ng proseso ng pagsasagawa ng pag-aaral na ito.

Sa kabila ng mga paghihirap, ang mananaliksik ay nanatiling nakatuon upang ipagpatuloy ang pag-aaral. Nagsagawa ang mananaliksik ng masigasig na trabaho upang mangolekta at mag-analisa ng mga datos, at ipinakita at itinalakay niya ang mga resulta nang may matinding pag-iingat. Nagpakita ito ng kaniyang dedikasyon at katatagan sa pag-ambag sa larangan ng akademiko. Ang mga hamon na nakatagpo sa panahon ng proseso ng pananaliksik ay nagsilbing mga pagkakataon para sa paglago na nagpapatibay sa determinasyon ng mananaliksik na makamit ang mga layunin ng pag-aaral.

Higit sa makabuluhan na natuklasan ng mananaliksik na ang buong akademikong paglalakbay ay isang kasiya-siyang paglalakbay. Ang buong pakikipagsapalaran na ito ay nagbigay rin sa kaniya ng isang mahusay na pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad. Nakatulong ito sa kaniya na palawakin pa ang kaniyang pananaliksik at nakuha niya ang pagkakaroon ng mahabang pasensya, pagpupursige, sipag, katapangan at bukod pa sa iba pang mga bagay.

Sa kabuoan, ang taimtim na diskarte ng mananaliksik at hindi natitinag na dedikasyon ay nagresulta sa isang komprehensibong paggalugad sa mga karanasan sa ng *education earners* sa pagkuha ng *board*

*examination* partikular sa paksaing Filipino. Ang pagkumpleto ng pag-aaral na ito ay hindi lamang nagbibigay ng mahahalagang pananaw sa akademikong pang-iskolar ngunit nagpapakita rin ito ng pangako ng mananaliksik sa mga gawaing pang-iskolar. Nagsisilbi itong testamento sa kanilang katatagan at tinitiyak na ang mga natuklasan ay makakapagbigay-alam sa hinaharap na pananaliksik at mga pagpapabuti ng *education erners* sa pagkuha ng *board examination.*

**TALASANGGUNIAN**


1. Aizawa, I., Rose, H., Thompson, G., & Curle, S. (2020). Beyond the threshold: Exploring English language proficiency, linguistic challenges, and academic language skills of Japanese students in an English medium instruction programme. *Language Teaching Research.*
2. Albite, R. (2019). A Case Study of Topnotchers' Preparations and Contributory Attributes in Passing the Licensure Examination for Teachers. *Southeastern Philippines Journal of Research and Development.*
3. Alonzo, M. (2019). The role of family support in overcoming challenges in board examinations: A focus on Filipino education earners. *Journal of Educational Psychology*.
4. Amanonce, J. T., & Maramag, A. M. (2020). Licensure examination performance and academic achievement of teacher education graduates. *International Journal of Evaluation and Research in Education.*
5. Bandura, A. (2001). Social cognitive theory: An agentic perspective. *Annual review of psychology*, 52(1), 1-26.
6. Bandura, A., & Adams, N. E. (1977). Analysis of self-efficacy theory of behavioral change. *Cognitive therapy and research*.
7. Bautista, R. P., & Lanuza, E. J. (2021). Enhancing self-confidence among future educators: A study on the effectiveness of preparatory programs for board examination in Filipino. *Education Today Journal*, 12(3), 77-92.
8. Baxter, P., & Jack, S. (2008). Qualitative case study methodology: Study design and implementation for novice researchers. The qualitative report, 13(4), 544- 559.
9. Bernhofer, J., & Tonin, M. (2022). The effect of the language of instruction on academic performance.
10. Biesialska, M., Biesialska, K., & Costa-Jussa, M. R. (2020). Continual lifelong learning in natural language processing: A survey.
11. Bloom, B., & Crabtree, B (2006). Making sense of qualitative research: the qualitative research interview. Blackwell Publishing Ltd.
12. Brian, M. (2022). Factors influencing confidence levels among education graduates in preparing for the Philippine Board Examination in Filipino. *Journal of Filipino Educational Research*, 16(2), 45-58.
13. Bricki, N., & Green, J. (2007). A Guide to using qualitative research methodology.
14. Canon, F. (2023). Factors influencing the preparation of education students for licensure examinations. *International Journal of Education and Psychology,* 22(1), 78-95.
15. Colendra, R. C., & Carada, I. G. (2023). Gamification Tools in Teaching Filipino Subject and Reading Comprehension. Epra *International Journal of Multidisciplinary Research* (IJMR), 9(8), 72-80.

16. Colendra, R., Carada, I. (2023). Gamification Tools In Teaching Filipino Subject And Reading Comprehension. EPRA *International Journal of Multidisciplinary Research (*IJMR), 9(8), 72–80.
17. Cresswell JW., & Plano Clark V. L (2011). Designing and conducting mixed-method research. 2nd Sage. Thousand Oaks
18. Creswell, J. (2012). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches (4th ed.).
19. Creswell, J. (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage Publications, Inc.
20. Cruz, R. (2021). Believing in the Divine Plan: How faith helps Filipino education earners in facing board examination challenges. *International Journal of Education Studies,* 10(1), 132-145.
21. De Los Reyes, J. (2019). The challenges faced by education graduates in passing the board examination: *A focus on Filipino subjects. Journal of Philippine Education*, 34(2), 45-67.
22. Dela Cruz, C. (2020). Overcoming self-doubt: Strategies for Filipino education earners in preparing for board examinations. *Philippine Journal of Education, 8(4),* 112-125.
23. Denworth, L. (2019). Debate arises over teaching" growth mindsets" to motivate students. Scientific American Mind, 30(6), 4-7.
24. Du Plessis, A. (2019). Professional support beyond initial teacher education. Teacher education, learning innovation and accountability.
25. Elo, S., & Kyngäs, H. (2014). The qualitative content analysis process. *Journal of advanced nursing*, 62(1), 107-115.
26. Galvez, J. H., & Guerrero, S. Y. (2022). Educational attainment and its influence on career advancement: Insights from recent studies. Educational Research Review, 35(4), 298-310.
27. Gonzales, M. (2021). Perseverance and hard work: Keys to success in board examinations for Filipino education earners. Philippine Educational Review, 12(1), 75-84.
28. Gov, U. (2016). Ethnographic research: Getting input into products and services Available
29. Hitka, M., Štarchoň, P., Lorincová, S., & Caha, Z. (2021). Education As A Key In Career Building. *Journal of Business Economics and Management*, 22(4), 1065–1083.
30. Hugo, C.J (2023). The role of educational background in achieving career success: A review of recent perspectives. *Journal of Educational and Career Development*, 29(1), 77-89.
31. Hunuk, D., & MacPhail, A. (2023). Exploring the co-construction of an action research experience between a teacher educator and pre-service.
32. Kenny, J., Hobbs, L. and Whannell, R., 2020. Designing professional development for teachers teaching out-of-field. Professional development in education, 46(3), 500-515.
33. Khan, A. (2021). The impact of educational attainment on career success: Perspectives from recent graduates. *Journal of Career Development*, 48(2), 122-135.
34. Klapper, L., & Lusardi, A. (2020). Financial literacy and financial resilience: Evidence from around the world. Financial Management, 49(3), 589-614.
35. Kuzilek, J., Zdrahal, Z., Vaclavek, J., Fuglik, V., Skocilas, J., & Wolff, A. (2023). First-Year Engineering Students' Strategies for Taking Exams. *International Journal of Artificial Intelligence in Education*, 33(3), 583-608.
36. Lincoln at Guba (1985). Strategies for enssuring trustworthiness.
37. Lincoln, Y.S., & Guba, E.G. (1985). Naturalistic inquiry. Sage.

38. Macario, C. L. (2022). The impact of study habits on board exam success: Insights from education students. Educational Assessment Journal, 18(2), 112-130.
39. Mack, N., & Woodsong, Cynthia & Macqueen, Kathleen & Guest, Greg & Namey, Emily. (2005). Qualitative research methods: A data collector's field guide.
40. Mahajan, A. (2023). The role of education in a successful career: Exploring the importance of lifelong learning.
41. Marcos, L. P. (2020). Filipino language mastery and its impact on board examination success for education majors. *Asian Journal of Educational Research*, 15(3), 123-140.
42. Mayos, D. H., Sabeling, M. E., Bugtong, R. L., Copas, C. P., Calicdan, M. S. M., & Pusot, A. M. G. (2023). A Comprehensive Review of Literature On Creating Localized Modules Supplementary Resources For Filipino Instruction. Cognizance Journal, 3(11), 401–409.
43. McClelland, D. (2015). Achievement motivation theory. In Organizational Behavior 1, 46-60).
44. Meal, M. R. (2021). Educational attainment and board exam performance: The role of Filipino language proficiency. *Philippine Journal of Linguistics and Education*, 29(1), 89-105.
45. Miles, M. B., & Huberman, A. M. (1994). An Expanded Source Book:Qualitative Data Oaks, CA: Sage Publications, Inc
46. Pascual, V. E. (2023). Self-efficacy and academic performance among Filipino education students: Implications for board exam preparation. *Filipino Journal of Educational Psychology*, 19(1), 33-49.
47. Patton, M. Q. (2002). Qualitative research & evaluation methods (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage Publications, Inc
48. Reid, M., Jessop, D. C., & Miles, E. (2020). Explaining the negative impact of financial concern on undergraduates' academic outcomes: Evidence for stress and belonging as mediators. *Journal of further and higher education*, 44(9), 1157-1187.
49. Reyes, J., & Garcia, A. (2020). Financial Challenges in Board Examination Preparation. *Journal of Education Research*, 15(2), 45-58.
50. Reyes-Chua, E., Andal, F. A., & Alexander, J. P. M. (2019, November 15). Readiness of education students in the Licensure Examination for Teachers (LET).
51. Sedares, M. A., & Calvino, R. T. (2021). Strategies and challenges in board exam preparation among education graduates. *Journal of Educational Research and Practice*, 15(3), 245-259.
52. Seven, M. A. (2020). Motivation in Language Learning and Teaching. African Educational Research Journal, 8, 62-71.
53. Team, Z. (2023). The importance of education for your future career - IN Education Inc.iN Education Inc. Your Journey, Your Impact, Our Future. trustworthiness in qualitative.
54. Tupas, F., Linas-Laguda, M. (2020). "Blended Learning – An Approach in Philippine Basic Education Curriculum in New Normal: *A Review of Current Literature," Universal Journal of Educational Research*, 8(11), 5505 - 5512.
55. Wu, T., Luo, L., Li, Y. F., Pan, S., Vu, T. T., & Haffari, G. (2024). Continual learning for large language models
56. Yin, R. K. (2003). Case study research: Design and methods (3rd Ed.). Thousand Oaks.